

## **Linguwistikong Etnograpiya ng Gaddang**

Linguwistikong Etnograpiya ng Wikang Gaddang

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Gaddang.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito:                   Joey M. Villanueva  
Ma. Rousselle G. Jandoc  
Denny B. Jamil

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino  
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel,  
Malacañan Complex, San Miguel, Lungsod Maynila 1005  
Tel. (632) 8736-2525  
email: [komisjonsawika@gmail.com](mailto:komisjonsawika@gmail.com)

## PAUNANG SALITA

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindí na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúnong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO<sup>1</sup> ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.<sup>2</sup> Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng

---

<sup>1</sup> UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

<sup>2</sup> Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindî káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

### **Sangay ng Salita at Gramatika**

## TALAN NG NILALAMAN

Paunang Salita.....	i
I. Heograpiya.....	1
II. Pagkakakilanlan ng Pangkat .....	8
III. Sitwasyong Pangwika.....	18
IV. Estructura at Sistema ng Pamamahala.....	39
V. Estructura ng Lipunan.....	46
VI. Sistemang Pangkabuhayan.....	62
VII. Relihiyon, Paniniwala, Ritwal, at mga Kagamitan.....	71
VIII. Mga Materyal at 'Di-Materyal na Kagamitan.....	80
IX. Siklo ng Buhay.....	102
X. Partisipasyon sa Pambansang Kultura.....	110
XI. Pangkalahatang Pagtanaw at Tugon ng Pangkat sa kanilang Etnolingwistikong Kalagayan.....	120

## I. Heograpiya

### Topograpiya ng Nueva Vizcaya

Ang Nueva Vizcaya ay sakop ng *Cagayan Valley* at napapalibutan ng mga bundok ng *Caraballo* at *Cordillera*. Ang naturang mga bundok ay makikita sa dulong timog ng lalawigan. Ito ay nakapaikot mula sa kanluran patungo sa silangan at hilagang-silangan na naghahati sa mga lalawigan ng Nueva Vizcaya at Nueva Ecija. Ang bundok Caraballo ay kinikilala bilang “*the backbone of all the mountain ranges in Luzon.*”

Sa dulong kanluran ng lalawigan ay nakatirik naman ang kilalang bundok ng *Sierra Madre* na makikita sa silangan patungo sa hilaga na nagdudugtong sa dagat Pasipiko at Tsanel ng Babuyan. Sa malayong timog nito ay makikita ang lalawigan ng Bikol. Ang mga bundok ay nagsisilbing proteksiyon ng lalawigan mula sa mga mapanirang bagyo.

Sa gitnang bahagi, dumadaloy ang malinis na ilog ng Magat at Cagayan na nagsisilbing hanguan ng karagdagang kita ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pangingsda. Ang pangalang Nueva Vizcaya ay ibinigay ng mga Kastila bilang pag-alala sa isang bulubunduking lalawigan sa España, ang Vizcaya.

Ang orihinal na nanirahan sa Nueva Vizcaya ay ang mga tribu ng Igorot, Ifugao at Aeta. Maliban sa mga ito, kinilala rin ang mga Gaddang at Malaats bilang isa sa mga tribung naunang nanirahan sa lalawigan. Pangangaso, pangingsda, pagtatanim ng palay at patatas ang pangunahing naging hanapbuhay ng mga tribu.

Ang pamamahala ay nása kamay ng mga *capitanes del pueblo* o *gobernadorcillos*. Lahat ng mga gawain ng panlalawigan at pambayang pamahalaan ay nása pagsubaybay ng mga paring misyonaryo. Ang panlalawigang pamamahala ay iginawad noong 1775, kasabay ng pagbibigay-karapatan sa mga lokal na pamahalaan na itinalaga ng Simbahang Katoliko. Gayunman, ang ganitong sistema ng pamahalaan ay naputol sa pagpasok ng Rebolusyong Amerikano sa Pilipinas.

Noong 1996, kinilala ang mga Gaddang na isa sa mga orihinal na “*katutubong minority*” ng Nueva Vizcaya kasama ang mga Bugkalot, Ifugao, Isinai, I’wak at ang mga Kalanguya o Ikalahan. May mga pangkat din ng Gaddang na nakatira sa bayan ng *Paracelis, Mountain Province* na pinaniniwalaang pinanggalingan ng mga Gaddang sa Nueva Vizcaya. Pinatunayan din ito sa pananaliksik na ginawa ni Hirai (2015), na nagsabing ang mga katutubong Gaddang (*tinatawag ding Baliwon*) ang isa sa mga pangunahing pangkat etniko sa *Mountain Province* (Tabtebba Journal, 2006).

Ayon kay Salgado (2002), ang mga katutubong Gaddang ang pinakamalaking grupo na nanahan sa Cagayan noong dumating ang mga Kastila. Batay sa kaniyang

salaysay, maliban sa bayan ng Echague, sa pangkalahatang katimugan at timog-kanlurang Isabela, kabílang ang mga kabundukan ng Abulung at Namamparan tumira ang mga katutubong Gaddang. Namuhay din sila sa lambak ng Ilog Magat sa hilagang Nueva Vizcaya, na ngayon ay ang mga bayan ng Bagabag, Solano at Bayombong.

Ayon sa pag-aaral ni Bautista (1994), nahahati sa dalawang pangkat ang mga Gaddang, ang mga naninirahan sa kapatagan at mga naninirahan sa kabundukan. Ang mga Gaddang na nása kapatagan ay mga katutubong nanirahan sa mga bayan ng Bagabag, Solano at Bayombong. Karamihan sa kanila ay nakapag-asawa ng mga Ibanag, Ilokano at Tagalog. Dahil dito, marami sa kanila ay hindi nakakapagsalita ng wikang Gaddang.


Samantala, ang mga Gaddang na namuhay sa malayong kabundukan sa Lambak ng Cagayan at lalawigang bulubundukin ang nagpanatili ng sarili nilang wika at aydentidad dahil sa pinaniniwalaang hindi sila gaanong nakikipagtalastasan at nakikipagkalakalan sa ibang mga tribu. Subalit noong hulíng bahagi ng ika-19 siglo at unang bahagi ng ika-20 siglo, napasailalim sila sa impluwensiya ng pamahalaan kayâ umunti ang bílang ng mga katutubong nakatira sa kabundukan.

Gayunman, ayon sa pananaliksik ni Toquero (2014), pinaniniwalaan na noon pa mang 1600, ang mga Gaddang ay nababanggit na sa mga kasulatang pangkasaysayan ng Español tungkol sa mga *Indigenous groups* ng Luzon. Idinetalye ni Reverend Miguel Bonet, isang Kastilang misyonaryo, sa kaniyang 1831 na libro ang paninirahan ng mga Gaddanes sa probinsiya ng Nueva Vizcaya at sa Lambak ng Cagayan.

Ang lalawigan ng Nueva Vizcaya ay makikita sa sentrong-hilagang bahagi ng Luzon. Sa hilagang bahagi nito makikita ang lalawigan ng Isabela, samantalang sa hilagang-kanluran nito ay ang lalawigan ng Ifugao at Mountain Province. Sa bahaging hilagang-silangan ay makikita ang lalawigan ng Quirino, sa kanluran ay ang bayan ng Benguet, Mountain Province at ang lalawigan ng Pangasinan at sa timog na bahagi makikita ang mga lalawigan ng Nueva Ecija at Quezon. Kilala ang lalawigan bílang pangunahing pinanggagalingan ng masaganang prutas at gulay sa buong Rehiyon 2.

Ang lalawigan ng Nueva Vizcaya ay binubuo ng labinlimang bayan na may kabuuang lawak ng lupa na 4,378.80 parisukat na kilometro (square kilometers) at may kabuuang populasyon na umaabot sa 410,626 katao (*National Statistics Office, 2015*). Noong Enero 11, 2008, idineklara ng *Bureau of Fisheries and Aquatic Resources* (BFAR) ang Rehiyon ng Lambak ng Cagayan bílang Tilapia (*St. Peter's Fish*) Capital of the Philippines. Ang mga bayan ng Bagabag at Bayombong ang kinilalang pangunahing pinanggagalingan ng mga nabanggit na produktong tilapia.

Makikita sa mapa ng Nueva Vizcaya sa kanan na ang **Bagabag**, **Solano** at **Bayombong** ang pangunahing mga bayan kung saan nakatira ang mga katutubong Gaddang. Ang mga bayan na ito ay malapit sa lalawigan ng Isabela na pinaniniwalaang pinanggalingan ng ibang katutubong Gaddang na narito sa lalawigan ng Nueva Vizcaya. Naikalat sa lalawigan ang ibang mga katutubo gaya ng mga Bugkalot, Isinay, Iwak, Kalahan, Dumagat, at mga taga-Cordillera.



**Figura 1: Ang Mapa ng Nueva Vizcaya**

Ang Nueva Vizcaya ay kabilang sa *Second Class Province* na binubuo ng labinlimang bayan at may 277 bílang ng mga barangay. Bayombong ang kinikilalang kapital na bayan nito. Ito ay may kabuuang lawak ng lupa na umaabot sa 390,387 ektarya. Pagdating sa panahon, naitatala ang panahon ng tag-ulan sa buwan ng Mayo hanggang Oktobre, taglamig sa mga buwan ng Nobyembre hanggang Pebrero ng kasunod na taon, samantalang ang mga buwan ng Marso at Abril ang panahon ng tag-araw.

Sa pinakahuling datos ng *Philippine Statistics Authority*, tinatayang nása humigit kumulang 452,287 ang populasyon ng Nueva Vizcaya noong 2015. Sa limang lalawigan ng Rehiyon 2, ang Nueva Vizcaya ang may pinakamabilis sa pagtaas ng populasyon mula 2010 hanggang 2015 na may naitalang 1.36 bahagdan pagtaas.

Ilokano, Tagalog, English, Ifugao, Kalanguya, Isinai, Bugkalot, Kankanaey, Gaddang at Ibaloi ang mga wikang sinasalita ng mga tao rito. Kayâ masasabing multilingual ang lalawigan dahil sa dayalekto o wikang sinasalita ng mga táong nagkatipon-tipon sa iisang lugar na may magkakaibang wika at kultura.

### **Ang Bayan ng Bagabag**

Ang **Bagabag** ay naitatag noong Oktobre 7, 1741 sa pamamagitan ni Padre Antonio del Campo, isang paring Kastila na gáling ng Sityo ng Nagcumventuan. Isang





Ang Bagabag ay kabílang sa *Second Class Municipality* na may 19 na barangay. May sukat ng lupa na umaabot sa 26,000 ektarya na tinitirhan ng 35,501 katao. Ang mga barangay ng San Geronimo na may populasyon na 1,546, San Pedro na may kabuuang populasyon na 2,171 at Villa Coloma na may kabuuang populasyon na 2,739 katao alinsunod sa datos na ipinalabas ng *National Statistics Office ng 2015* ang naging sentro ng pananaliksik sa bayang ito.


Paggawa ng mga *furniture products, hollow blocks, tilapia industry, pineapple vinegar making, meat processing, agriculture, livestock*, pagtatanim ng palay, mga prutas gaya ng pinya, mangga, rambutan, buko at iba pang punong-prutas ang pangunahing pinagkakakitaan ng mga mamamayan dito.

Ang **Solano** ay itinatag noong 1767 sa pamamagitan ng Unang Kastilang Misyonaryo na si Padre Alejandro Vidal. Ang unang naging pangalan nito ay “**Lungabang**” na ang ibig sabihin sa wikang Gaddang ay **kuweba** (*cave*) na nang lumaon ay tinawag ng mga Kastila na “**Lumabang**.” Sa bisa ng Kautusang Ehekutibo ng 1851, idineklara ng Goberador Heneral Antonio Urbiztondo ang Lumabang bílang baryo ng Bayombong. Ang dahilan ng deklarasyon ay ang kakulangan ng sapat na bílang ng populasyon at buwis na nakokolekta taon-taon para matustusan ang pangangailangan at operasyon ng bayan.

Noong 1860, sa pamamagitan ni Gobernador Heneral Ramon Landeral Solano, iniutos ang pakikipaghiwalay ng Lumabang bílang baryo ng Bayombong para makapagsarili bílang isang bayan. Sa pagsisimula ng operasyon bílang nagsasariling bayan, pinangalanan itong Solano noong 1863 bílang pagbibigay-pugay kay Gobernador Heneral Solano. Noong 1889, ipinagpatuloy ni Padre Juan Villaverde ang pamamahala sa naturang bayan.

Ang Solano ay nása pagitan ng mga bayan ng Bayombong at Bagabag. Makikita sa kanlurang bahagi nito ang lalawigan ng Mountain Province at sa malayong hilaga ang bayan ng Diadi. Ilan sa mga bayan na nakapalibot dito ay ang Quezon, Bagabag at Villaverde. Ito ay itinuturing na isa sa may pinakamalaking populasyon sa lalawigan ng Nueva Vizcaya. Itinuturing din na isa sa pinakamaunlad na bayan pagdating sa komersiyo at kalakal dahil dito dinadala ang mga produktong agrikultura ng mga karatig-bayan ng lalawigan ng Nueva Vizcaya.

Ang unang tumira rito bago dumating ang mga Kastila ay ang mga tribung Ifugao at ang mga katutubong Gaddang. Ang tribung Ifugao ay nanirahan sa hilaga at kanlurang bulubunduking bahagi ng bayan samantalang ang mga katutubong Gaddang naman ay nanirahan sa hilagang-silangan ng ilog Magat na mas kilala ngayon bílang Distrito ng Paniqui.



**Figura 3: Ang Mapa ng Solano**

Ang Solano ay binubuo ng 22 barangay at kinikilala bilang *First Class Municipality* na may kabuuang populasyon na umaabot sa 59,517 katao alinsunod sa ulat ng *Philippine Statistics Office* noong 2015. Ang kabuuang lupang sakop ng bayan ay umaabot sa 13,980 ektarya. Ang mga barangay ng Quirino na may kabuuang populasyon na 6,220 at Roxas na may kabuuang populasyon na 7,954 katao ang naging sentro ng pananaliksik sa bayang ito. Kilala ang naturang bayan bilang sentro ng kalakal. Dito mababanaag ang tunay na mukha ng isang maunlad na bayan kung saan makikita ang mga kilalang kainan, pamilihan, *malls*, simbahan at pasyalan.

### **Ang Bayan ng Bayombong**

Ang **Bayombong** ay kilala bilang pinakakabisera ng lalawigan. Sa hilagang bahagi na may distansiya ng humigit-kumulang tatlong kilometro ay ang bayan ng Solano. Samantalang sa timog na bahagi naman ang bayan ng Bambang. Ang iba pang mga bayan na nakapaikot dito ay ang Kayapa, Ambaguio, Quezon at Kasibu.

Mula nang magbukas ang daan na nagdudugtong sa San Jose City, Nueva Ecija at Sta. Fe, Nueva Vizcaya, ang bayan ng Bayombong ay mabilis na umunlad. Lumago ang mga kalakal at gumanda ang buhay ng mga mamamayan dito. Dumami ang mga pamribadong paaralan na pinatatakbo ng mga parokyang katoliko. Tumaas din ang kita mula sa mga gawaing pang-agrikultura dahil mas mabilis nang naidadala ng mga magsasaka ang kanilang mga produkto sa mga karatig-probinsiya at maging sa Maynila.



## II. PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

### Kasaysayan ng Katutubong Gaddang

Nakilala ng mga Kastila ang mga katutubong Gaddang noong 1600. Kung saan sila nakatira ngayon ay iyon din ang mga dati nilang tirahan noong una silang makilala. Paglipas ng panahon, sila ay napuwersang lumipat sa mga komunidad alinsunod sa kautusan ng mga Kastila na tinawag na *reduction resettlement*. Sila ay naging mga kristiyano sa pamamagitan ng mga paring Dominiko at Augustinian.

Ang mekanismo ng **kolak** (*pakikipagpalitan ng kalakal*) at ang **padon** (*usapang pangkapayapaan*) ang nagturo sa mga katutubong Gaddang sa larangan ng pangangalakal. Sa panahong ito, mahigpit na pinagbawalan ng mga paring Kastila ang mga kristiyanong Gaddang na makipagkaibigan at makipagpalitan ng kalakal sa mga hindi kristiyanong Gaddang para mapanatili ang kaayusan at katahimikan ng kanilang komunidad.

Noong panahon ng mga Amerikano, naging mas magaan ang buhay ng mga katutubong Gaddang. Sa pagnanais nilang maipakilala sa mga katutubong Gaddang ang tunay na halaga ng pagiging kristiyano, kanilang pinag-aralan ang mga pag-uugali ng mga hindi kristiyanong Gaddang. Ipinakilala nila ang mga pag-uugaling Amerikano at tinanggal ang gawaing pamumugot ng ulo. **Mingal** ang tawag sa kinikilalang pinunò ng mga mamumugot ng ulo.

Pagkaraan ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig, nagbago ang buhay ng mga katutubong Gaddang. Tumaas ang antas ng kanilang pamumuhay at nakilala sila sa larangan ng pulitika. Dumami ang kanilang bílang at natuto sila sa pakikipagkalakalan sa mga Ilokano, Cagayano at sa kapwa nila katutubong Gaddang.

### Ang Ekonomiya ng Katutubong Gaddang

**Pagsasaka** at pagtatanim ng gulay ang pangunahing hanapbuhay ng mga katutubong Gaddang noon. Sinisimulan nila ang pagtatanim ng palay sa mga buwan ng Hulyo hanggang Disyembre, isang magandang panahon para sa kanila para magtanim ng palay na tinatawag nilang **abafini**. Samantala, **mamula** naman ang tawag nila sa panahon ng pagtatanim ng ibang halaman maliban sa palay sa mga buwan ng Enero hanggang Hunyo. Ang kanilang inaani ay karaniwang ipinangtatawid sa kanilang araw-araw na pamumuhay.

Ang ilan sa mga halamang kanilang itinatanim ay mais, kamote, patatas, bitsuwelas, luya, bawang, kamatis, saging, gábi, ampalaya, tubó at iba pang maaaring pamalit sa palay. Nagtatanim din sila ng tabako bílang alternatibong mapagkakakitaan. Kanila itong ibinibenta sa palengke upang maibili ang kanilang kakailanganin sa araw-araw.

Maliban sa pagsasaka, sila ay **nagangaso** rin para may mapagkakitaan. Nag-aalaga din sila ng baboy at manok bílang pang-ulam at minsan ay ginagamit sa ritwal ng kanilang mga **anitu**. Ang mga kalabaw, báka at kabayo naman ay ginagamit sa pagsasaka. Gayunman, malimit na nararansan pa rin ng mga katutubong Gaddang ang kakulangan sa

pagkain, kaya ang **pangingisda** ang kanilang madalas na pinagkakakitaan lalo na sa panahon ng tag-ulan.

### **Pagkakakilanlan ng Katutubong Gaddang**

Ang mga Gaddang ay isa sa mga pangkat etniko sa Lambak ng Cagayan na may mayamang kultura at kasaysayan. Sila ay nagmula sa grupo ng mga Malay na ang ibig sabihin ay “*sa gilid ng ilog – along the bank.*” Malaking bílang ng mga katutubong Gaddang ay nakatira sa bayan ng Bayombong, ang kabisera ng lalawigan ng Nueva Vizcaya at sa mga bayan ng Bagabag at Solano, Nueva Vizcaya. Ang iba ay makikita sa hilagang bahagi ng Lambak ng Cagayan. (Journal of Northern Luzon, 1986).

Ang salitáng Gaddang ay hindi lámang tumutukoy sa pangkat etniko kundi ito rin ang tawag sa wikang sinasalita ng mga katutubong Gaddang. Ang salitáng Gaddang ay nangangahulugang balat sa wika ng mga katutubo. Nakasaad sa *Indigenous Peoples Structure* (IPS) ng mga katutubong Gaddang na ang mga salitáng **Gaddanes, Gadang, Gadan** o **Ga’dang** ay nabuo sa pamamagitan ng pinagsamang tunog na **ga** na ang ibig sabihin ay ‘init o apoy’ at ang **dang** na ang ibig sabihin naman ay ‘sunog o nasunog sa apoy.’ Ibig sabihin, ang Gaddang ay may balat na nasunog sa apoy.

Pinaniniwalaang sa nabanggit na pakahulugan ibinatay ang kulay ng balat ng mga katutubo lalo na ang mga sinaunang mamamayang Gaddang na mas kayumanggi o maitim kaysa sa mga ibang pangkat etniko sa lugar. Subalit sa kasalukuyan, hindi na matutukoy ang pagiging Gaddang ng isang tao base lámang sa kaniyang balat sapagkat wala naman na itong pagkakaiba sa balat ng karamihan na mapuputi at kayumanggi.

**Wayi** ang tawag ng mga katutubong Gaddang sa kanilang mga kapatid. Gayunman, malimit ding marinig ang ganitong katawagan sa malalapit na kaibigan ng mga katutubong Gaddang. **Kolak** naman ang madalas itawag ng mga tagalabas sa mga katutubong Gaddang lalo na sa kanilang mga kamag-anak. Kahit sa mga paaralan, ‘wayi’ at ‘kolak’ ang tawag ng mga kabataan sa mga kaklaseng Gaddang. Ito ang malimit na tawag na gingamit ng mga nakatatandang Gaddang sa isa’t isa kapag sila ay nag-uusap at nagkakasalubong sa ibang lugar kahit hindi naman talaga sila totoong magkapatid o magkamag-anak.



Larawan 1. Pakikipanayam sa mga Gaddang ng Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya.



Larawan 2. Pakikipanayam sa mga Gaddang ng Bagabag at Solano, Nueva Vizcaya

### **Lokasyon at Distribusyon ng mga Katutubong Gaddang**

Malaking bulto ng mga katutubong Gaddang sa lalawigan ng Nueva Vizcaya ay matatagpuan sa mga bayan ng Bagabag, Solano at Bayombong. Ang ilan ay matatagpuan sa mga bayan ng Diadi, Villaverde at Quezon. Sa mga barangay ng San Geronimo, San Pedro at Villa Coloma ng Bagabag, Quirino at Roxas ng Solano at Salvacion, Vista Alegre at San Nicolas ng Bayombong, Nueva Vizcaya nakatira ang pinakamalaking bílang ng katutubong Gaddang. Dito sa mga lugar na ito hinango ang mga datos at impormasyon na siyang pinagbatayan ng pag-aaral na ito.

Batay sa *Local Government Unit ng Solano* (2001), ang mga katutubong Gaddang ang siyang unang nanirahan sa bayan ng Solano. Sila rin ay matatagpuan sa mga lugar na malapit sa ilog ng Magat at sa mga bulubunduking bahagi ng Kalinga at Bontoc. Ilokano ang iba pang pangkat etniko na nakatira dito. Sila ay nanggaling sa lalawigan ng Ilocos at La Union (Philippine Almanac 1986:159).



Larawan 3. Mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School Bayombong, Nueva Vizcaya.

Sa kasalukuyan, ang karamihan sa mga katutubong Gaddang ay matatagpuan sa mga probinsiya ng Quirino, Nueva Vizcaya, Isabela, Mt. Province at ilang barangay ng

Kalinga at Apayao. Sa probinsya ng Quirino, karamihan sa kanila ay matatagpuan sa bayan ng Diffun. Sa Nueva Vizcaya, sila ay matatagpuan sa hilagang bahagi, partikular sa mga bayan ng Bagabag, Solano at Bayombong at sa kanlurang pampang ng Ilog Magat.

Sa Mountain Province, sila ay matatagpuan sa paracelis, Partikular sa mga barangay ng Anonat, Poblacion, Buringat, Bantay, Bacari at Bananao. Sa Isabela, sila ay naninirahan sa ilang barangay ng Gamu, Burgos, San Mateo at Tumauni. Ang iba ay matatagpuan sa lungsod ng Santiago at Cauayan at maging sa mga bayan ng Reina Mercedes, Angadanan, at Aurora. Batay sa ulat ng *Provincial Information Technology Division ng Nueva Vizcaya* ukol sa populasyon alinsunod sa etnisidad (*population by ethnicity*) noong 2015, lumalabas na may 10,451 na lámang ang katutubong Gaddang sa naturang lalawigan. Tunghayan ang talahanayan ng populasyon ng Lalawigan ng Nueva Vizcaya batay sa etnisidad na kanilang kinabibilangan.

Makikita sa talahanayan na Ilokano ang nangungunang wikang sinasalita sa lalawigan ng Nueva Vizcaya na may katumbas na bílang na 236,851 mula sa kabuuang populasyon na 397,698 at may katumbas na 59.555 bahagdan. Kasunod ang Kalanguya na may kabuuang bílang ng nagsasalita na umaabot sa 52,848 at may katumbas na bahagdan na 13.288 at ang Ifugao ay may 27,566 katao ang nagsasalita nito na may katumbas na 6.929 bahagdan.

Samantala, ang Gaddang ay nása pang-anim na bílang na may kabuuang nagsasalita na umabot lámang sa 10,451 at may katumbas na 2.628 bahagdan. Higit na mataas ang Tagalog na may kabuuang bílang ng nagsasalita na 21,498 at may katumbas na bahagdan na 5.406. Isang patunay na sa paglipas ng panahon, pababa nang pababa ang bílang ng mga mamamayan ng Nueva Vizcaya na nagsasalita ng wikang Gaddang. Sa nasabing talâ sa itaas, pinatutunayan nito na nauungusan na ng Tagalog ang Gaddang, samantalang Gaddang ang isa sa mga pangunahing dayalekto ng Nueva Vizcaya.

Talahanayan 1. Populasyon ng Nueva Vizcaya ayon sa kanilang etnisidad

<b>Etnisidad (Ethnicity)</b>	<b>Bílang</b>	<b>Bahagdan</b>
Ilokano	236,851	59.555
Kalanguya	52,848	13.288
Ifugao	27,556	6.929
Ibaloi	22,440	5.642
Tagalog	21,498	5.406
<b>Gaddang</b>	<b>10,451</b>	<b>2.628</b>
Kankanaey	8,002	2.012
Isinai	7,810	1.964



Ayangan	5,594	1.407
Bugkalot	4,423	1.112
Others	225	0.057
Total	397,698	100

Maraming dahilan kung bakit paunti nang paunti ang populasyon ng katutubong Gaddang sa kasalukuyan. Ilokano o Tagalog na ang wikang ginagamit ng mga katutubong Gaddang sa kanilang pakikipag-usap sa ibang tao maging sa loob ng kanilang bahay lalo na ang mga kabataan.

Napag-alaman na kayâ Tagalog ang salita nila sa loob ng kanilang mga bahay dahil may mga kasapi ng pamilya na hindi nakakapagsalita at nakakaintindi ng Gaddang. Sila ay Tagalog, Kapampangan at Bicolano na napangasawa ng kanilang mga Gaddang. Dahil sa hindi sila Gaddang, hindi na rin ito itinuro pa sa mga nakababatang kasapi ng pamilya. Bagkus, Tagalog ang kanilang ginagamit sa pag-uusap. Dahil Tagalog naturuan ang kanilang mga anak, Tagalog na rin kung makipag-usap ang mga ito maging sa labas ng kanilang bahay at sa paaralan. Isa din sa mga dahilan ng hindi pagsasalita ng kanilang mga anak ng wikang Gaddang ay bihira na diumano ang mga batang nagsasalita nito. Ibig sabihin, wala na siláng makakausap kapag nakikisalamuha sila sa komunidad. Tanging ang mga may edad o matatanda na lámang ang naririnig na nagsasalita ng wikang Gaddang

Maliban sa mga nabanggit, marami sa mga kabataan ang ayaw magsalita ng wikang Gaddang dahil nahihya siláng makilala ng kanilang mga kaedad na sila ay mga anak ng katutubong Gaddang. Kayâ ang nangyayari, ipinagkakaila nila na sila ay may lahing Gaddang. Ayon sa isang impormante, pinipilit nilang magsalita ng Tagalog ngunit madali rin lang mapansin sa kanilang tono at pananalita na sila ay Gaddang. Dahil sa ganitong kalagayan ng wika, lalong tumitindi ang pangamba ng mga matatanda na maaaring tuluyan nang mawala ang wikang Gaddang kapag hindi maturuan ang kanilang mga anak at apo.

Ang mga kabataang Gaddang na nása edad 14–18 sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya ay hindi rin nakapagsasalita ng wikang Gaddang. Ang mga naturang mga kabataan ay anak ng mga mag-asawang Gaddang na gáling sa Paracelis, Mountain Province at nalipat lamang sa Villa Coloma at dito na naninirahan.

Sa isang artikulo na inilathala ng *National Clearinghouse for Bilingual Education* (2000), binanggit nila na mas pinipili ng ilang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak ng ibang wika at hindi ang wikang kanilang nakagisnan dahil naniniwala sila na makikinabang sila sa paaralan kapag naging mahusay sila lalo na sa wikang English. Dahil dito, maaari siláng mawalan ng pagpapahalaga sa kanilang lokal na wika dahil nakapokus ang kanilang pansin sa pag-aaral at pagkatuto sa ibang wika

Binanggit niya ang limang pangunahing dahilan kung sakaling magiging mahusay ang isang tao sa pangalawang wika at hindi ng kanilang lokal na wika. Una ay personal na

dahilan. Ayaw ng ilang mga batà na makilala sila sa wikang sinasalita ng kanilang mga magulang. Maaari diumano na ikinakahiya nila ang wika ng kanilang mga magulang kayâ mas pinipili nilang huwag na lámang itong pag-aralan. Pangalawa ay ang sosyal na dahilan. Nanainiwala sila na kapag sa lokal na wika matututo ang isang batà, hindi niya makakayang makisalamuha nang mahusay sa mga tao sa lipunan. Pangatlo, intelektuwal na dahilan. Kapag mahusay ang isang tao sa pangalawang wika, mas magiging mahusay siya sa loob ng paaralan. Pang-apat, edukasyunal na dahilan. Ang mga mag-aaral na mahusay sa pangalawang wika ay karaniwang sila ang nangunguna sa klase dahil madali nilang maipahayag ang kanilang ideya sa isang usapin, pasalita man o pasulat. At ang hulí ay ang, ekonimikong dahilan. Magandang oportunidad na makapasok sa trabaho maging sa ibang bansa kapag ang isang tao ay mahusay sa wika ng kalakal at karaniwan itong Tagalog o English. Lumalabas na ang mga nabanggit na dahilan ang mas pinagbabatayan ng ilang mga magulang kung bakit mas pinipili nila na sa ibang wika nila tinuturuan ang kanilang mga anak imbes na sa kanilang lokal na wika.

Bagaman, may mga indibidwal at ilang institusyong nagsusulong na muling maipakilala ang wikang Gaddang sa mga kabataan ngayon, lumalabas na hindi ito sapat para mapahalagahan nila ang wika na hindi nila lubos kilala. Ito ang pinatunayan ng isang guro ng katekismo sa Bayombong na bagaman itinuturo niya ang wikang Gaddang sa panimulang aralin, kinakailangan pa niya itong isalin sa English o Tagalog bago maintindihan ng mga batang kaniyang tinuturuan kung ano ang ibig sabihin ng kaniyang binabanggit sa wikang Gaddang. Ang ganitong sitwasyon ay hindi madali dahil hindi naman lahat ng kaniyang tinuturuan ay anak ng mag-asawang Gaddang.



Larawan 4. Ang panayam sa mga kabataang Gaddang sa Bagabag, Nueva Vizcaya.

Naniniwala ang karamihan sa mga matatandang Gaddang na ang mahinang kalagayan ng wika ay sadyang nakakabahala. Ika nila, darating ang panahon, kung wala nang magsasalita ng wikang Gaddang ay maaari na itong mawala o mamatay.

Ipinapayo nila na hayaan ang mga kabataang Gaddang na makisalamuha at makipaglaro sa kapwa nila kabataang Gaddang para mas madali nilang matutuhan ang wikang Gaddang. Marami na diumanong mga magulang ngayon na mas pinipili nilang turuan ng Tagalog ang kanilang mga anak kaysa sa wikang Gaddang. Kung medyo

nakapag-aral pa ang mga magulang ay sa English nila tinuturuan ang kanilang mga anak kayâ lumalaki sila na hindi lubos na nakapagsasalita at nakakaintindi ng wikang Gaddang.

Ang mga hakbang na nabanggit ay tunay na kaaya-ayang gawain para mapanatili ang wikang nanganganib nang mawala. Ngunit ayon pa rin sa kanila, hindi sapat ang ganitong paraan para maisalba ang wika tungo sa tuluyang pagkalimot ng mga kabataang Gaddang. Hiling nila na sana ay makita ng mga namumuno ng mga paaralan ang pangangailangan na maituro ito sa paaralan upang matutuhan ng mga batà.

May paliwanang hinggil dito ang isang punongguro ng paaralang elementarya na si Gng. Norla S. Valdez ng Bayombong West Elementary School sa San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya. Ayon sa kaniya, hindi ganoon kadali o basta-basta na lámang ituro ang wikang Gaddang sa paaralan sapagkat ang direktiba ng nakatataas ay sa Ilokano ituturo ang unang wika (*Mother-tongue Based Multilingual Education o MTB-MLE*) sa mga mag-aaral ng kinder, at una hanggang ikatlong baitang. Maliwanang na wala sa plano ng *Department of Education* na ipaturo ang naturang wika kabilang na ang iba pang mga wika sa iba't ibang rehiyon na nanganganib na ring mamatay.

Matatandaan na noong Pebrero 17, 2012 ay naglabas ang DepEd ng kautusan na sa pagsisimula ng Taong Pampaaralan 2012-2013, ipatutupad na ang polisiya ukol sa *Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE)* sa lahat ng pampublikong paaralan, partikular sa mga mag-aaral ng kindergarten at una hanggang ikatlong grado bílang bahagi ng katuparan ng *K to 12 Basic Education Program*. Ang MTB-MLE ay isang mahalagang suportang sa paniniwalang “*Every Child-A-Reader and A-Writer by Grade 1.*”

Labindalawang pangunahing mga wika o *Lingua Franca* ang kabílang sa mga wikang pagbabatayan sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Ito ay ang mga sumusunod: Tagalog; Hiligaynon; Kapampangan; Waray; Pangasinense; Tausug; Iloko; Maguindanaoan; Bikol; Maranao; Cebuano at Chavacano. Tagalog ang nagungunang wikang pagbabatayan ng pagpapatupad ng pagtuturo ng MTB-MLE. Kasama rin ang Ilokano at wala ang wikang Gaddang at iba pang lokal na wika sa bansa. Kung gayon, walang pagkakataon na maituro ang wikang Gaddang at iba pang lokal na wika sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas.



Larawan 5. Ang panayam ng mga mananaliksik kay Gng. Norla S. Valdez, Punongguro ng Bayombong West, Elementary School, Bayombong, Nueva Vizcaya.

Idinagdag pa ni Gng. Valdez na bagaman hindi ginagamit ang Gaddang sa pagtuturo ng *mother tongue*, ginagawa naman ng mga guro ang kanilang pinakamahusay nilang magagawa para magkaroon ng panimulang kaalaman ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga awitin na naisalin sa wikang Gaddang. Para patunayan na hindi ganoong kababa ang kabatiran ng mga mag-aaral na Gaddang sa kanilang wika, ipinamalas ng mga guro at mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School ng San Nicolas, Bayombong Nueva Vizcaya kung paanong mahusay na kinanta ang awit ng panalangin at Himno ng Vizcaya sa wikang Gaddang. Isang magandang panimulang hakbangin upang maipakilala at mapahalagahan ng mga batà ang wikang Gaddang.



Larawan 6. Ang mga kabataang Gaddang sa kanilang pag-awit nang buong husay sa isang awit-panalangin at Himno ng Vizcaya sa wikang Gaddang.

### Etnolingwistikong Pangkapaligiran

Sa pag-aaral ni Lambrecht (1929), mga katutubong Gaddang diumano ang mga naunang nanirahan sa mga bayan ng Santiago, Angadanan, Cauayan at Reina Mercedes, Isabela. Sila ang kauna-unahang gumamit ng wikang Gaddang. Sila ay may mahahabang buhok bago nila natutuhan ang pagpapagupit gamit ang matutulis na kutsilyo. Sapagkat sa harap na bahagi lámang ang kanilang ginugupit, patuloy na humahaba ang kanilang buhok hanggang sa kanilang balikat. Ang mga lalaki ay nagsusuot ng **bahague** (*bahag*) at pang-itaas na kasuotan habang ang mga babae naman ay nagsusuot ng **lappod** (*palda*) at **baruasi** bílang pang-itaas na kasuotan at mga palamuti sa katawan.



Larawan 7. Ipinapakita sa mga larawan ang tipikal at lumang kasuotan, ang mahabang buhok at ang palamuti ng mga babaeng Gaddang (Kudos sa may-ari ng mga larawan).

Pagsasaka ang nakasanayan ng mga katutubong Gaddang na uri ng hanapbuhay. Ngunit may pamahiin silang sinusunod sa tuwing sila ay nagtatanim ng palay. Kanila munang hinihingan ng tulong ang kanilang mga anitu sa pamamagitan ng taimtim na panalangin na tinatawag nilang **uali**. Nag-aalay din sila ng hayop at **dekat** ‘kakanin’ para sa paggabay ng kanilang mga anitu sa tuwing sila ay nagtatanim o nag-aani ng kanilang mga pananim.

### **Migrasyon ng mga Katutubong Gaddang**

Bago dumating ang mga Kastila, sinasabing ang mga katutubong Gaddang ang pinakamaraming bílang ng nakatira sa Lambak ng Cagayan. Maliban sa bayan ng Echague, ang buong katimugan at kanlurang bahagi ng Isabela kasama ang Abulung at ang bundok ng Namamparang ay naging tirahan ng mga katutubong Gaddang. Nanirahan din ang mga katutubong Gaddang sa silangang bahagi ng Cordillera partikular sa silangang bahagi ng Ifugao at sa silangang bahagi ng Mountain Province, malapit sa mga ilog ng Mallig at Siffu.

Dahil halos parehas ang wika at kultura ng mga katutubong Gaddang ng Isabela at Nueva Vizcaya, inisip ng mga katutubong Gaddang ng Nueva Vizcaya na sila ay bahagi ng mga katutubong Gaddang ng Isabela at hindi ng katutubong Isinay. Ayon sa isang pahayag, *“When Bayombong was accepted by the Dominicans, it was made dependent of Cauayan (not of Dupax nor of Buhay) because the Ibalibons (Gaddangs) inhabitants of Bayombong were enemies of the Isinay.”*

Dati nang ayaw ng mga katutubong Gaddang na manirahan kasama ang mga Kastila. Sa kasunduan na pinirmahan ng mga katutubong Gaddang ng Nueva Vizcaya at ang pari na si Jose Tomas Marin, O.P. noong Pebrero 15, 1739, tinanggap ng mga katutubong Gaddang ang mga misyonaryo na manirahan sa kanilang teritoryo na may kondisyon na alinman sa mga tropa ng Kastila o ang mga katutubong sundalo ay dapat na manirahan sa kani-kaniyang mga lupa.

Sa ikalabinwalong siglo (*18<sup>th</sup> century*), naging mainit sa mata ng mga kalaban ang mga katutubong Gaddang na humantong sa pagpatay sa mga kristiyano na dumadaan sa Namamparang at bundok ng Abungul. Dahil dito, nagbabala si Padre Malumbres na kung maaari ay iwasan ng mga katutubong Gaddang na dumaan sa mapanganib na Abungul kung saan naroon ang mga barbariko na pumapatay sa mga táong dumadaan na walang kasamang sundalo. Ang pagpatay sa mga katutubong Gaddang sa Namamparang at ang bundok ng Abulung ay alam ng mga paring Dominiko sa Maynila. Kayâ, sila ay nag-alok na gagastusan nila ang grupo ng mga sundalo upang tumulong sa pagpuksa laban sa barbarikong katutubo na pumapatay sa mga katutubong Gaddang.

Naging madugo ang away ng mga katutubong Gaddang at mga barbarikong tribu. Maraming mga gusali ang nasira kabilang ang mga simabahan. Gayunman, naging

matagumpay ang pagtataboy hanggang sa nilisan ng mga kalaban ang lugar. Mula noon, sinakop na ng mga katutubong Gaddang ang timog na bahagi ng Nueva Vizcaya. Dito nagsimula ang pagkakatatag ng mga bayan ng Buhay, Dupax at Bambang. Hanggang sa itatag na rin ang bayan ng Bayombong.

Isa ang bayan ng Bayombong kung saan nagtayo ang mga misyonaryo ng simabahan sa tulong ng mga Isinay ng Dupax. Nang iwan ng mga paring Augustinian ang Bayombong sa mga paring Dominikan noong 1739, sinimulan ang pagtatayo ng mga bahay na umabot sa 250 pamilya. Sinakop ng mga katutubong Gaddang ang Bayombong at iba pang mga bayan sa hilagang Nueva Vizcaya. Nabuksan ang mga daan na nagdudugtong sa lalawigan ng Nueva Vizcaya at Lambak ng Cagayan kaya pinasok ng ibang mga tribu ang buong lalawigan ng Nueva Vizcaya gaya ng Igorot.

### III. SITWASYONG PANGWIKA

#### Maikling Deskripsiyon ng Ortograpiyang Gaddang

**Filipino (Tagalog)** at **English** ang wika ng pagtuturo. Sa ganitong kalagayan, walang pagkakataon para sa mga kabataan na matuto sa wika ng kanilang mga magulang. Maging sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa kanilang mga kaibigan o sinumang nakakasalamuha araw-araw ay Tagalog at may pagkakataon din na English ang kanilang ginagamit, hindi wikang Gaddang. Sa panayam ng mga mananaliksik, inamin nila na mas mahusay silang magsalita gamit ang Ilokano kaysa wikang Gaddang dahil marami sa kanilang mga kaibigan ay sa Ilokano nagsasalita. Ito ang maliwanag na impluwensiya ng edukasyon at kapaligiran.

Ayon kay Virgilio Enriquez, ama ng Sikolohiyang Pilipino, maiintindihan natin nang lubusan ang isang tao sa pamamagitan ng sikolohiya. Layunin ng sikolohiya na maunawaan ang kalagayan ng isang tao batay sa pagsusuri sa kaniyang wika at kultura na tumatalakay sa kaniyang kamalayan, kaalamang nararanasan, pagkilos sa lipunan, ugali o asal at budhi bilang isang indibidwal (Enriquez, 1975).

Hindi maitatatawa na isa sa pinakamahalaga sa mga nabanggit ay ang pag-aaral ng wika lalo na sa ngayon na balot ang mundo sa makabagong teknolohiya at globalisasyon. Ang wika ay ginagamit sa lahat ng larangan, ito ay lubhang kailangan sa pakikipakapwatao upang maipahayag ang kaniyang damdamin, maitala ang kaniyang nakaraan at higit sa lahat, maipaabot ang tamang kahulugan ng kaniyang kaisipan.

Sa panayam sa ilang magulang, binanggit nila na sila ay umaayon sa katotohanang napabayaan nilang turuan ang kanilang mga anak sa wika nilang mag-asawa. Dahil sa kawalan ng interes ng mga anak na matuto sa kanilang wika, hindi na rin nila kailanman ipinakilala ito sa kanilang mga anak. Ito ay isang patunay na maaari din na kapabayaan ng mga magulang o sinumang nakatatanda sa pamilya o sa lipunan na may responsibilidad sa pagtuturo ng wika sa mga kabataan ang isa sa mga dahilan kung bakit kulang sa kaalaman ang mga kabataan sa kanilang katutubong wika.

Hindi nila masyadong binigyang-pansin ang pagtuturo sa mga kabataan sa anumang paraan na nararapat. Sabi nila, bagaman masakit sa loob nila na hindi natuto ang kanilang mga anak sa wika nila ay wala silang magagawa dahil ito ay personal na desisyon ng kanilang mga anak. Gayunman, kung may pagkakataon diumano ay nais pa rin nilang turuan ang kanilang mga anak sa wikang Gaddang para hindi ito mawala sa kanila. Nangangamba diumano sila sa maaaring kahinatnan ng wikang una nilang ginamit sa pakikipag-usap sa kapwa na mawala kung hindi na ito sinasalita ng kanilang mga anak.

Dahil sa nakaligtaan ng ilang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak, kanilang iminumungkahi ang ilang alternatibong paraan para magkaroon ng kaalaman ang kanilang mga anak sa wikang Gaddang. Ilan sa kanilang iminumungkahi ay ang paggamit ng wikang Gaddang sa misa, sa pagdarasal para sa mga patay na kamag-anak at sa tuwing dumadating ang mahal na araw. Isang magandang palatandaan ng kanilang hangarin na mapanatili at maituro sa mga nakababatang henerasyon ang wikang Gaddang.

Sa ibang banda, naniniwala ang ilang mga magulang na malaki ang impluwensiya ng edukasyon sa nararanasang pagbabago ng wikang Gaddang. Karamihan, kundi man lahat sa kanila ay nakapag-aral o nagtapos ng pormal na edukasyon kayâ natuto sila ng ibang wika. Bihasa din silang makipag-usap gamit ang Ilokano, English at Tagalog. Ang kalagayan nila sa lipunan ang nag-udyok sa kanila na talikuran ang kanilang wika.

Karamihan sa kanila ay propesyunal at hindi nila nakikita ang pangangailangan na magamit ang wikang Gaddang sa akademikong komunikasyon. Isa itong patunay na *mainstreamed* o nagbago at patuloy na umuunlad ang mga katutubong Gaddang ng Nueva Vizcaya. Aminado naman ang mga magulang na hindi ito maiiwasan dahil sa hindi mapigilang pagdami ng tao, pag-usbong at paglago ng teknolohiya.



Larawan 8. Ang panayam ng mga mananaliksik sa mga magulang sa Roxas, Solano, Nueva Vizcaya.

Hinggil sa pagtanaw nila sa sariling wika, lumabas sa pag-aaral ni Asuncion (2017) na may iba't ibang pagtanaw sa sariling wika ang mga katutubong Gaddang depende sa lokasyon nila sa Nueva Vizcaya. Halimbawa, ang mga katutubong Gaddang na nakatira sa barangay ng Villa Coloma sa Bagabag ay may mas mataas na pagkilala o pagtanaw sa wikang Gaddang kumpara sa mga katutubong Gaddang ng San Nicolas sa Bayombong. Para sa grupong ito, ang wikang Gaddang ang nagbubuklod sa kanila bilang pamilya at angkan at matindi rin ang hangarin nilang maituro o maipasa ito sa mga nakababatang henerasyon.

Kaugnay nito, nalaman din sa pag-aaral na may pagkakaiba sa pagkilala sa wikang Gaddang ang mga mas nakababatang respondante (*respondent*) sa pag-aaral. Ayon sa resulta, mas pinapaboran ng mga batang henerasyon ang paggamit o pagsasalita sa wikang Tagalog kaysa sa wikang Gaddang dahil ito ang mas nagagamit sa kanilang pag-aaral at sa kanilang pakikisalamuha sa araw-araw.

Tanging mga matatanda o *grandparent age* na lámang ang aktibong gumagamit ng wikang Gaddang. Gayunman, ang pagkatuto nila ng ibang wika ay itinuturing na hindi kalugihan sapagkat ito na ang nadatnan nilang sitwasyon, ang maging *multilingual* para makasabay sa pagbabago ng panahon. Sa ganitong pagkakataon, hindi maiiwasang magnilay sa maaaring kahihinatnan ng anumang wika, kung walang naturuan na magpapatuloy sa paggamit, maliwanag na posibleng mawala nga ito sa hinaharap.

Sa panayam ng mga mananaliksik sa ilang mga kabataan, inamin nila na totoo na hindi na sila nagsasalita ng wikang Gaddang. Bahagya o kung hindi man ay wala na talaga silang alam na kahit na simpleng bokabularyo dahil hindi sila naturuan nito noong sila ay



mga bata pa. Bagkus, Tagalog o Ilokano ang unang wika na ginagamit nila sa pagsisimula nilang makipag-usap sa mga kapamilya at iba pang tao sa komunidad. Dahil dito, naging hindi pamilyar na wika para sa kanila ang wikang Gaddang. Ika ni Burdaux (2018), isang amerikanong antropologo na nagsisimula ang pagkatuto ng batà sa kaniyang tahanan at karaniwang ina o ama ang unang nagiging guro bago matamo ng batà ang pormal na pag-aaral sa paaralan. Sa pahayag na ito ni Burdaux, maliwanang na malaki nga ang pagkukulang ng mga magulang sa kanilang hindi pagtuturo sa kanilang mga anak ng wika na mas maluwa sana nilang ginagamit sa pakikipag-usap sa ibang tao sa kinamulang niyang lipunan o komunidad.

### **Baryasyon sa Wikang Gaddang (*Language Variation*)**

Tulad ng isang tao, ang anumang wika o dayalekto sa buong mundo ay maaaring makaranas ng pagbabago sa bawat paglipas ng panahon. Kung hindi nagbabago ang kayarian, ortograpiya o gramatika, maaaring magbago ang kahulugan ng salita, bigkas at paraan ng pagsulat. Ito ay dulot ng impluwensiya ng iba't ibang salik na nakakaapekto sa pagbabago ng wika. Minsan, nagbabago ang wika depende sa paraan, pananaw at pag-uugali ng táong gumagamit nito (Toquero, 2009).

Bagaman, sinasabi ng mga dalubhasa sa wika na ang pagbabagong nagaganap sa isang wika ay bahagi ng kaniyang pagiging buhay at dinamiko, ito ay maaaring maging dahilan naman ng pagkakaroon ng baryasyon sa wika. Dahil sa baryasyon, ang mga salita, terminolohiya, katawagan, o tono/tunog ay maaaring magkaroon ng pagkakaiba-iba ng kahulugan na posibleng magdulot ng kalituhan at hindi pagkakaintindihan ng mga gumagamit nito.

Ayon kay Nordquist (2017), ang baryasyon sa wika (*linguistic variation*) ay tumutukoy sa pagkakaiba ng paggamit sa wika ng mga rehiyonal, pambansa at internasyunal na antas kasama ang sosyal at kontekstuwal na salik. Ang pagkakaiba sa wika, dayalekto at ang paggamit nito ay tinatawag na *interspeaker* na baryasyon samantalang ang pag-iba ng paraan ng paggamit ng wika o dayalekto ng isang tao ay tinatawag na *intraspeaker* na baryasyon.

Ang pagkakaroon ng baryasyon sa kahulugan at pagkakagamit ay nagsasabi na ang wikang Gaddang ay nakararanas ng tintawag na *interspeaker variation*. Ayon kay Hudson (1996), lahat ng wika sa mundo ay maaaring makaranas ng ganitong kalagayan dahil ang wika ay maaaring magkakaiba sa kahulugan batay sa lokasyon, kalagayang sosyal at sitwasyon ng mga gumagamit nito. Idinagdag pa niya na maging ang paraan ng pagbigkas ay nagkakaiba, sapat para sabihin na may nagyayaring baryasyon sa wika.

Dahil umiiral ang isyu ng baryasyon sa wikang Gaddang (*language variation*), minabuti ng mga mananaliksik na ibalanse ang pagbibigay-kahulugan sa ilang termino na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan. Binigyang-halaga ng pananaliksik na ito ang pakahulugan ng mga katutubong Gaddang sa bulubunduking bahagi (*Highland Gaddang*) at ang mga katutubong Gaddang sa patag na lugar (*Lowland Gaddang*).

Ang grupo ng *Highland Gaddang* ay mga katutubo na gáling sa Paracelis, Mountain Province, nakapangasawa at nakatira sa Bagabag, Nueva Vizcaya. Ang grupo naman ng

*Lowland Gaddang* ay mga katutubo na nakatira at naipanganak sa lalawigan ng Nueva Vizcaya. Ang layunin ng paglikom sa dalawang set ng kahulugan ng mga mahahalagang termino ay upang maikumpara ang kanilang pagkakatulad at pagkakaiba.

Ang unang set ng *wordlist* ay ipinsagot sa mga impormante na may edad 70–90 (*Lowland Gaddang*) sa bayan ng Solano, Nueva Vizcaya at ang pangalawang set ng *wordlist* ay sinusugan ng mga kababaihang Gaddang na may edad 40–60 (*Highland Gaddang*) na gáling sa Paracelis, Mt. Province at nakapangasawa at matagal nang naninirahan sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya. Tunghayan ang mga talahanayan na naglalaman ng ilang piling katawagan sa English at Filipino na tinumbasan sa wikang Gaddang ng mga impormante na kabilang sa *Lowland* at *Highland Gaddang*.

### Talahanayan 2. Mga Piling Katawagan ukol sa Pagbibilang

<b>English</b>	<b>Filipino</b>	<b>Lowland Gaddang</b>	<b>Highland Gaddang</b>
one	isa	tata	tata
two	dalawa	adwa	adwa
three	tatlo	tallu	tallu
four	apat	appat	appat
five	lima	lima	lima
six	anim	annam	annam
seven	pito	pitu	pitu
eight	walo	walu	walu
nine	siyam	asyam	asyam
ten	sampu	tafulo	tafulo
twenty	dalawampu	adwafulu	adwafulu
hundred	sandaan	tatut	tatut
thousand	libo	tarifu	tarifu

Mapapansin sa itaas na talahanayan na walang pinagkaiba ang pakahulugan ng *Highland* at *Lowland Gaddang* pagdating sa pagbibilang. Maging ang bigkas ay parehas lámang.

### Talahanayan 3. Mga Salitáng Pangngalan sa Wikang Gaddang

<b>English</b>	<b>Filipino</b>	<b>Lowland Gaddang</b>	<b>Highland Gaddang</b>
<b>animal (n)</b>	<b>hayop</b>	<b>aggayam</b>	<b>ayam</b>
boil (n. infection)	pigsa	butali/lattag	butali
<b>charcoal (n.)</b>	<b>uling</b>	<b>uwing</b>	<b>baggang</b>
<b>comb (n.)</b>	<b>suklay</b>	<b>tetay</b>	<b>laggud</b>
cough (n.)	ubo	ikag	ikag
debt (n.)	utang	gatut	gatut
dream (n.)	panaginip	tenap	tenap
<b>dust (n.)</b>	<b>alikalok</b>	<b>girafuk</b>	<b>lafuk</b>
earth (soil)	lupa	lubag	lubag

earthquake (n.)	lindol	alunig	alunig
feather (n.)	balahibo	duddot	duddot
fence (n.)	bakod	alasang	alasang
<b>forest</b>	<b>gubat</b>	<b>attung</b>	<b>talon</b>
<b>fire (n.)</b>	<b>sunog</b>	<b>afuy</b>	<b>sikkul</b>
husk (n. of rice)	ipa	sissek	sissek
<b>leaf (n.)</b>	<b>dahon</b>	<b>don</b>	<b>adon</b>
<b>lime (cao)</b>	<b>apog</b>	<b>afog</b>	<b>afug</b>
medicine (n.)	gamot	uro	uro
<b>mountain (n.)</b>	<b>bundok</b>	<b>bakulud</b>	<b>kulud</b>
<b>mortar (n. rice)</b>	<b>lusong</b>	<b>attong</b>	<b>attung</b>
<b>mud (n.)</b>	<b>putik</b>	<b>buyon/basaw</b>	<b>luyak</b>
name (n.)	pangalan	ngan	ngan
<b>pestle (n.)</b>	<b>pambayo</b>	<b>pabbayu</b>	<b>alog</b>
plant (n.)	tanim	mula	mula
poor (n. not rich)	maralita	madyat	madyat
<b>pound (n. rice)</b>	<b>magbayo</b>	<b>alo</b>	<b>mabbayo</b>
rice (n. cooked)	kanin	tudda	tudda
ricefield (n.)	palayan	payaw	payaw
rich (n.)	mayaman	kammaranan	kammaranan
ring (n.)	singsing	sakkalang	sakkalang
road (n.)	daan	dalan	dalan
<b>root (n.)</b>	<b>ugat</b>	<b>gamut</b>	<b>lanut</b>
<b>rope (n.)</b>	<b>lubid</b>	<b>siggut</b>	<b>lufid</b>
<b>sand (n.)</b>	<b>buhangin</b>	<b>dat</b>	<b>adat</b>
seed (n.)	buto	bukal	bukal
<b>shadow (n.)</b>	<b>anino</b>	<b>anino</b>	<b>alano</b>
smoke (n.)	usok	atuk	atuk
stone (n.)	bato	batu	batu
<b>string (n.)</b>	<b>tali</b>	<b>galot</b>	<b>gakad</b>
<b>summit (n.)</b>	<b>tuktok</b>	<b>munsulok/tuttuk</b>	<b>tappat</b>
sweat (n.)	pawis	lingat	lingat
tail (n. animal)	buntot	ifut	ifut
<b>tear (n.)</b>	<b>luha</b>	<b>luwa</b>	<b>aluna</b>
thorn	tinik	asit	asit
<b>trail (n.)</b>	<b>landas</b>	<b>lakaran</b>	<b>dalan</b>
urine (n.)	ihi	ibbu	ibbu
wind (n.)	hangin	leled	leled
wing (n.)	pakpak	payak	payak
wood/tree (n.)	kahoy	kayo	kayo

Makikita sa talahanayan ang magkaibang kahulugan na ibinigay sa mga salitang pangngalan. Naitiman ang magkakaibang kahulugan at hindi naitiman ang mga magkakaparehas na kahulugan. Ang *mortar* (n. rice) – **attong**, *sand* (n.) – **dat**, *answer* (n.) – **tabban**, *mountain* (n.) – **bakulud**, *leaf* – **don**, *lime* - **afog** ang ibinigay na kahulugan ng mga *Lowland Gaddang* samantlang **attung**, **adat**, **tabbag** at **kulud**, **adon**, **afug** naman sa mga *Highland Gaddang*. Isang ponema/pantig lamang ang ipinagkaiba ngunit parehas ang bigkas ng mga salita.

Ang **boil** (n. infection) - **butali/lattag**, para sa mga *Lowland Gaddang* at **butali** lang sa mga *Highland Gaddang*. Mapapansin na parehas ang kanilang ibigay na kahulugan, maliban sa idinagdag ng mga *Lowland Gaddang* na **lattag**. Samantala, ang ibang kahulugan ay hango naman sa wikang Tagalog o Ilokano gaya ng *wood* (n.) - **kayo/kayo** (Ilokano), *road* (n.) - **dalan/dalan** (Ilokano), *stone* (n.) – **bato/bato** (Ilokano/Tagalog), *trail* (n.) – **lakaran/dalan** (Tagalog/Ilokano), *shadow* (n.) – **anino** (Tagalog) at *string* (n.) – **galot** (Ilokano). Ang ganitong pagpapakahulugan ay gumagamit ng **panghihiram** sa ibang wika para matumbasan ang mga salita na sadyang walang kahulugan sa sariling wika/dayalekto.

#### Talahanayan 4. Mga Salitáng Pandiwa sa Wikang Gaddang

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
blow (v.)	hip/hihip	midyub	idjofan
bite (v.)	kagat	kassib	makkat
burn (v.)	sunog/sunugin	taggab	sikkul
buy (v.)	bili/bumili	maggatang	maggatang
call (v.)	tawagin	ayan	ayan
count (v)	magbilang	mabbilang	mabbilang
cut (v.)	hiwa/magputol	iwan	iwan/nakatto
defecate (v.)	dumumi/tumae	makawet	natafa
dig (v.)	hukay/humukay	kokkot/makkorub	korub
dwel (v.)	manahan/tumira	pagyanan	magyan
forget (v.)	makalimot	makalyawan	makalyawan
give (v.)	ibigay	indan	mangadda
hide (v.)	magtago	mattawo	mattawo
hold (v.)	hawakan	iggaman	iggaman
hunt (v.)	mangaso	manganop	manganop
kick (v.)	sipain	ikussag/ikussad	ikussag/ikussad
kill (v.)	patayin	patayan	patayan
know (v.)	kilala	ammuraka	ammuraka
learn (v.)	matutuhan	makkalakamum	
lie (v.)	magsinungaling	masiri	masiri
lose (v.)	nawala	naawan	naawan
pay (v.)	bayad	mapagga	mapagga
play (v.)	maglaro/laruin	makkayam	makkayam

remember (v.)	tandaan	tandamman	tandamman
<b>repeat (v.)</b>	<b>uiltin</b>	<b>angkakuan</b>	<b>ipidwa</b>
<b>return (v.)</b>	<b>uwi</b>	<b>muli</b>	<b>manaw</b>
say (v.)	sabi	isapit	isapit
scratch (v.)	kalmutin	kurakkut/kurakutan	kurakkut/kurakutan
<b>see (v.)</b>	<b>tingnan</b>	<b>itan</b>	<b>itan/imunakkan</b>
sell (v.)	Ibenta/ipagbili	mallako/ilako	mallako/ilako
sing (v.)	umawit	makkanta	makkanta
sleep (v.)	matulog	matturog	matturog
smell (v.)	amoy	dallu	dallu
spit (v.)	dumura	malluppa	malluppa
<b>split (v. wood)</b>	<b>sibak</b>	<b>mabambag</b>	<b>mamalbag</b>
<b>squeeze (v.)</b>	<b>piga/pigain</b>	<b>paggalan</b>	<b>pappattan</b>
stab (v.)	saksak/saksakin	takkufan	
<b>steal (v.)</b>	<b>nakaw/magnanakaw</b>	<b>makokot</b>	<b>mattakaw</b>
<b>suck (v.)</b>	<b>sumuso</b>	<b>massuso</b>	<b>massuso/makannut</b>
<b>tear (n.)</b>	<b>luha</b>	<b>luwa</b>	<b>alwa</b>
<b>tie (v.)</b>	<b>tinali</b>	<b>siggut</b>	<b>igakad</b>
vomit (v.)	nagsuka/suka	muta	muta
<b>wait (v.)</b>	<b>maghintay</b>	<b>mindag</b>	<b>mattaron</b>
wash (v. hands)	hugas/naghugas	bagwan	
wipe (v.)	Pahid/punasan	funatan	funatan
<b>work (v.)</b>	<b>magtrabaho</b>	<b>mattrabaho</b>	<b>mappaggut</b>

Batay sa talahanayan sa itaas, ang mga salitang naitiman ay may magkaibang kahulugan samantalang ang mga hindi naitiman ay may taglay na parehas na kahulugan. Ang salitang  *dwell (v.) – pagyanan* (Ilokano),  *kill (v.) - patayan/patayan* (Tagalog) ay kahulugang hiram sa mga wikang Ilokano o Tagalog.

May mga ilang salita naman na binigyan ng higit sa isang kahulugan ng alinman sa  *Lowland o Highland Gaddang*. Halimbawa, ang  **dig (v.) - kokkot/makkorub** ( *Lowland Gaddang*),  *cut (v. slice meat) – iwan/nakatto* ( *Highland Gaddang*),  *suck (v.) - massuso/makannut* ( *Highland Gaddang*) at  *see (v.) - itan/imunakkan* ( *Highland Gaddang*). Natural ang ganitong sistema ng pagbibigay-kahulugan. Maraming salita ang nagtataglay ng higit sa isang kahulugan ngunit parehas ang ibig sabihin. Samantalang ang mga salitang  *stab (v.) – takkufan* at ang  *learn (v.) - makkalakamum* ay mga kahulugang ibinigay ng  *Lowland Gaddang* samantalang walang naging panumbas ang  *Highland Gaddang* sa mga nabanggit na salita.

Talahanayan 5. Mga Salitáng Pang-uri, Pang-abay at iba pang Bahagi ng Pananalita

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
all	lahat	ammin	ammin
<b>awake (adj.)</b>	<b>gising</b>	<b>gamyá</b>	<b>nafat</b>
<b>bad (not good)</b>	<b>masama</b>	<b>maral</b>	<b>maraggal</b>
<b>beautiful</b>	<b>maganda</b>	<b>makasta</b>	<b>nalawad</b>
big	malaki	dokal	dokal
breathe	hininga	mangat	mangat
cheap	mura	malamak	malamak
difficult	mahirap	madiyat	madiyat
dirty (clothes)	marumi	madakkut	madakkut
dull (knife edge)	mapurol	mangural	mangural
expensive	mahal (na presyo)	mangina	mangina
<b>fragrant</b>	<b>mabango</b>	<b>bango</b>	<b>nabangog</b>
<b>good (adj.)</b>	<b>mabuti/mabait</b>	<b>masimpat</b>	<b>nannakam</b>
hard (not soft)	mstigas	matagga/mataggat	mataggat
heavy	mabigat	madammat	madammat
<b>how (many)</b>	<b>ilan</b>	<b>pigya</b>	<b>pidja</b>
itch	kati	makatal	makatal
light (not heavy)	magaan	malampaw	malampaw
new	bago	bawo	bawo
<b>no</b>	<b>hindi</b>	<b>bakkan</b>	<b>mena</b>
none	wala	awan	awan
old (object)	luma	dadán	dadán
<b>other (different)</b>	<b>iba</b>	<b>korwan</b>	<b>tanakuwan/tamita</b>
sharp (knife)	talas/matalas	mataram	mataram
<b>small (adj.)</b>	<b>maliit</b>	<b>bisang</b>	<b>balabissang</b>
<b>stick (adhere)</b>	<b>dikit/dumikt</b>	<b>pikkat</b>	<b>dikkat</b>
<b>story</b>	<b>kuwento</b>	<b>bida</b>	<b>ayayam</b>
strong	lakas/malakas	tuyag/matuyag	matuyag
weak (adj.)	mahina	makafuy	makafuy
<b>word</b>	<b>salita</b>	<b>sapit</b>	<b>damit</b>
yes	oo	on	on

Makikita sa itaas na talahanayan ang mga salitang naitiman na may magkaibang kahulugan samantalang ang mga hindi naitiman ay may taglay na parehas na kahulugan. Ang mga salitáng *stick* – **pikkat/dikkat** ay nagkaiba lámang sa unang ponema na **p/d** ngunit parehas ang kahulugan samantalang ang *how (many)* – **pigya/pidja** ay dalawang salita na magkaiba ang baybay ngunit halos parehas ang bigkas at kahulugan. Ang *fragrant* – **bango** ay kahulugang ibinigay ng mga *Lowland Gaddang* na hinango sa wikang Tagalog.

Talahanayan 6. Mga Piling Katawagan ukol sa Panahon at mga Bagay sa Kalawakan

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
afternoon	hapon	fuwab	fuwab
<b>cloud (n.)</b>	<b>ulap</b>	<b>dulam</b>	<b>ulap</b>
day (not night)	araw	aw	aw
lightning	kidlat	tallit	tallit
moon	buwan	dakkag	dakkag
<b>morning</b>	<b>umaga</b>	<b>daddaramat</b>	<b>gigibat</b>
night	gabi	gafi	gafi
<b>noon</b>	<b>tanghali</b>	<b>tangnganaw</b>	<b>banganaw</b>
<b>now</b>	<b>ngayon</b>	<b>toye</b>	<b>afug</b>
rain (n.)	ulan	uran	uran
rainbow	bahaghari	bullon	bullon
sky	himpapawid	langit	langit
star (n.)	bituin	bitun	bitun
sun	araw	sinag	sinag
thunder (n.)	kulog	addug	addug
<b>today</b>	<b>ngayon</b>	<b>sitoaw</b>	<b>ingkiin</b>
tommorow	bukas	daramat	daramat
year	taon	dawon	dawun
<b>yesterday</b>	<b>kahapon</b>	<b>singfuab</b>	<b>singafi</b>

Ipinapakita ng talahanayan na ang mga salitáng naitiman ay nagpapakita ng magkaibang kahulugan at ang hindi naitiman ay nagpapakita ng magkatulad na kahulugan. Samantala, ang salitáng *sky* na parehas na tinumbasan ng *Highland* at *Lowland Gaddang* ng **langit** ay hango sa wikang Tagalog. Gayundin ang *cloud* na tinumbasan ng mga *Highland Gaddang* ng **ulap** ay hango din sa wikang Tagalog. Samakatuwid, may mga salita sa wikang Gaddang na hinahango ang kahulugan sa wikang Tagalog.

Talahanayan 7. Mga Piling Katawagan ukol sa Gamit sa Pagtulog, Pananahi at Kasuotan

English	Filipino	Lowland Gaddang	Upland Gaddang
blanket	kumot	ulat	ulat
loincloth	bahag	abag	abag
mat (n.)	banig	afak	afak
needle (n.)	karayom	bilat	bilat
pillow (n.)	uimognan	fungan	fungan
<b>trousers</b>	<b>pantalón</b>	<b>pantalón</b>	<b>salawinit</b>

Halos parehas ang kahulugan ng karamihan sa mga salita, maliban sa *trousers* – **pantalón** para sa *Lowland Gaddang*. Mapapansin na ang salitáng pantalón ay hango sa

wikang Tagalog. Sa puntong ito, **panghihiram** ang naging sandigan para mabigyang-kahulugan ang isang salita at magamit sa pakikipagtalastasan.

Talahanayan 8. Mga Katawagan ukol sa Damdamin at Kilos ng Tao

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
anger	galit	bungot	bungot
ashamed	nahiya	maatal	maatal
climb (v.)	akyat/umakyat	umunik	umunik
cry/weep (v.)	iyak/umiyak	mattangit	mattangit
fall (v.)	hulog	nadannag	nadannag
fear (v.)	matakot	mattalaw	mattalaw
float (v.)	lumutang	lumantaw	
fly (v.)	lumipad	makayab	makayab
<b>fight (n.)</b>	<b>away</b>	<b>mappakua</b>	<b>makwa</b>
laugh (v.)	tawa/tumawa	makkatawa	makkatawa
lonely	malungkot	abag	
<b>pain (n.)</b>	<b>sakit/kirot</b>	<b>mallow</b>	<b>matakit</b>
<b>pull (v.)</b>	<b>hilahin</b>	<b>gongonan</b>	<b>iyaggod</b>
push (v.)	itulak	ituyyad	ituyyad
<b>quick (adv.)</b>	<b>bilis/mabilis</b>	<b>mapalan</b>	<b>kangkaman</b>
<b>run (v.)</b>	<b>takbo</b>	<b>makkarela/makarattod</b>	<b>malayaw</b>
sit (v.)	upo/umupo	mattutod	mattutod
<b>stand (v.)</b>	<b>tayo/tumayo</b>	<b>taddag</b>	<b>mattadeg</b>
<b>throw (v.)</b>	<b>itsa/ihagis</b>	<b>tappol</b>	<b>takkub</b>
<b>turn</b>	<b>paikutin</b>	<b>balekkiran</b>	<b>passilakkan</b>
walk (n.)	lakad/maglakad	mallakad	mallakad

Batay sa talahanayan sa itaas, maraming salita ang may magkakaiba ang kahulugan. Makikita ang mga magkakaibang kahulugan sa mga naitiman na salita. Ang mga salitang hindi naitiman ay nagpapakita ng parehas na kahulugan. Walang kahulugan na ibinigay ang *Highland Gaddang* sa mga salitang *float* at *lonely*. Ibig sabihin na ang wikang Gaddang ay nakararanas ng kakulangan ng panumbas sa ilang salita sa wikang English o Tagalog. Sa panahong walang maipanumbas na angkop na salita, panghihiram ang pinakaposibleng gawin.

Ayon sa mga impormante, sa ganitong pagkakataon na wala silang maipanumbas sa salita, pinananatili na lámang nila ang wikang Ilokano, Tagalog o English. Marami diumanong mga salita sa English o Tagalog na wala silang panumbas sa wikang Gaddang kayâ malimit na sila ay nanghihiram na lámang para magamit sa mas maluwag na pakikipagtalastasan.



Talahanayan 9. Mga Piling Katawagan ukol sa Distansiya, Sukat at Direksiyon

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
<b>deep</b>	<b>lalim/malalim</b>	<b>arollam</b>	<b>naunag</b>
<b>east</b>	<b>silangan</b>	<b>silawan</b>	<b>siltakan</b>
far	malayo	arroyo	arroyo
full	puno	napannu	napannu
large	malaki	dukal	dukal
left (not right)	kaliwa	dawi	dawi
long (adj.)	mahaba	aroddag	aroddag
<b>narrow</b>	<b>makitid/makipot</b>	<b>tallin</b>	<b>ila-ilat</b>
near (adv.)	malapit	aranni	aranni
<b>north</b>	<b>hilaga</b>	<b>dilod</b>	<b>dilaya</b>
right (not left)	kanan	diwanan	diwanan
<b>short (height)</b>	<b>mababa</b>	<b>ibbafa</b>	<b>abbafa</b>
<b>short (length)</b>	<b>maikli</b>	<b>ibbafa</b>	<b>abbafaw</b>
small	maliit	bisak	bisak
<b>south</b>	<b>timog</b>	<b>diraya</b>	<b>dilod</b>
straight	deretso/tuwid	masundog	masundog
under	ilalim	gukab	gukab
<b>west</b>	<b>kanluran</b>	<b>taggapan</b>	<b>talappan</b>
<b>wide</b>	<b>maluwang</b>	<b>mawayang</b>	<b>alalwang</b>

Pansinin ang pagkakaiba ng mga kahulugan ng mga piling salita na ginagamit sa distansiya, sukat at direksiyon. Ang mga salitang naitiman ay nagpapakita ng baryasyon sa kahulugan na ibinigay ng mga grupo ng *Highland at Lowland Gaddang*. Ang mga hindi naitiman ay mga salitang nagtataglay ng parehas na kahulugan. Samantala, ang salitang *short (height) – ibbafa/abbafa; short (length) – ibbafa/abbafaw* ay hindi nalalayo ang kahulugan dahil nagkaiba lámang ng isang ponema, ngunit ang tunog at bigkas ay halos magkaparehas.

Talahanayan 10. Mga Piling Katawagan ukol sa mga Insekto

English	Filipino	Lowland Gaddang	Upland Gaddang
butterfly	paruparo	kulifambang	kulifambang
louse/lice	kuto	kutu	kutu
mosquito	lamok	ilak	ilak
spider	gagamba	kukawa	kukawa
termite (white ant)	anay	anay	anay
<b>worm (earth)</b>	<b>bulate</b>	<b>karalang</b>	<b>ulipat</b>

Makikita sa itaas na talahanayan na halos walang pinagkaiba ang pakahulugan ng *Highland at Lowland Gaddang* pagdating sa katawagan ukol sa mga insekto maliban sa

**worm** na tinumbasan ng mga *Lowland Gaddang* ng **karalang** at **ulipat** naman para sa mga *Highland Gaddang*. Ang *termite* – **anay** ay kahulugan na hiniram sa wikang Tagalog. Sa puntong ito, ang wikang Gaddang ay nanghiram ng kahulugan hindi lámang sa wikang Tagalog kundi maging sa ibang wika/dayalekto.

Talahanayan 11. Mga Piling Katawagan ukol sa Kulay

English	Filipino	Lowland Gaddang	Upland Gaddang
white	puti	furaw	furaw
black	itim	ngisit	ngisit
red	pula	libaga	libaga
yellow	dilaw	dulaw/ngila	dulaw
green	lunti	berde	

Parehas ang kahulugang ibinigay ng dalawang grupo sa ilang piling katawagan ukol sa kulay. Gayunman, mapapansin na ang panumbas na ibinigay ng grupong *Lowland Gaddang* sa *green* ay **berde** na hango sa wikang Español. Samantalang ang mga grupo ng *Highland Gaddang* ay walang panumbas sa salitáng *green*. Samakatuwid, ang wikang Gaddang ay hindi lámang sa wikang Tagalog nanghihiram kundi maging sa wikang Español. Ang mga salitáng walang panumbas sa wikang Gaddang ay posibleng sa wikang banyaga rin humihiram ng panumbas o pinapanatili na lamang ang wikang English.

Talahanayan 12. Mga Piling Katawagan ukol sa Bahagi ng Bahay

English	Filipino	Lowland Gaddang	Upland Gaddang
<b>bathroom (n.)</b>	<b>banyo</b>	<b>batalan</b>	
<b>door (n.)</b>	<b>pintuan</b>	<b>puwerta</b>	<b>lalamwangan</b>
floor (n.)	sahig	dattan	dattan
house (n.)	bahay	balay	balay
<b>kitchen (n.)</b>	<b>kusina</b>	<b>kumidor</b>	<b>dafug</b>
roof (n.)	bubong/atip	atap	atap
space (under house)	silong	gukab	gukab
stair (n.)	hagdan	addan	addan
window (n.)	bintana	sawang	sawang
<b>wall (n.)</b>	<b>dingding</b>	<b>dinding</b>	<b>dinding</b>

Makikita sa talahanayan ang mga salitáng naitiman na may magkaibang kahulugan samantalang ang hindi naitiman naman ay taglay ang parehas na kahulugan. Ang *bathroom* ay may katumbas na **batalan** sa *Lowland Gaddang*, parehas sa wikang Tagalog samantlang walang ibinigay na kahulugan ng mga *Upland Gaddang* sa salitang nabanggit. Ang salitang *wall* – **dinding** na nakaltasan lamang ang unang pantig ng ponemang /g/ subalit halos parehas ang bigkas sa orihinal na salita sa wikang Tagalog na **dingding**. Ang ginamit sa puntong ito ay ang pagkakaltas ng ponema.

Talahanayan 13. Mga Katawagan ukol sa Katawan ng Tubig at iba pa

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
bathe (v.)	maligo	madiyut	madiyut
<b>boil (v.)</b>	<b>kulo</b>	<b>palwag/palwagan</b>	<b>pabburarak</b>
<b>boat</b>	<b>bangka</b>	<b>barangay</b>	<b>abang</b>
<b>dry (in the sun)</b>	<b>ibilad</b>	<b>ibilag</b>	<b>mamiling</b>
dry (not wet)	tuyo	namma	namma
<b>flow (n.)</b>	<b>agos</b>	<b>lifi</b>	<b>bisoruk/ayit</b>
lake	lawa	balanaw	
<b>paddle (n. boat)</b>	<b>pansagwan</b>	<b>tagwan/kalu</b>	<b>takkan</b>
raft	balsa	gakit	gakit
<b>river</b>	<b>ilog</b>	<b>mat</b>	<b>wawwang</b>
sea	dagat	bebay	
swim (v.)	langoy/lumangoy	mattalug	mattalug
water	tubig	danum	danum
<b>waterfalls</b>	<b>talon</b>	<b>barubbub</b>	<b>uto</b>
wet (adj.)	basa	nabata	nabata

Matutunghayan sa itaas na talahanayan na marami ang magkakaibang kahulugan na ibinigay ng *Lowland at Highland Gaddang* sa mga katawagan ukol sa katawan ng tubig at iba pang kaugnay na termino sa tubig. Ang mga salitang naitiman ay nagpapakita ng magkaibang kahulugan samantalang ang mga salitang hindi naitiman ay nagpapakita ng parehas na kahulugan.

Ang salitang **lake** ay hindi nabigyan ng kahulugan ng grupo ng *Highland Gaddang*. Ang *sea* naman ay **bebay** para sa mga *Lowland Gaddang* samantalng walang kahulugang ibinigay ang mga *Highland Gaddang*. Ang **boat - barangay** ay sa wikang Tagalog hiniram at ang *dry (in the sun)* – **ibilag** ay sa wikang Ilokano naman ibinatay ang kahulugang ibinigay ng mga *Lowland Gaddang*. Makikita na **panghihiram** pa rin ang naging sanligan sa pagbibigay-kahulugan ng ilang salita sa wikang Gaddang.

Talahanayan 14. Mga Piling Katawagan ukol sa Bahagi ng Katawan ng Tao

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
<b>ankle</b>	<b>bukongbukonbg</b>	<b>lipat</b>	<b>bungkog</b>
anus	tumbong	unin	unin
arm (body part)	braso	langalay	langalay
belly	tiyan	kuyung	kuyung
<b>blood</b>	<b>dugo</b>	<b>da</b>	<b>daa</b>
bone	buto	tulang	tulang
<b>breast (mammary)</b>	<b>suso</b>	<b>suso</b>	<b>gatat</b>
brain	utak	utak	utak
buttocks	pigi	pempel	
cheek	pisngi	paringil	paringil

chest (body)	dibdib	taggang	taggang
chin	baba	simid	simid
ear	tainga	layag	layag
elbow (n.)	siko	siko	siko
eye (n.)	mata	mata	mata
eyebrow	kilay	kiray	kiray
eyelashes	pilikmata	kimat	kimat
face (n.)	mukha	mutong	mutong
<b>finger (n.)</b>	<b>daliri</b>	<b>tamuro</b>	<b>kuramag</b>
foot (n.)	paa	takki	takki
forehead	noo	kiray	kiray
<b>hair</b>	<b>buhok</b>	<b>buk</b>	<b>abok</b>
hand (n.)	kamay	kamat	kamat
<b>head (n.)</b>	<b>ulo</b>	<b>ulo</b>	<b>ulo</b>
heart	puso	futu	futu
intestines	bituka	sinay	sinay
<b>knee (n.)</b>	<b>tuhod</b>	<b>tud</b>	<b>atud</b>
<b>leg (n.)</b>	<b>hita</b>	<b>pikal</b>	<b>uffo</b>
lip (n.)	labi	bifig	bifig
liver	atay	al	al
<b>lungs</b>	<b>baga</b>	<b>ba</b>	<b>aba</b>
<b>mouth (n.)</b>	<b>bibig</b>	<b>bifig/sangi</b>	<b>wangit</b>
nail (n.)	kuko	kuku	kuku
<b>neck (neck front)</b>	<b>leeg</b>	<b>tangngad</b>	<b>kararong</b>
nose (n.)	ilong	iyong	iyong
palm (hand)	palad	palad	palad
penis	titi	usin	usin
<b>rib (n.)</b>	<b>tadyang</b>	<b>taggang/banuk</b>	<b>siwang</b>
<b>saliva (n.)</b>	<b>laway</b>	<b>luppa</b>	<b>ifag</b>
shoulder (n.)	balikat	afa	afa
skin (n.)	balat	gaddang	gaddang
<b>sole (foot)</b>	<b>talampakan</b>	<b>dapan</b>	<b>dapan</b>
<b>toe (n.)</b>	<b>daliri ng paa</b>	<b>tamuro</b>	<b>kuramang</b>
tooth	ngipin	ngipan	ngipan
tongue (n.)	dila	dila	dila
vagina	puwerta/puki	sila	sila
vein	ugat	kallat	kallat

Matutunghayan sa itaas na talahanayan ang magkakaibang kahulugan ng *Lowland at Highland Gaddang* sa ilang katawagan ukol sa bahagi ng katawan ng tao. Ang mga salitang naitiman ay nagpapakita ng magkaibang kahulugan at ang mga salitang hindi naitiman ay nagpapakita ng parehas na kahulugan. Ang salitang *sole* – **dapan** ay sa wikang

Ilokano, ang *head* – **ulo**; *brain* – **utak**; *tongue* – **dila**; *eye* – **mata**, at *palm* - **palad** ay hango sa wikang Tagalog. Ang *knee* – **tud/atud**; *lungs* – **ba/aba** at *blood* – **da/daa** ay may nadagdag na ponemang **a** sa kahulugang ibinigay ng mga *Highland Gaddang*.

Ang *buttocks* ay **pempel** para sa *Lowland Gaddang*. Habang wala itong kahulugan para sa mga *Highland Gaddang*. Maliwanag na ang wikang Gaddang, gaya ng ibang mga wika at dayalekto ay nakararanas din ng pagkasaid ng panumbas sa ilan nilang salita kayâ humahantong sa **panghihiram** ng kahulugan sa ibang mga wika gaya ng Ilokano at Tagalog. Ito ang isang patunay na nagkakaroon ng baryasyon sa wika dahil sa impluwensiyang sosyal (*social influence*).

### Ang Etnolingguwistikong Pagkakakilanlan ng mga Katutubong Gaddang

Upang alamin ang sitwasyong pangwika ng mga katutubong Gaddang sa Nueva Vizcaya, kinapanayam ng mga mananaliksik ang isandaan at apatnapung impormante (*140 informants*) mula sa mga bayan ng Bagabag, Solano, at Bayombong, Nueva Vizcaya. Inalam ng mga mananaliksik ang ilan sa kanilang pagkakakilanlan (*profile of the informants*) gaya ng tagal ng paninirahan sa lugar, pangkat etnikong kinabibilangan, pangkat etnikong kinabibilangan ng tatay, pangkat etnikong kinabibilangan ng nanay, pangunahing wikang sinasalita, iba pang wikang sinasalita, pinakamataas na edukasyong natapos at hanapbuhay o pinagkakakitaan.

Makikita sa ibabang talahanayan ang bilang ng impormante na nagsilbing kaagapay ng mga mananaliksik sa pagtupad sa mga pangangailangan ng pananaliksik. Sila ang nagbigay ng mga mahahalaga at makatotohanang datos at impormasyon na ginamit na basehan sa talakayan, pagbubuo ng kongklusyon at rekomendasyon. Siyamnapu (90) sa kanila ay babae na may katumbas na 64.29 bahagdan. Limampu (50) ang mga lalaki na may katumbas na 35.71 bahagdan. Limampung anim (56) ang may edad na 60 – pataas at may katumbas na 40.01 bahagdan, 42 (29.99 bahagdan) para sa edad na 40 – 59, 30 (21.43 bahagdan) sa edad na 20 – 39 at 12 (8.57 bahagdan) sa edad na 19 – pababa.

Talahanayan 15. Kasarian ng mga impormante

Kasarian	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kabuuhan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
<b>Babae</b>	39	27.87	27	19.28	17	12.14	7	5.00	90	<b>64.29</b>
<b>Lalaki</b>	17	12.14	15	10.71	13	9.29	5	3.57	50	<b>35.71</b>
<b>Kabuuhan</b>	<b>56</b>	<b>40.01</b>	<b>42</b>	<b>29.99</b>	<b>30</b>	<b>21.43</b>	<b>12</b>	<b>8.57</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Batay sa talâ hinggil sa pinakamataas na edukasyon na natapos ng mga impormante, lumalabas na pinakamataas ang hayskul na antas na may kabuuang 49 (34.99 bahagdan), kasunod ang kolehiyo na may kabuuang 41 (29.29 bahagdan), elementarya na may kabuuang bilang na 25 (17.86 bahagdan), nagtapos ng kolehiyo na may 22 (15.72 bahagdan) at 3 (2.14 bahagdan) para sa mga nagtapos ng bukasyunal na kurso.

Makikita na marami sa kanila ang nagtapos ng kolehiyo at nakarating sa antas kolehiyo. Ibig patunayan ng estadistika na ang mga katutubong Gaddang ay may mataas na pagpapahalaga sa edukasyon. Sa katunayan, marami sa mga nakapanayam ng mga

mananaliksik ay mga retiradong guro at empleyado ng gobyerno habang ang iba ay kasalukuyang may mga posisyon sa pampubliko at pampribadong sangay, nahalal na pinuno ng lokal na pamahalaan at tinatapos ang kanilang kurso sa kolehiyo at hayskul.

Talahaanayan 16. Pinakamataas na edukasyong natapos

	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kabuuhan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
<b>Nagtapos ng Kolehiyo</b>	11	7.86	9	6.43	2	1.43			22	<b>15.72</b>
<b>Bukasyunal na Kurso</b>	2	1.43	1	0.71					3	<b>2.14</b>
<b>Kolehiyo</b>	12	8.57	9	6.43	18	12.86	2	1.43	41	<b>29.29</b>
<b>Hayskul</b>	18	12.86	16	11.42	7	5.00	8	5.71	49	<b>34.99</b>
<b>Elementarya</b>	13	9.29	7	5.00	3	2.14	2	1.43	25	<b>17.86</b>
<b>Kabuuhan</b>	<b>56</b>	<b>40.01</b>	<b>42</b>	<b>29.99</b>	<b>30</b>	<b>21.43</b>	<b>12</b>	<b>8.57</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Sa panayam ng mga mananaliksik sa mga impormante, pinatunayan nila na mataas ang kanilang pagpapahalaga sa edukasyon. Ayon kay G. Santiago Bulan, isang retiradong *Agricultural Engineer*, noon pa man ay mataas na ang pagpapahalaga nila sa edukasyon. BÍlang isang retiradong inhenyero, ginawa diumano niya lahat ang ng kaniyang makakaya kasama ng kaniyang asawa para makapagtapos lahat ang kanilang mga anak ng kursong kanilang nais. Sa ngayon, ika niya ay maayos na ang kalagayan ng kaniyang mga anak sapagkat sila ay mga matagumpay nang propesyunal.

Ang lahat ng binaggit ni G. Bulan ay napatotohanan ng mga mananaliksik sa kanilang panayam sa iba pang mga impormante sa Bagabag at Bayombong. Lahat sila ay nagkakaisa sa pagsasabing mahalaga sa kanila ang edukasyon sapagkat ito ay isang matibay na kasangkapang sa pagharap sa hamon ng buhay.

Ayon sa ulat ng SCMP (1996), mahalaga ang edukasyon para sa mga Pilipino. Naniniwala ang mga magulang sa mabuting dulot ng edukasyon para sa kanilang mga anak. Isang mahalaga at natatanging yaman na maaari nilang maipamana sa kanilang mga anak. Dahil diumano sa mataas na pagpapahalaga ng mga Pilipino sa edukasyon, naging mahusay sila sa wikang English at madali nilang naipapahayag ang kanilang ideya sa anumang paksa na maaaring mapag-usapan. Maliban dito, libre ika nila ang pag-aaral sa Pilipinas, sapat na dahilan para marami sa mga Pilipino ang nakakatapos ng pag-aaral.

Samanatala, sa artikulo ni Bondoc (2017) na pinamagatang “*How Do Filipinos View Education*”, tinalakay niya kung paanong pinapahalagahan ng mga Pilipino ang edukasyon. Malimit diumanong paalalahanan ng mga magulang ang kanilang mga anak hinggil sa kahalagahan ng edukasyon at kung ano ang mabuting maidudulot nito sa kanila lalo na sa kanilang paghahanap ng magandang trabaho sa hinaharap. Nakikita nila ang halaga ng edukasyon para mapaangat ang kanilang sosyal at ekonomikal na kalagayan.

Hinggil sa pangkat etnikong kinabibilangan ng mga impormante, malaking bahagdan ay kabilang sa pangkat etniko na katutubong Gaddang. Isandaan at tatlumpu't isa (131) ang nagsabing sila ay kabilang sa katutubong Gaddang na may katumbas na 93.58

bahagdan. Walo (8 – 5.71 bahagdan) lámang ang nagsabing sila ay kabilang sa pangkat etniko ng Ilokano habang may isang (1 – 0.71 bahagdan) Isinay lámang. Mapapansin na ang mga impormante na may edad 19 – pababa ay umaamin na sila ay kabilang sa pangkat etniko ng katutubong Gaddang, isang magandang patunay na positibo pa rin nilang kinikilala ang kanilang sarili bílang bahagi ng bagong henerasyon ng katutubong Gaddang.

Talahanayan 17. Pangkat etnikong kinabibilangan ng mga impormante

PEK	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kabuan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Gaddang	53	37.87	39	27.85	27	19.29	12	8.57	131	<b>93.58</b>
Ilokano	3	2.14	2	1.43	3	2.14			8	<b>5.71</b>
Isinay			1	0.71					1	<b>0.71</b>
<b>Kabuan</b>	<b>56</b>	<b>40.01</b>	<b>42</b>	<b>29.99</b>	<b>30</b>	<b>21.43</b>	<b>12</b>	<b>8.57</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Makikita sa talahanayan sa ibaba na Gaddang pa rin ang nangungunang pangkat etnikong kinabibilangan ng mga tatay ng mga impormante na umabot sa kabuuang bílang na 88 at may katumbas na 62.858 bahagdan. Kasunod ang Ilokano na may kabuuang bílang na 32 at may katumbas na 22.858 bahagdan. Maaliban sa Gaddang at Ilokano, ilan sa kanila ay nagsabing ang kanilang tatay ay Tagalog, Isinay, Ibanag, Itneg, Bisaya, Ifugao, Bulakeño, Batangueño, Pangasenense at Nigerian. Ang estadistika ay nagpapatunay na may naganap na *intermarriage* sa katutubong Gaddang. Ang *intermarriage* ay ang pakikipag-asawahan sa ibang lahi o tribu. Maliban dito, maaari ding makapangasawa ang isang tao sa labas ng lalawigan o rehiyon at maging sa ibang bansa. Kapag ibang lahi o tribu ang napangasawa ng isang katutubong Gaddang, malaki ang posibilidad na mahahaluan at mababago ang wikang tatangkilikin ng kanilang mga anak.

Talahanayan 8. Pangkat etnikong kinabibilangan ng tatay

PEKT	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kabuan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Gaddang	45	32.144	21	15.000	16	11.429	6	4.286	88	<b>62.858</b>
Ilokano	6	4.287	15	10.714	8	5.714	3	2.143	32	<b>22.858</b>
Tagalog	1	0.714	1	0.714	1	0.714			3	<b>2.143</b>
Isinay	1	0.714	1	0.714					2	<b>1.429</b>
Ibanag					1	0.714			1	<b>0.714</b>
Itneg					1	0.714			1	<b>0.714</b>
Ifugao					1	0.714			1	<b>0.714</b>
Bisaya	1	0.714			1	0.714			2	<b>1.429</b>
Ifugao	1	0.714							1	<b>0.714</b>
Bulakeño					1	0.714	2	1.429	3	<b>2.143</b>
Batangueño	1	0.714	3	2.143					4	<b>2.857</b>
Pangasenense			1	0.714					1	<b>0.714</b>
Nigerian							1	0.714	1	<b>0.714</b>
<b>Kabuan</b>	<b>56</b>	<b>40.01</b>	<b>42</b>	<b>29.99</b>	<b>30</b>	<b>21.43</b>	<b>12</b>	<b>8.57</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Hindi gaya ng mga tatay, ang mga nanay ay nagtamo ng mataas na bahagdan ng pagpapanatili ng kinabibilangang etniko. Umabot sa 105 ang kanilang kabuuang bílang na

may 75.002 bahagdan. Makikita rin sa talahanayan sa ibaba na katutubong Ilokano pa rin ang karamihan sa napangasawa ng mga nanay na umabot ang bílang sa 18 (12.858 bahagdan). Samantala, nagkaroon pa rin ng *intermarriage* ang ilan sa mga nanay sa ibang lahi o tribu gaya ng Tagalog, Isinay, Ifugao, Igorot, Bisaya, Yogad at Pangasenense.

Ayon kay G. Palmerin Labog, hindi daw maiiwasan ng marami sa mga katutubong Gaddang ang makipag-asawahan sa mga katutubong Ilokano dahil karamihan sa mga nakatira sa Nueva Vizcaya ay Ilokano na gáling sa lalawigan ng Isabela at iba pang karatig-lalawigan ng Rehiyon 2. Gayunman, hindi naman daw limitado sa katutubong Ilokano ang posibleng mapapangasawa ng ilang katutubong Gaddang dahil maaari ding gáling sa ibang rehiyon gaya ng kaniyang napangasawa na isang katutubong Ifugao. Maging ang kaniyang mga anak ay sa ibang lahi o tribu din nakapangasawa.

Talahanayan 19. Pangkat etnikong kinabibilangan ng nanay

PEKN	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kaburuan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Gaddang	38	27.144	36	25.714	22	15.714	9	6.430	105	<b>75.002</b>
Ilokano	7	5.001	4	2.857	5	3.571	2	1.429	18	<b>12.858</b>
Tagalog	4	2.857	1	0.714	1	0.714			6	<b>4.285</b>
Isinay	1	0.714			1	0.714			2	<b>1.429</b>
Ifugao							1	0.714	1	<b>0.714</b>
Igorot	1	0.714			1	0.714			2	<b>1.429</b>
Bisaya	1	0.714							1	<b>0.714</b>
Yogad	1	0.714							1	<b>0.714</b>
Pangasenense	3	2.143	1	0.714					4	<b>2.857</b>
<b>Kaburuan</b>	<b>56</b>	<b>40.001</b>	<b>42</b>	<b>29.999</b>	<b>30</b>	<b>21.427</b>	<b>12</b>	<b>8.573</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Kaugnay ng kahulugang nabanggit, niliwanag ni G. Labog na awa ng Diyos diumano ay hindi naman daw nangyari sa kaniya at ng namayapa niyang asawa ang mag-away bagaman magkaiba sila ng pinagmulan. Batay din sa nakikita niya sa kaniyang mga anak at sa kanilang asawa ay hindi rin sila nagkakaroon ng problema sa kabila ng magkaiba nilang kinalakhang kultura at paniniwala. Ang kaniyang mga apo ay maayos namang napalaki sa kabila rin ng magkakaibang kulturang pinagmulan ng kanilang mga magulang.

Ayon kay De Klerk (2001), malaking salik ang *intermarriage* sa pagkawala ng wika ng isang tao. Kapag dalawa o higit pa ang wikang umiiral sa loob ng pamilya, posibleng magtakda ang pamilya ng mga pamantayang pangwika (*language policy in terms of language shift and language maintenance*). Ito ang maaaring magsabi kung ang mga anak ay magiging bilinguwal o hindi at kung alin sa dalawang wika ng kaniyang mga magulang ang kaniyang susundin. Ito ay isang salik na nakikita ng maraming eksperto sa wika na mabigat na dahilan kayâ maraming mga wika ang namamatay.

Samantala, makikita sa ibabang talahanayan na Gaddang ang pangunahing wika na sinsalita ng mga impormante. Ito ay may kabuuang bílang ng nagsasalita na 85 (60.717 bahagdan), sinusundan ng wikang Tagalog na may kabuuang bílang ng nagsasalita na 29 (20.714 bahagdan) at pumapangatlo ang wikang Ilokano na may bílang ng nagsasalita na 22 (15.714 bahagdan). Maliban sa tatlong nangungunang wika, may ilan namang nagsabi



na Tuwali, Yogad, Waray at English ang kanilang pangunahing wika na sinasalita sa kanilang pakikipagtalastasan sa ibang tao sa iba't ibang pagkakataon at lugar.

Talahanayan 20. Pangunahing wika na sinasalita ng mga impormante

PWSI	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kaburuan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Gaddang	46	32.857	27	19.288	12	8.572			85	<b>60.717</b>
Ilokano	3	2.143	5	3.571	10	7.143	4	2.857	22	<b>15.714</b>
Tagalog	4	2.857	10	7.143	8	5.714	7	5.000	29	<b>20.714</b>
Tuwali	1	0.714							1	<b>0.714</b>
Yogad	1	0.714							1	<b>0.714</b>
Waray	1	0.714							1	<b>0.714</b>
English							1	0.714	1	<b>0.714</b>
<b>Kaburuan</b>	<b>56</b>	<b>39.999</b>	<b>42</b>	<b>30.002</b>	<b>30</b>	<b>21.428</b>	<b>12</b>	<b>8.571</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Pagdating sa alternatibong wika na sinasalita ng mga katutubong Gaddang maliban sa kinilala nila na kanilang pangunahing wika, lumalabas na wikang Ilokano ang nangungunang wika na mas gusto nilang gamitin na nagtamo ng 104 (42.277 bahagdan) mula sa kabuuan na 246 na iba pang wika na kanilang sinasalita. Kasunod ang wikang Tagalog na may kabuuang bilang na 68 (27.643 bahagdan), pumapangatlo ang wikang Gaddang na may kabuuang bilang na 39 (15.855 bahagdan), pang-apat ang wikang English na may kabuuang bilang na 26 (10.570 bahagdan). Maliban sa nangungunang apat na wika, may ilan ang nagsabing pamalit nila ang Bisaya, Isinay, Tuwali, Ayangan, Cebuano, Kapampangan at Pangasenense na may 1–2 bilang ng nagsasalita nito. Ito ay ang mga impormante na hindi purong Gaddang. Ibig sabihin, alinman sa kanilang mga magulang ay gáling o gumagamit ng ibang katutubong wika maliban sa Gaddang, Ilokano, Tagalog o English. Dahil sa pagkakahantad sa iba't ibang wika, patuloy na humihina ang paggamit at pagtanggap ng mga kabataan sa wikang Gaddang.

Talahanayan 21. Iba pang wika na sinasalita ng mga impormante

IPWSI	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kaburuan	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Gaddang	9	3.659	17	6.911	13	5.285			39	<b>15.855</b>
Ilokano	47	19.106	34	13.821	16	6.504	7	2.846	104	<b>42.277</b>
Tagalog	27	10.976	18	7.317	18	7.317	5	2.033	68	<b>27.643</b>
English	8	3.252	6	2.440	6	2.440	6	2.440	26	<b>10.570</b>
Bisaya					1	0.410			1	<b>0.410</b>
Isinay	1	0.410							1	<b>0.410</b>
Tuwali	1	0.410							1	<b>0.410</b>
Ayangan	1	0.410							1	<b>0.410</b>
Cebuano	2	0.813							2	<b>0.813</b>
Kapampangan			1	0.410					1	<b>0.410</b>
Pangasenense	1	0.410			1	0.410			2	<b>0.813</b>
<b>Kaburuan</b>	<b>97</b>	<b>39.446</b>	<b>76</b>	<b>30.899</b>	<b>55</b>	<b>22.366</b>	<b>18</b>	<b>7.319</b>	<b>246</b>	<b>100</b>

Samantala, ang mga kumilala sa wikang Gaddang bílang pangalawa nilang wika ay mga impormante na nagsabing hindi Gaddang ang kanilang pangunahing wika. Mapapansin din na hindi kinikilala ng mga impormanteng may edad na 19 pababa ang wikang Gaddang bílang pangunahin o pangalawa man lámang sana nilang wika sa pakikipagtalastasan. Samantalang kung babalikan ang mga naunang datos at impormasyon sa unahan ay kinilala nila ang kanilang mga sarili na sila ay mga katutubong Gaddang at anak ng mag-asawang Gaddang. Ito ang maliwanag na bunga ng tinatawag na *language shift* o *language choice* sa panig ng mga kabataan.

Minsan, nakasalalay ang pagpili ng isang tao sa wika (*language choice*) sa kaniyang pagtanaw sa wika (*language attitude*). Ayon kay Asuncion (2018), nakapagtatakung mataas ang pagtingin ng mga katutubong Gaddang sa kanilang katutubong wika, gayunman, lumalabas na pantay lámang ang ibinibigay nilang pagtingin sa iba pang mga wika na ginagamit sa lalawigan. Kinikilala nila ang wikang Ilokano bílang *lingua franca* ng lalawigan, ang wikang Tagalog bílang batayan ng Pambansang Wika at ang English bílang pangmundong wika (*international language*) at isa sa mga opisyal na wika ng pagtuturo sa konteksto ng sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas. Sa apat na wikang nabanggit, wikang Tagalog ang nangunguna sa lahat samantalang pumapangatlo lámang ang wikang Gaddang.

Ang napatunayan ng pananaliksik na ito ay halos magkatulad sa napatunayan ni Asuncion sa kaniyang pananaliksik. Wikang Ilokano ang nangungunang pinapahalagahan ng mga katutubong Gaddang, pumapangalawa ang wikang Tagalog at pumapangatlo ang wikang Gaddang. Gayunman, may pasubali si Asuncion na nagsasabing, bagaman mataas ang pagtingin ng mga katutubong Gaddang sa kanilang wika, hindi pa rin ito ang kanilang pangunahing wikang ginagamit sa pakikipagtalastasan sa pampubliko man o pam pribadong lugar. Nakikita nila ang kahalagahan ng paggamit ng angkop na wika (*language shift*) depende sa sitwasyon at pagkakataon.

“*When language shift becomes permanent, when the speakers start to abandon their ethnic language in favor of the dominant language, there is a tendency for the ethnic language to become endangered. This situation is seen now in the communities of the Gaddang speakers.*” Sa madaling salita, dahil sa patuloy na paggamit ng mga katutubong Gaddang ng ibang wika sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, napapabayaang nila ang kanilang sariling wika kayâ nanganganib ang wikang Gaddang (Asuncion, 2018).

### **Sitwasyong Pangwika ng Pilipinas**

Ang Pilipinas ay isa sa may pinakamaraming wika at kultura na tinatayang umaabot sa mahigit-kumulang sa 14–17 milyong katutubong mamamayan (*Indigenous Peoples*) na kabilang sa 110 grupong etnolingwistiko. Ang mga grupong ito ay nakakalat at naninirahan sa higit na animnapung lalawigan sa bansa, mula sa mga baybayin hanggang sa kabundukan. Ang mga ito ay pangunahing matatagpuan at naninirahan sa Mindanao (61 bahagdan) at sa Hilagang Luzon kabilang ang *Cordillera Administrative Region* (33 bahagdan) at ang ilang grupo sa Rehiyon ng Visayas (UNDP, 2013).

Ang *Cordillera Administrative Region* (CAR), kabilang ang Rehiyon 2 ng Hilagang Luzon ay nakapagtala ng tatlung bahagdan ng mga katutubong mamamayan na

gumagamit ng mga katutubong wika. Sa kabila nito, maraming pananaliksik ang nagsasabi na nanganganib ang mga wika at dayalekto at nahaharap sa matinding suliranin hinggil sa mabilis na pagbabago at unti-unting pagkawala ng mga wika o wikang ito. Isang nakababahalang senaryo na kung hindi maaagapan ay hahantong sa pagkalibing sa limot ng maraming katutubong wika sa Pilipinas.

Ang bawat rehiyon ay may kani-kaniyang rehiyunal na wika, idagdag pa ang lokal na dayalekto na sinasalita sa bawat lalawigan at mga bayan na kaniyang nasasakupan. Sa talâ ni Nolasco (2008), binanggit niya na umaabot sa halos 170 iba't ibang wika mayroon ang Pilipinas. Batay sa sensus (2000), ang pinakagamiting wika sa Pilipinas ay ang Tagalog (21.5 milyon); Cebuano (18.5 milyon); Ilokano (7.7 milyon); Hiligaynon (6.9 milyon); Bikol (4.5 milyon); Waray (3.1 milyon); Kapampangan ( 2.3 milyon); Pangasinan (1.5 milyon); Kinaraya (1.3 milyon); Tausug (1 milyon); Maranaw (1 milyon) at Magindanao (1 milyon). Sila ang mga itinuturing na *major languages* sa Pilipinas (Bernales, 2019).

Ang Rehiyon 2 ay kilala bílang isa sa mga pangunahing rehiyon na nagsasalita ng wikang Ilokano. Karamihan sa kanila ay gáling sa mga lalawigan ng Ilocos at La Union na nalipat lámang sa lalawigan ng Isabela at sa karatig-lalawigan. Ngunit mapapansin na sa kasalukuyan, hindi na purong Ilokano ang wika sa naturang rehiyon kundi malimit ay sa Tagalog o English na makipag-usap lalo na ang mga kabataan. Tagalog ang karaniwang midyum ng komunikasyon sa paaralan, sa misa sa simbahan, sa pamilihan at iba pang pampublikong lugar.

Sa ulat ni Gonzales (1998), umaabot sa 85.5 bahagdan ang kabuuang populasyon ang may kakayahang magsalita ng Tagalog. Dahil dito, mas pinipili ng mga kabataan na magsalita sa Tagalog kaysa sa kanilang katutubong wika. Dahil diumano sa mas pinipili ng mga kabataan na magsalita sa Tagalog, animo ito ang nagiging *lingua franca* ng rehiyon, gayung kilala ito bílang *Ilokano Speaking Region*. Ito ang dahilan kung bakit marami nang naiuulat na mga wika ang unti-unti nang namamatay dalá ng paunti nang paunti ang nagsasalita nito.

## IV. ESTRUKTURA AT SISTEMA NG PAMAMAHALA

### Sistema ng Pamamahala ng Katutubong Gaddang

Noong unang panahon, ang pamumuno sa mga katutubong Gaddang ay sa pamamagitan ng **mengal**, isang kagalang-galang na pinuno na kilala sa kaniyang katapangan, talino at kakayahang ipagtanggol ang tribu sa anumang pagkakataon. Ang katapangan ay isang mahalagang pangangailangan ng isang pinuno para maprotektahan ang kanilang karapatan. Karaniwang isinasagawa ang **pudon** para sa kanilang usaping-pangkapayapaan at tinatawag na **kolak** naman ang kanilang hakbang ng pakikipagkaibigan sa iba. Ang dalawang sistemang nabanggit ay ginagamit para matamo ang kapayapaan sa pakikisalamuha nila sa ibang mga tribu sa mga karatig-lugar. Noon pa man ay walang sariling batas na ipinatutupad at sinusunod ang mga mamamayang Gaddang. Ang dáting uri ng pamamahala ng mga katutubong Gaddang noon ay naaayon sa panuntunan na inihanda para sa kanilang tribu. Gayunman, sila ay malaya ring nakikipag-alyansa sa mga karatig tribu. Kanilang napanatili ang palitan ng kalakal at usapang pangkapayapaan sa ibang komunidad. Walang maituturing na pangkalahatang pamamahala sapagkat nakasentro ang paggabay sa mga mamamayan sa loob mismo ng kani-kanilang pamilya.

Sa panayam na isinagawa sa tatlong *Council of Elders* ng Solano, kanilang pinatotohanan ang nabanggit sa unahan. Ang mga mamamayang Gaddang ay sadyang magalang na nagpapasakop sa lokal na pamahalaan kung saan sila kabilang. Ang pamamahala at pagpapasakop ay ayon na rin sa itinatadhana ng batas ng Pilipinas. Sa katunayan, ilan sa mga mamamayang Gaddang ang nahalal na rin at nabigyan ng katungkulan sa lalawigan, sa mga bayan at sa mga barangay kung saan sila nakatira.

Bagaman, nabuo ang *Gaddang Indigenous Peoples Organization of Nueva Vizcaya, Inc.* (NVGIPO), hindi nangangahulugan na sakop na nito ang hiwalay na pamamahala sa mga mamamayang Gaddang. Ang naturang samahán ay siya lámang gumagabay sa mga natatanging gawain at palatuntunang isinasagawa ng mga mamamayang Gaddang para mapanatiling buhay ang tribu ng Gaddang, lalo na sa mga bagong henerasyon. Ang konsepto ng pagbubuo sa samahán ay nangyari noong May 21, 2012 pagkatapos ng IP Watwat Festival alinsunod sa pagdiriwang ng 2012 *Annual Ammungan Festival* ng Lalawigan ng Nueva Vizcaya. Ang NVGIPO ay unang pinamunuan ng namayapa na si Dr. Leopoldo Felix G. Saquing na nahalal sa naganap na Unang Rehiyon 2 Gaddang Congress noong 2009. Nabuo ang NVGIPO bílang pagsunod sa itinatadhana ng batas ukol sa mga ICC na binibigyang-kapangyarihan ang mga katutubo sa Pilipinas nang mapalakas ang kanilang ekonomiya, sosyal at kultural na pagkakakilanlan (Sec. 39, IPRA). **Afu-afu** ang tawag sa pinkapinuno ng samahán. Siya ang pangunahing tagapamahala sa lahat ng aktibidad ng samahan. Mataas ang respeto ng mga kasapi sa kaniya dahil naniniwala sila sa kaniyang kakayahang patakbuhan ang samahán.



Larawan 9. Ang púlong ng mga mananaliksik, mga pinuno ng NVGIPO at Pangulo ng NVSU, Dr. Anders Z. Taguiam at kinatawan ng mga NCIP sa Lalawigan ng Nueva Vizcaya.

Makikita sa itaas na mga larawan ang mga mananaliksik, mga Pinuno ng Komunidad ng Gaddang (*Council of Elders*) na pinamumunuan ni G. Jose B. Tamani at ang Pangulo ng Nueva Vizcaya State University, Dr. Andres Z. Taguiam sa naganap na *Pre-IKSP at Consultation Meeting* sa mga Katutubong Gaddang.

### **Proseso sa Pagpipili ng Pinuno ng Pamunuan**

Lahat ng mga pinunò ay inihahalal ng mga kasapi ng samahan. Ang Pangulo at Pangalawang Pangulo ay itatadhana bílang miyembro ng konseho ng barangay at munisipal na antas at tatawaging *Council of Elders (Afuyug)*.

Para maging karapat-dapat na mahalal o mamuno sa anumang posisyon na makikita sa itaas, kinakailangan na ang kandidato ay:

1. Ipinanganak ng pamilyang Gaddang o may dugong Gaddang;
2. Kilala bílang táong mapagkakatiwalaan, masipag at aktibong pinunò/miyembro. Ang liham ng aplikasyon gámit ang pormang ibibigay ng pamunuan ay dapat na maisumite ng sinumang nagnanais mamuno sa pamunuan;
3. Isang matapat na pinunò/miyembro;
4. Masipag, marunong makisama, at mahusay sumunod ng kautusan;
5. May kakayahang magsulat at magbasá;
6. May nalalaman sa mga panununtunan ng IPRA;
7. Tagapagsulong ng kapayapaan, maunawain at may takot sa Diyos;
8. Rehistradong bumoto sa barangay at sa bayan kung saan siya nakatira;
9. Handang maglaan ng oras para magsilbi;
10. Residente ng barangay o bayan nang hindi bababa ng limang taon mula sa araw ng pagpapapasa ng kandidatura.

Bílang pangkalahatang panuntunan, kinakailangang hindi bababa sa pitong pamantayan ang dapat na magawa ng kandidato. Mandatoryo ang mga bílang na 1, 2, 8 at 10. Ang pagtakbo sa anumang posisyon ay bukás sa lahat ng nagnanais maging pinunò at walang probisyon na nagsasabi ng ispisipikong kasarian bílang mahalagang pangangailangan para kumandidato.

Ang proseso ng pagpipili ng pinuno ay sa pamamagitan ng sekretong pagboto gámit ang opisyal na porma na inihanda ng pamunuan. Ang pagpipili ay isasagawa kasama ang awtorisadong kawani ng *National Commission for Indigenous Peoples* (NCIP) upang patunayan ang kawastuan ng isasagawang pagpipili at dokumentasyon.

Kinakailangang may *simple majority* ng kalipikadong bumoto ang presente sa halalan na siyang bubuo sa tinatawag na *quorum*. Ibabatay ng Komite ng Halalan sa listahan ng mga presenting kasapi ang pagdedeklara ng *quorum*.

Ang sinumang mahahalal na pinunò ay manunungkulan sa loob ng tatlong taóng termino, maliban sa posisyon ng *Council of Elders* (CoEs) na panghabambuhay na kasapi. Maaaring manungkulan ang sinuman ng tatlong sunod-sunod na termino. Samantala, ang itatadhanang Elderly/Leader ng Komite ng Halalan ay agad na mamumuno pagkaraang manumpa sa harap ng isang awtorisadong opisyal.

Ang mga nahalal na pinunò ay may tatlong pangunahing gampanin o kapangyarihan alinsunod sa naiatang sa kaniyang katungkulan:

1. Tagagawa ng batas/kautusan (Rule Making/Quasi-Legislative)
2. Tagapagbigay ng desisyon kung may hidwaan (Adjudiciary/Quasi-Judicial)
3. Tagapamahala/Tagapamuno (Administrative/Executive)

### **Paraan ng Paglutas sa Hidwaan**

Ang paglutas ng hidwaan ay pinamamahalaan ng pinakamatandang lalaking Gaddang sa komunidad na tinatawag na **kalalakayan**. Ang kalalakayan kasama ang iba pang **kalakayan** (ibang mga matatandang lalaki sa pamayanan) ay mag-uusap ukol sa hidwaan. Papag-aralang mabuti at sa huli ay magbibigay ang kalalakayan ng kaniyang desisyon, ang salita niya ang siyang magiging batas.

Namimili ang mga katutubo ng kanilang pinunò mula sa kanilang grupo. Ang mga may kakayahang mamuno lámang ang ikukunsiderang pagpipilian. Kailangang may taglay na talino, pantay sa pagbibigay ng desisyon at may kakayahang makisalamuha sa kaniyang nasasakupan. Ang **kababakatan** (ang pinakamatandang babae) at ang **kabakatan** (iba pang matatandang babae) ay hindi isinasali sa paglutas ng hidwaan.

Inaayos ang hidwaan sa pamamagitan ng paghaharap ng dalawang grupo o indibidwal na may hidwaan na pinamamahalaan ng kalalakayan. Maaari ring dumalo sa pagsasaayos ng hidwaan ang Kapitan ng Barangay kung siya ay katutubong Gaddang. Ngunit mas maraming pagkakataon na inaayos na lámang ang hindi pagkakaunawaan kahit hindi na isali ang kapitan ng barangay.

Bahagi ng proseso ng pagsasaayos ng anumang hindi pagkakaunawaan ay ang unang púlong na pamumunuan ng kalalakayan kasama ang mga kalakayan. Sakaling sa unang púlong ay walang naresolba, tatawag muli ang kalalakayan ng pangalawang púlong hanggang pangatlong púlong. Kapag hindi pa rin mabigyan ng solusyon ang hidwaan, dadalhin ang usapin sa kapitan ng barangay.

Ang hidwaan sa pagitan ng katutubong Gaddang at hindi katutubong Gaddang ay aayusin alinsunod sa polisiyang sinusunod ng barangay sa pamamagitan ng pamamahala ng kapitan ng barangay at ng kaniyang mga kagawad.

Sa ngayon, kung sakaling may hidwaan na namamagitan sa mga mamamayang Gaddang, maaaring sundin ang panuntunan ayon sa talâ ng NVGIPO na ganito ang sinasabi:

Sa pagkakataong may hidwaang namamagitan sa sinumang mga kasapi ng samahán sa anumang kadahilanan ay aayusin sa pamamagitan ng mga sumusunod na moda ng resolusyon:

1. Ang hidwaan ay inaayos alinsunod sa nakasanayang proseso ng pagsasayos;
2. Kung sakaling hindi na umiiral ang nakasanayang paraan ng pagsasayos ng hidwaan, ang kaso ay ililipat sa barangay at pangangasiwan ng **afuyug** (*Council of Elders*) na nakakasakop sa kanila;
3. Sakaling ang dalawang partido ay nanggaling sa magkaibang IPOs, kinakailangan ng dalawang kasapi ng *Council of Elders* sa bawat partido para ayusin ang hidwaan;
4. Sa natatanging pagkakataon, ang hidwaan na dinala sa *Council of Elders*, ang Pangulong nakakasakop ay kinakailangang sumulat gámit ang porma galing sa pamunuan.

Ang hidwaan na maaaring magbunga ng matinding epekto sa mga karapatan ng komunidad ng Katutubong Gaddang ay aayusin alinsunod sa batas na itinatadhana ng IPRA at iba pang batas at kautusan na inihanda ng NCIP.

Kung hindi pa rin talagang kakayananing isaayos ang hidwaan sa antas ng barangay, ang sinumang partido na inaakalang agrabyado ay maaaring hilingin ang nakakasakop na *Council of Elder* na dalhin ang kaso sa antas ng pambayang *Council of Elder* para sa nararapat na resolusyon gámit ang porma na inihanda ng pamunuan. Ang parehas na proseso ay gagawin sakaling hindi pa rin mabigyang-solusyon ang hidwaan sa pambayang antas at iaangat sa panlalawigang antas. Lahat ng kakailanganing dokumento ay isusumite sa loob ng limang taon.

### **Ang mga Pinuno ng Organisasyon**

Ang anumang samahan o grupo ay may mga pinunò na siyang namamahala sa lahat ng gawain o aktibidad ng organisasyon. Nása mga kamay ng mga mahuhusay na pinunò kung mabibigo o magtatagumpay ang isang organisasyon. Sa kanila umaasa ang mga kasapi na magalang na tumatalima sa kanilang utos. Ang mahinang pamumuno ay nagdudulot ng mabuwat at ang matatag na pamumuno ay nagbunga ng malakas at matagumpay na organisasyon. Malaki ang responsibilidad na nakaatang sa kanilang balikat na dapat nilang magampanan nang mahusay alang-alang sa ikabubuti ng bawat kasapi at ng buong samahán. Marapat kung gayon na makapamilya ang mga kasapi ng pinakamahuhusay na mamamahala para hindi malagay sa alanganin ang organisasyon.

Ang mga sumusunod ay katawagan at mga nahalal na pinunò ng organisasyon. Maliban sa kanila, may mga iba pang opisyal gaya ng pangulo ng katutubo sa bawat bayan at ang **Afuyug** (*Council of Elders*), **Aggamfu-amful** (*Provincial Council of Elders*):

Talahanayan 22. Mga Katawagan at Opisyal ng NVGIPO

Wikang Gaddang	Wikang English	Panlalawigang Pinuno
<b>Afu-afu</b>	President	Jose B. Tamani
<b>Mekaadwa Afu-afu</b>	Vice President	Marylinda C. Ramos
<b>Gumatturak</b>	Secretary	Violeta L. Dangan
<b>Gummaimfun</b>	Treasurer	Caesar B. Macababbad
<b>Tagalangngad Si Pakkukwa</b>	Auditor	
<b>Gumabbandu</b>	Information Officer	
<b>Gumappasingkal Si Pammakapyan</b>	Business Manager	

Ang **Afu-afu** ay siyang mangunguna sa pagpapatupad ng misyon, bisyon, layunin ng IPO, kabilang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- a. Para mangasiwa at magpatupad ng mga batas, polisiya, panuntunan, programa, proyekto at gawain na masusing pinlano/ipinatupad ng **afuyug** sa anumang oras;
- b. Para magtalaga ng mga pinuno alinsunod sa panuntunan na inihanda ng afuyug;
- c. Para makipagkasundo at pumirma ng kontrata sa ibang mga samahán/organisasyon sa pagpapatnugot ng afuyug;
- d. Para ipaalam sa mga kasapi ng IPO ang kalagayan ng mga gawain at pamamahala sa taunang pagtitipon at púlóng.

Ang **Mekaadwa Afu-afu** ay kaagapay ng afu-afu. Siya ay inaasahang:

- a. Para irepresenta sa mga púlóng o anumang pagtitipon ang afu-afu;
- b. Para tumayo bílang pansamantalang afu-afu (*Officer-in-Charge*) habang ang afu-afu ay nakaliban;
- c. Para tumayo bílang ulo ng pagpupulong (*Presiding Officer*) sa kani-kanyang Council of Elders (afuyug);
- d. Para isakatapuran ang iba pang tungkulin na maaaring ipagawa ng afu-afu sa anumang oras.



Ang **Gumatturak**ang naatasang magtago ng mga rekord at iba pang mahahalagang dokumento ng organisasyon. Siya rin ang tagapagtala ng mga minuto at iba pang kaganapan kapag may púlong ang organisasyon.

Ang **Gummaimfun** ay inihalal para mangalaga at magtago sa pera at anumang pag-aari ng organisasyon alinsunod sa mga tuntunin na inihanda ng afuyug.

Ang **Tagalangngad Si Pakkukwa** ay inihalal para magtago at magpatunay na ang lahat ng transaksiyon may kinalaman sa mga pera at gastusin ng organisasyon ay totoo at naaayon sa panuntunang inihanda ng organisasyon.

Ang **Gumabbandu** ay inihalal para mamahala sa pagbibigay-anunsiyo kung kailan ang púlong at iba pang gawain at programa ng organisasyon. Siya din ang kukuha ng listahan ng dumadalo (*attendance*) tuwing may púlong o aktibidad ang mga katutubo.

Ang **Gumappasingkal Si Pammakapyan**. Ang dalawang nahalal na gumappasingkal si pammakapyan ay siyang mamamahala sa pamimili at pagtatago ng mga suplay at mga kagamitan na kakailanganin ng mga opisyal at mga kasapi lalo na kapag may púlong o anumang gawain ng organisasyon.

Ang **Panglakayan**. May dalawang panglakayan na inihalal ng mga afuyug. Karaniwang sila ang pinakamatanda sa grupo at may malawak na karanasan at kaalaman ukol sa katutubong Gaddang. Maaaring kumuha ang mga afuyug ng iba pang mga panglakayan mula sa ibang barangay na sakop ng anumang bayan ng Nueva Vizcaya. Kinakailangan na siya ay kasapi ng katutubong Gaddang. Tatlo mula sa mga panglakayan ay irerekomenda ng mga afuyug sa NCIP para sa kanilang akreditasyon para mabigyan ng *Certificate of Tribal Membership (CTM)*.

Mga **Kinatawan ng mga Kababaihan at Kabataan**. Ang mga kinatawan ay itatalaga ng mga afuyug. Ang mga pipiliin ay mga tunay na katutubong Gaddang na magsisilbing kinatawan ng mga kababaihan at kabataan sa organisasyon.

### **Estruktura at Sistema ng Pamamahala sa Barangay**

Ang *Nueva Vizcaya Gaddang Indigenous Peoples Organization, Inc. (NVGIPO)* ay isang lehtimong organisasyon na nagpapatupad ng mga makabuluhang gawain o aktibidad para maiangat ang kalagayan ng katutubong Gaddang. Ito ay nagsisilbing kaakibat ng lokal na pamahalaan sa pagpapalano at paghubog sa mga natatanging talino at kakayahan ng mga katutubong Gaddang para maging kapaki-pakinabang na mamamayan.

Sila ay magalang at mapagpakumbabang nagpapasakop sa atas ng pambansang pamamahala na ibinababa sa antas ng barangay. Sa panayam ng mga mananaliksik sa mga *Council of Elders* ng katutubong Gaddang, napag-alaman na walang hiwalay na batas na sinusunod ang kanilang tribu dahil sila ay nakatira sa mga lugar na sakop ng pamahalaan ng Pilipinas. Sila ay mapagpakumbabang nagpapasakop sa atas ng pamahalaan, kumikilos bílang mga matutuwid at magagalang na mamamayan.



Larawan 10. Ang Bahay Pamahalaan ng Roxas, Solano at ang tipikal na baryo *setting* sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya

Sa katunayan, ika nila na marami sa kanila ang aktibong nakikisali sa mga aktibidad at gawain ng lokal na pamahalaan. Marami rin sa kanilang mga kasamahan ang nahalal bílang pinuno ng lalawigan, bayan at barangay. Ang ilan ay naatasan na empleyado ng lokal na pamahalaan dahil marami sa kanila ang nakapagtapos sa pag-aaral. Ang ilan sa kanila ay mga retiradong opisyal o empleyado ng pamahalaan. Dahil dito, masasabing hindi matatawaran ang ambag pampulitika at panlipunan ng mga katutubong Gaddang.

## V. ESTRUKTURA NG LIPUNAN

### Ang Pamilyang Gaddang

Gaya ng ibang katutubo, kinikilala ng mga katutubong Gaddang ang pamilya bílang isang mahalagang institusyon sa lipunan. Karaniwan itong binubuo ng ama, ina at mga anak. Minsan pa, kapisan ang mga lolo, lola, mga apo at iba pang malalapit na kamag-anak. Mataas ang paggalang nila sa isa't isa at lagi nilang iniisip ang kapakanan ng bawat kasapi ng pamilya. Ganito ang tipikal na estruktura ng pamilyang Gaddang na noon pa man ay sinusunod ng mga nakatatandang Gaddang. Ama ang nagdedesiyon sa loob ng pamilya at umaalalay lámang ang ina hinggil sa kung anong mabuti para sa pamilya. Karaniwang nakikipisan ang bunsong anak kahit na ito ay may pamilya na para makasama at siyang nangangalaga sa kanilang mga magulang. Ang ibang mga anak kapag nag-asawa ay humihiwalay na sa kaniyang mga magulang at bumubuo ng sariling pamilya. Gayunman, pinapayagan naman ng mga magulang na makipisan muna pansamantla ang mga anak sa kanilang mga magulang kapag bagong kasal ang mga ito. Kapag handa na ang anak na humiwalay, sila ay matiwasay na pinapayagan ng mga magulang upang kanilang matutuhan kung paano bumuo at mamahala ng kani-kaniyang pamilya.

Payak ang buhay ng mga katutubong Gaddang. Pagdating sa mga pagkaing inihahanda sa hapag-kainan, malimit na kape ang paunang inihahanda sa umaga bago ihain ang agahan na karaniwan ay sinangag at itlog lámang. Sa tanghalian at hapunan, karaniwan na ang isa hanggang dalawang ulam lámang ang pinagsasaluhan ng pamilya. Hindi uso para sa kanila ang meryenda. Kung may nilagang kamote o saging ay sapat nang gawing meryenda bago sumapit ang tanghalian o hapunan. Gayunman, mababanaag na sa kabila ng kapayakan ng buhay, masaya at maginhawa ang kanilang pakiramdam na magkakasama na may pagmamahalan at paggalang sa isa't isa. Sabay-sabay kung kumain at may kani-kaniyang tungkulin na ginagampanan sa loob ng bahay.

**Afu lakay** at **afu bakat** ang tawag ng katutubong Gaddang sa kanilang lolo at lola. Sila ay tunay na iginagalang ng kanilang mga anak at apo. Sa sistema ng pagkakamag-anak, karaniwang kapisan ng pamilya ang kanilang afu upang maalagaan hanggang sa kanilang pagtanda. **Ama** (ama ng pamilya), **ina** (ina ng pamilya), **tiyo** (kapatid na lalaki ng mga magulang), **tiya** (kapatid na babae ng mga magulang), **kawayyan** (mga kamag-anak ng pamilya), **kapitta** (pinsan) **at anak** para sa anak ng mag-asawa. **Katayug** naman ang tawag sa lalaki o babaeng napangasawa ng kanilang kapatid. **Panganakan** (pamangkin), **atawa** (asawa) **katuwangan** (nanay o tatay ng asawang lalaki o babae) **mannuwang** sa napangasawa ng mga anak at **kafalay** para sa balae.

Talahanayan 23. Mga Piling Katawagan ukol sa Kasapi ng Pamilya

English	Filipino	Lowland Gaddang	Upland Gaddang
baby	bata	kalubit	kalubit
<b>child</b>	<b>anak</b>	<b>anak</b>	<b>abbing</b>
companion	kasama	bulon	bulon
<b>family</b>	<b>pamilya</b>	<b>familya</b>	<b>tafalay</b>
father (n.)	tatay	ama	ama

<b>friend</b>	<b>kaibigan</b>	<b>kolak</b>	<b>bafulon</b>
<b>household</b>	<b>sambahayan</b>	<b>tabbalay/kabbalay</b>	<b>tafalayan</b>
man (n.)	lalaki	lalaki	lalaki
mother (n.)	nanay	ina	ina
offspring	anak	anak	anak
old (man)	matandang lalaki	lakay	lakay
old (woman)	matandang babae	bakat	bakat
person	tao	tolay	tulay
<b>slave (n.)</b>	<b>alipin</b>	<b>imbut</b>	<b>aripan</b>
<b>sibling</b>	<b>kapatid</b>	<b>wayi</b>	<b>kolak</b>
spouse (n.)	asawa	atawa/matawa	atawa
widow	balo	balo	balo
<b>wife</b>	<b>asawang babae</b>	<b>atawa abafay</b>	<b>atawa</b>
woman	babae	bafay	bafay

Makikita sa itaas na talahanayan ang mga katawagan ukol sa pamilya na tinumbasan ng kahulugan batay sa lokasyon ng mga katutubong Gaddang. Ang kahulugan ng *father* – **ama**; *mother* – **ina**; *man* – **lalaki** at *offspring* – **anak** ay hiniram sa wikang Tagalog, samantalang ang *old man* – **lakay** ay hiniram naman sa wikang Ilokano. Sa ganitong pagkakataon, malayang nakapanghihiram ang anumang wika para mas madaling magkaintindihan ang dalawang táong nag-uusap.

Ang mga salitáng naitiman ay nagpapakita ng pagkakaiba ng kahulugan at ang mga hindi naitiman ay nagpapakita ng magkakaparehas na kahulugan. Samanatla, ang tao – **tolay/tulay** ay nagkaiba lámang dahil sa isang ponema. Hindi masyadong malaking isyu ang kahulugan ng *tao* - **tolay/tulay** dahil ayon sa tuntunin sa pagbabaybay sa Wikang Filipino, malayang nagpapalitan ang **o** at **u**, **e** at **i**, **m** at **n**.

May mga katawagan din ukol sa mga kagamitan na makikita sa loob ng bahay ng pamilyang Gaddang. Ilan sa mga ito ay ang **dayot**, isang sariling-gawang duyan para sa mga batang Gaddang. Dito pinapatulog ang batà habang ang kaniyang ina ay abalá sa gawaing-bahay. May unan din siláng gawa sa kahoy, ang tawag dito ay **fungan** na ginagamit tuwing sila ay nagpapahinga sa silong ng punò.

Maliban sa mga nabanggit, may mga mesa, upuan, higaan at lalagyan din sila ng kanilang mga damit na karaniwang gawa sa kahoy o kawayan. Sa kusina, mayroon siláng **kalwat**, gawa sa *rattan* na ginagamit na patungan ng kaldero sa tuwing sila ay kumakain. Ang **annarangan** kung saan nila ibinibitin ang kanilang **kawa** na ginagamit sa pagpapainit ng tubig, ang **palataw** na ginagamit na pamutol ng kahoy, ang **duyag** o **bingkan** na karaniwang gawa sa bao ng niyog at ginagamit nila bílang plato sa tuwing sila ay kakain. Ang **ba'long** at **iro** na ginagamit na panghalo o pansandok ng ulam at kanin, **kusara** (kutsara), **afab** (tasa), **luran**, lalagyan ng kanin at ang **angang** (tapayan). Ilan lámang ang mga nabanggit na maituturing na kagamitan ng mga katutubong Gaddang noon.

Talahanayan 24. Mga Katawagan ukol sa mga Kagamitan sa Kusina

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
cooking pot	palayok	paryuk	parayok
ladle	kutsaron/sandok	irut	irut
mortar (rice)	lusong	attong	attong
pestle	pambayo	pabbayu	pabbayu
salt (n.)	asin	asin	asin

Makikita sa itaas na talahanayan na walang pagkakaiba sa kahulugang ibinigay ng *Lowland Gaddang* at *Highland Gaddang* sa ilang kagamitan sa kusina. Maliban sa *cooking pot* – **paryuk** (*Lowland Gaddang*) at **parayok** (*Highland Gaddang*).

Samantala, karaniwang nanggagaling ang pagkain ng pamilya sa kanilang mga pananim sa bakuran at sa mga alagang hayop gaya ng **manuk**, **patu** at iba pa. Kahoy ang malimit na ginagamit sa pagluluto dahil maraming sanga ng kahoy ang nagkalat sa paligid. Isang patunay na payak ang buhay lalo na sa mga nakatira sa mga barangay o baryo.



Larawan 10. Ang pamumuhay ng mga katutubong Gaddang ng Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya.

Payak ang tirahan ng karaniwang pamilyang Gaddang. Walang gaanong palamuti ngunit kumpleto sa mga modernong kagamitan gaya ng telebisyon, *internet connection*, *refrigerator* at ilang pangunahing kagamitan na hindi gaanong magarbo. Payak ang ayos ng salas ng bahay. May dalawa hanggang tatlong kuwartong tulugan na angkop sa may lima hanggang walong miyembro ng pamilya. Matindi ang kanilang pagkakamag-anak. Kapag may okasyon, sama-sama sila at nagtutulungan. Makikita ang ganitong ugali dahil sa lokasyon ng kanilang mga tirahan.

Ang bawat kasapi ng pamilya ay may kani-kaniyang gawaing nakatoka bago pa man sumikat ang araw. Karaniwang mga babae ang may responsibilidad sa mga gawaing-bahay gaya ng paglilinis, paglalaba ng damit, at pagluluto ng pagkain. Samantalang ang mga lalaki ang karaniwang may responsibilidad naman ng mga mabibigat na gawain gaya ng pagpapakain ng mga alagang hayop, pagagawa sa bukid, pagkakarpentero at pagsasaayos sa mga sirang bahagi ng bahay. Ang mga anak ay tumutulong sa gawaing-bahay gaya ng pagluluto at paghuhugas ng pinagkainan.



Ipinapakita kung gaano kapayak ang buhay para sa pamilyang Gaddang. Ang mga larawan ay kuha sa Villa Coloma, Bagabag, sa San Nicolas at Vista Alegre, Bayombong, Nueva Vizcaya.



Larawan 11. Mga pamilya sa Villa Coloma, San Nicolas at Vista Alegre.

Bukás ang pananaw ng mga pamilyang Gaddang ukol sa pantay na pagtingin sa mga babae at lalake. Naniniwala sila na ang mag-asawa ay parehong may karapatan sa lahat ng bagay; pagdedesisyon at pamumuno sa loob ng tahanan, paghahanap-buhay at gawaing bahay. Parehas siláng may mga bahaging ginagampanan sa pagpapalaki sa kanilang mga anak. Ang mga anak ay may tungkuling igalang ang kanilang mga magulang. Nababanaag ang mataas na paggalang ng mga anak sa tuwing tumatawag o kinakausap nila ang kanilang mga magulang. **Ama** ang tawag ng mga anak sa kanilang ama, **ina** naman sa kanilang ina at **wayi** sa kanilang mga kapatid.

Dati, tinatawag ng mga anak ng mga katutubong Gaddang ang kanilang mga magulang sa kanilang mga pangalan lámang. Walang katawagang ginagamit subalit ang pagtawag nila sa pangalan ay hindi nangangahulugang walang paggalang ang mga anak sa kanilang mga magulang. Sadyang nakasanayan lámang na sa pangalan nagtatawagan ang bawat isa maging sa kanilang nakatatandang mga kapatid.

Ngayon ay gumagamit na ang mga anak ng mga katawagan sa kanilang mga magulang at mga nakatatandang kapatid ngunit ang mga ito ay sa mga wikang Ilokano, Tagalog at English. Karamihan sa mga batang Gaddang ay gumagamit ng **Papa** at **Mama**,

**Daddy** at **Mommy** sa kanilang mga magulang at **ate/kuya** naman sa kanilang nakatatandang kapatid. Samantala, **lolo/lola** naman sa mga magulang ng alinman sa kanilang ama at ina. **Insan** ang gamit sa kanilang mga pinsan at **tiyo/tiya** sa kapatid na babae/lalaki ng alinman sa kanilang mga magulang. Mapapansin na Tagalog o English ang mga katawagang ginagamit ng katutubong Gaddang sa kanilang mga nakatatandang mga kamag-anak. Ito ay impluwensiya ng kapaligiran na karamihan ng mga pamilya ay sinasanay ang kanilang mga anak sa ganitong katawagan.

Halos lahat ng kapitbahay ay itinuturing na mga kamag-anak at tinatawag na *auntie* o *uncle*. Samantalang ang ibang matatandang Gaddang ay tinatawag ng mga batà ng lolo/lola. Ayon sa mga impormante, sadyang nakasanayan ng mga katutubong Gaddang ang ganitong katawagan, isang paraan para kanilang naipapakita ang paggalang sa mga nakatatandang mga kapitbahay kahit hindi sila tunay na magkakamag-anak.



Larawan 12. Ang panayam ng mga mananaliksik sa mga katutubong Gaddang ng Bayombong, Nueva Vizcaya

Pagdating sa pagdidisiplina sa mga anak, sinisiguro ng mga magulang na magiging magalang ang kanilang mga anak sa kanilang mga magulang, mga kapitbahay at sinumang nakatatandang mamamayan ng komunidad, Gaddang man o hindi. Nais nilang maging kapaki-pakinabang na mamamayan ang kanilang mga anak kayâ pinapag-aral nila ang mga ito hanggang sa sila ay makatapos sa kolehiyo.

Mataas ang pagpapahalaga ng mga katutubong Gaddang sa edukasyon. Bagaman marami sa kanilang mga ninuno ang hindi nakapag-aral, nais nila ngayon na makatapos ang kanilang mga anak upang maging mabuti silang mamamayan at marunong silang sumunod sa mga batas na ipinapatupad ng pamahalaan. Sa pangkalahatan, naniniwala ang mga magulang na sa tamang paghubog ng anak, natatamo nila ang respeto na nararapat sa kanila at sa sinumang kasapi ng pamilya.

### **Ang Pagkakamag-anak (*Kinship*)**

Mahalaga ang maayos na relasyon sa pamilyang Gaddang. Ang maayos na ugnayan sa loob ng tahanan ay labis nilang pinapahalagahan. Masasabing malawak ang saklaw ng kanilang pagkakamag-anak sapagkat itinuturing nila na malapit na kamag-anak ang lahat ng nakakaugnay nila kahit ito ay sa pamamagitan ng *affinity*.

Ang mga *'in-laws'* ay itinuturing na bahagi ng isang pamilya at madalas ay kasamang naninirahan sa iisang bubong. Ang pagsasagawa ng mga pagtitipon ng mga magkakamag-anak (*clan reunion*) para matunton at makilala ang mga tunay na kamag-anak ay malimit din nilang gawin.

Minsan, maski ang kanilang malalapit na kapitbahay ay itinuturing din nilang kamag-anak kahit na walang pormal na paraan ng pagtutunton kung paano sila naging magkakamag-anak. Ang ganitong nakasanayan ng pamilyang Gaddang ay uso maging sa ibang angkan o tribu.

Sa kabuuan, maituturing na *extended family* ang uri ng tahanan ng mga katutubong Gaddang. Karaniwang magkakapisan ang mga kasapi ng pamilya mula sa mga lolo/lola hanggang sa mga apo. Mas nananaig din ang pagkakaroon ng *bilateral system* na pamilya sa mga Gaddang. Nagpapatunay dito ang madalas na pagtitipon ng mga magkakamag-anak lalo na kapag may natatanging okasyon ang pamilya. Mahalaga para sa kanila ang maayos na pakikitungo sa bawat kasapi at kamag-anak ng pamilya.

Tuwing nagtitipon ang mga magkakamag-anak, Tagalog o Ilokano ang ginagamit sa pagbabatian at sa pag-uusap. Bihira na sa kanila ang gumagamit ng wikang Gaddang dahil marami sa kanila ay nakapag-aral o nakatapos ng kurso. Maaari ding ang mga bayaw o hipag ay hindi katutubong Gaddang kayâ kailangan nilang mag-usap sa wikang naiintindihan ng lahat ng kasapi ng pamilya.

Ayon sa mga impormante, kapag sila ay nagtitipon ay ugaling Ilokano at Tagalog na ang umiiral sa batian, pagkaing inihahanda, at sa proseso ng paghahanda ng programa. Ika nila, ito ang mga pangyayaring hindi maiiwasan sapagkat nakasanayan ng mga nakababatang Gaddang. Wala nang nagluluto ng kakanin at naglalaro ng lumang laro dahil *cellphone, computer, at videoke* ang kadalasang pinagkakaabalahan ng mga magkakamag-anak sa tuwing may pagtitipon.

Sa ganitong paraan, maipapakita ang maayos na relasyong pampamilya lalo na sa panahon na may pagdiriwang ang alinman sa mga kamag-anak. Ilan sa mga mahahalagang okasyon na malimit na nagsasama-sama ang pamilya ay sa tuwing may nagdiriwang ng kaarawan, nagtapos ng pag-aaral, pumasá sa *board exam*, nagtagumpay sa gawain, namatay na kamag-anak at iba pang kaugnay na gawain o pagdiriwang na kadalasan na siyang dahilan upang magtipon-tipon ang bawat kasapi ng pamilya. Minsan, umuuwi ang sinumang kasapi ng pamilya mula sa malayong lugar o ng ibang bansa, makasama lámang ang kanilang mga kamag-anak sa mga ganitong natatanging pagtitipon.

Dapat mapanatili ang maayos na relasyon sa pamamagitan ng palagiang pagtitipon-tipon ng bawat kasapi ng pamilya. Sa ganitong pagkakataon, lalong mapapatatag ang relasyon at pagkakamag-anak. Marami na ngayon ang nag-aaway-away na magkakapatid. Iisang pamilya, sila-sila ang nagbabangayan. Kayâ kailangang maipakita sa mga kabataan ang kahalagahan ng matatag na relasyong pampamilya, ika ng isa sa mga impormante sa panayam ng mga mananaliksik.



Kahit anong uri ng okasyon, hinding-hindi nang-iiwan ang tunay na kamag-anak. Malimit din na nagtitipon ang mga kasapi ng pamilya kahit na walang mahalagang pagdiriwang. Minsan, magkakasama lámang sila ay sapat nang nagpapatatag sa kanilang relasyon. Ang pagpipiknik, pagkain nang sabay-sabay sa bukid kapag panahon ng anihan ang ilan sa mga malimit gawin ng pamilyang Gaddang.

Gaya ng ibang pamilyang katutubo, ang mga katutubong Gaddang ay isang magandang halimbawa o mukha ng tunay na pamilyang Pilipino. Ito ang napatunayan ng mga mananaliksik sa maikling panahon ng kanilang pakikipamuhay sa kanila.



Larawan 13. Mga pamilya sa Roxas, Solano at Villa Coloma, Bagabag sa pagsasalu-salo ng pagkain.

Ang pagkain nang sabay-sabay sa loob o labas man ng kanilang mga bahay ay maituturing na isang maganda at masayang gawain ng isang pamilyang Gaddang. Sa ganitong panahon nagkakaroon ng pagkakataon na magkuwentuhan, mag-usap tungkol sa mga bagay na nagyayari sa kanila at iba pang mga isyu na dapat na mapag-usapan tungo sa mas matatag na relasyong-pampamilya.

Ayon kay Fox, isang Amerikanong Antropologo, ang pamilyang kumakain nang sabay-sabay ay isang mabisang paraan ng pagtuturo ng magandang asal sa mga anak. Ito rin ay makabuluhang hakbang para maipakilala sa mga nakababatang angkan ang kahalagahan ng nakagisnang kultura ng isang lipunan. Idinagdag pa niya na ang pagkain ay isang materyal na karaniwang makikita sa loob ng bahay. Ang pagsasalo-salo ng isang pamilya, marami man o kaunti lang ang pagkaing pinagsasaluhan ay isang mahalagang ritwal o seremonya na nakasanayan nang gawin ng mga ninuno.

Samakatuwid, mahalagang magkaroon ng oras ang isang pamilya na kumain nang sabay-sabay, kung hindi man sa lahat ng pagkakataon ay dapat gawing malimit upang

magkaroon ng puwang ang mga magulang o sinumang nakatatandang kasapi ng pamilya na ibahagi ang nakasanayang kultura o pag-uugali ng kanilang lahi/tribu. Sa panahon kasi ng sama-samang pagkain, naiipon ang isang buong pamilya. Kayâ nagkakaroon ng pagkakataon ang mga magulang na kausapin o pag-usapan ang mga bagay-bagay na may kinalaman sa buhay ng kanilang mga anak.

### **Sistema at Kaugalian sa Pagkakamag-anak**

Kilala ang mga Pilipino sa malapit at matatag na relasyon nila bílang magkakamag-anak. Itinuturing nila na mahalaga nilang kayamanan ang pamilya sa kabila ng kasalatan sa tunay na búhay. Naniniwala sila na sa mga kamag-anak lámang maaaring magkaroon ng lakas, kaagapay at kakampi ang isang tao, lalo na sa panahon ng pangangailangan. Walang ipinagkaiba ang mga pamilyang Gaddang sa pagpaparamdam ng pagpapahalaga at pagmamahal sa kanilang mga kamag-anak. Taglay nila ang hindi matatawaran at magandang sistema ng pagkakamag-anak gaya ng mga sumusunod:

**Pagbabatian sa tuwing sila ay nagkikita-kita.** Ngitian, kamayan, pagmamano at pagtawag nang may paggalang. Ito ang ilan sa mga ipinapakita ng mga magkakamag-anak na Gaddang kapag sila ay nagkikita-kita.

**Pagdadamayang kapag may kamag-anak na namatay.** Sa tuwing may kamag-anak na namamatay, nagtitipon-tipon sila bílang isang buong pamilya. Minsan, nagsisilbi itong isang mahalagang panahon dahil naniniwala sila na ito ang hulíng pagkakataon para masulyapan ang hulíng sandali ng kanilang kamag-anak na namayapa.

**Pagtutulungan kapag may kamag-anak na nangangailangan.** Sa sandaling walang malalapitan sa panahon ng pangangailangan, nandiyan ang mga kamag-anak na handang dumamay. Kapag ang isang kamag-anak ay nagkasakit, naospital, nadisgrasya o nalagay sa alanganin, laging dumadamay ang mga kamag-anak. Ang ganitong pag-uugali ay hindi maaalis sa kanila sapagkat nakasanayan nang gawin ng sinumang nagmamahal na kamag-anak.

**Pakikipagsaya kapag may kamag-anak na nagtamo ng tagumpay.** Ang tagumpay ng sinumang kasapi ng kamag-anak ay tagumpay ng buong angkan. Nakatutuwang makita ang ganitong pag-uugali ng pamilyang Pilipino. Ang kamag-anak na nagtapos sa pag-aaral, pumasa sa pagsusulit, nanalo sa paligsahan, nahalal bílang opisyal ng barangay o bayan at iba pang maaaring ikarangal ng buong pamilya ay isang bagay na dapat na ipagdiwang. Ang ganitong pagkakataon ay hindi napapalampas ng pamilya para ipagbunyi nang sabay-sabay.

**Pagsasagawa ng *reunion* na nagpapatatag ng kanilang relasyong pampamilya.** Ang *reunion* ay isang paraan na ginagawa ng mga magkakapamilya para matunton ang nawalay o malayong mga kamag-anak. Pinatatatag nito ang kanilang relasyon gaano man kalayo ang ibang mga kamag-anak. Karaniwan, ginagawa nila ito taon-taon.

**Pagsasama-sama sa tuwing may okasyon ang alinman sa mga kasapi ng pamilya.** Kahit simpleng pagdiriwang ng kaarawan, piknik, panahon ng taniman at anihan ay nagsasama-sama ang mga magkakamag-anak. Bagaman, walang gaanong handa,

aasahan ang mga kamag-anak na dadalo dahil naniniwala sila na ang kanilang presensiya ay sapat na makapagpapasaya sa kanilang kamag-anak.

Higit sa lahat, **pagmamahalan sa kabila ng maraming pagsubok sa búhay.** Nasusubok ang kamag-anak sa panahon ng pangangailangan. Bagaman, hindi lahat ng kamag-anak ay maaaring asahan sa panahon ng kahirapan, mangilan-ilan lang naman ang ganitong may pag-uugali. Sa bandang hulí, hinding-hindi pa rin naman mang-iiwan ang isang tunay na kamag-anak.

Ang mga nabanggit na pag-uugali ay tipikal sa isang pamilyang Pilipino. Ito ang nakasanayang kultura at pag-uugali na sadyang kahanga-hanga at masarap damhin. Makikita rin ang ganitong pag-uugali sa mga pamilyang Gaddang. Ang kanilang mukha, kilos, pagsasalita at pakikitungo sa iba ay sapat na patunay na karapat-dapat siláng maipagmalaki at ipagdakila.

### **Pakikipag-ugnayan sa Komunidad**

**Matanggapin** ang mga mamamayang Gaddang. Ipinakita ito ng Kapitan ng **Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya** sa *courtesy call* bago isagawa ang pakikipamuhay para sa pangangalap ng datos at impormasyon. Kasama ang mga *Council of Elders* ng NVGIPO, napagkayarian ang mga bagay na gagawin upang maayos at masinop na maisasagawa at masiguro ang kaligtasan sa pangangalap ng mga datos at impormasyon. Sa isinagawang pakikipamuhay, naramdaman ang mainit na pagtanggap ng mga pamilyang kumupkop sa mga mananaliksik. Itinuring na kasapi ng pamilya at trinato na hindi bisita kundi bílang mga mahahalagang kaibigan. Kanilang ipinakita ang taos-pusong pagtanggap at pagsuporta sa mga mananaliksik. Masipag nilang inalalayan, sinamahan, at inihanda ang mga katutubong Gaddang na kasali sa mga púlóng, pakikipanayam at pagsasagawa ng *Focus Group Discussion (FGD)*. Tumutulong sila sa paghahanda ng meryenda at makakain sa tuwing may pagtitipon. Maluwag din nilang sinasagot ang lahat ng mga tanong upang mas madaling mapatotohanan ang mga isyu may kaugnayan sa kanilang wika, sining at kultura bílang kasapi ng katutubong Gaddang.



Larawan 14. Ang nása mga larawana ay sina Kapitan Francisco Elmo E. Bayatan, Jr ng Villa Coloma , Bagabag, Nueva Vizcaya at mga *Council of Elders* ng NVGIPO kasama ang mga mananaliksik.

Ang mga mamamayang Gaddang ng Bagabag, Solano, at Bayombong ay mababait at mapagpakumbaba. Sila ay tunay na palakaibigan, masayahin, handang tumulong, gumabay at mag-alalay sa tuwing may bisitang dumadating sa kanilang komunidad.

Ramdam ang kanilang mainit na pagtanggap sa kanilang mga bisita, sapat para mawala ang anumang agam-agam o takot sa pakikipamuhay sa kanila.

Naging **kaswal ang buhay sa komunidad**. Namasid kung paano umikot ang kanilang buhay sa araw-araw. Masaya, maaliwalas, maluwag at payak ang kanilang buhay at malayo sa maingay na lungsod. Tahimik ang paligid at masarap langhapin ang simoy ng malamig na hangin tuwing umaga. Bago sumikat ang araw, nagsisimula na ang aktibong buhay at hinaharap ang mga gawain nang may positibong pagtanaw. Sa hapon, oras ng pamamahinga, muling masayang nagsasama-sama ang buong pamilya.

Diumano, sila ay sanay na sa ganitong takbo ng kanilang buhay. Tahimik at payapa, bagaman paminsan-minsan ay may dumadating na simpleng problema. Malimit, tuwing sabado o linggo, lumalabas ang pamilya para mamasyal at mamalengke sa bayan ngunit kadalasan, sila ay nása loob lang ng komunidad. *“Mas maganda ang buhay sa baryo kaysa sa mismong bayan. Maingay sa bayan, maraming tao at magulo. Dito, walang maraming problema. Maraming gulay sa paligid at hindi na kailangang bilhin, ‘di-gaya sa bayan na lahat ay binibili”*, dagdag ng isang impormante.



Larawan 15. Ang larawan ng pang-araw-araw na buhay sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya

Walang kuryente sa panahong ito dahil katatapos ng mapaminsalang bagyo. Maputik ang daan at may mga bahaging malubak dahil sa patuloy na pag-uulan. Gayunman, masaya pa rin ang buhay. May mga maliliksing mga batang naglalaro sa ilalim ng punongkahoy, lalo na kapag walang pasok sa paaralan.

**Holen at tirador** ang kanilang nilalaro. Hiyawan at takbuan hanggang sa sila ay mapagod. May natalo at may nanalo, ngunit sa bandang huli, masaya ang lahat at matiwasay na naghihiwalay pagsapit ng hapon. Ngunit mapapansin na wala na siláng alam sa mga larong **kudisi, karamet, araya, palokkit at tinnawan**. Mga katutubong larong Gaddang noong unang panahon.

Sa kasunod na mga araw, nakipag-ugnayan ang mga mananaliksik sa punong barangay ng **Roxas, Solano, Nueva Vizcaya** upang isagawa ang pakikipamuhay sa mga katutubong Gaddang sa lugar. Nakausap ng mga mananaliksik ang punong-barangay

kasama ang ilang *Council of Elders* upang itakda ang mga araw at oras ng panayam sa mga impormante. Nakita sa mga katutubong Gaddang sa lugar na ito ang tunay nilang ugali. Sila ay palakaibigan, matanggapin at palangiti. Naging madali ang mga isinagawang panayam sapagkat hindi nila ipinagkait ang mga impormasyong kinailangan upang maayos na maisagawa ang pananaliksik.

Sa panayam sa ilang matatandang Gaddang sa lugar, napag-alamang ginagamit pa rin nila ang wikang Gaddang sa kanilang pakikipag-usap sa kapwa nila Gaddang. Gayunman, inamin nila na bihira na sa kanilang mga anak ang nakakapagsalita ng wikang Gaddang. Tagalog ang wikang ginagamit ng karamihan sa kanila sa bahay, sa paaralan, at sa pakikipag-usap sa kapwa nila kabataan.

Ngunit nakatutuwang isipin na may ilang mga kabataang Gaddang na may edad na 10–14 ang nakakuwentuhan ng mga mananaliksik. Nagpakita sila ng kanilang husay sa pagkanta sa katutubong Gaddang. Ayon kay G. Lannu, IPMR ng barangay, sadya diumano nilang itinuturo sa mga kabataan ang ilang awit at sayaw ng Gaddang para tumimo sa kanilang isipan ang ganda at kahulugan ng kanilang wika, sining, at kultura.

Idinagdag pa niya na ang ganitong gawain ay isang napakahalagang hakbang para hindi makalimutan ng mga kabataan ang aral ng pagiging tunay na katutubong Gaddang. Nagagamit pa diumano nila ang mga natutuhang mga awit at sayaw sa pagtatanghal lalo na kapag may pagdiriwang ng pista ng barangay o ng bayan. Ang ganitong pag-uugali ay labis na ikinagagalak ng mga magulang ng mga kabataan dahil hindi nila ikinakahiya na sila ay kabilang sa katutubong Gaddang.

Ayon sa mga magulang, **maraming mga kabataan ang ikinakahiya na sila ay Gaddang** kaya mas pinipili nilang magsalita ng Tagalog upang maitago ang kanilang pagkakakilanlan. Ayon naman sa mga kabataan na nagpamalas ng sayaw at awit, hindi diumano sila nahihiyang ipaalam kaninuman na sila ay kabilang sa katutubong Gaddang dahil naniniwala sila na nararapat ipagmalaki ang pinanggalingang lahi. Bagaman mahusay din silang magsalita ng Tagalog, hindi nila diumano kinakalimutang mag-usap sa wikang Gaddang kapag sila ay nagkukuwentuhan. Ang ganitong pagtanaw ng mga kabataan ay isang maganda at dapat tularan ng ibang kabataan, ika ng isa sa mga magulang na nakapanayam ng mga mananaliksik.





Larawan 16. Ang mga opisyal ng barangay na pinamumunuan ni Kapitan Jun Mc Cris Collado, mga kabataan at mga magulang na nakapanayam ng mga mananaliksik sa Roxas, Solano, Nueva Vizcaya

Sa pakikipag-uganayan ng mga mananaliksik sa **San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya**, nakilala nila ang mga opisyal ng barangay at ilang residente na siyang nagsilbing impormante sa pagpapatuloy ng pag-iipon ng mga datos at impormasyon.

Tahimik, payapa at masaya ang buhay sa barangay na ito. Mababait at palakaibigan ang mga tao at hindi naging maramot sa pagbibigay ng mga datos at impormasyong kakailanganin sa pananaliksik. Dito nakatira ang pinakaraming bilang ng mga katutubong Gaddang. Bakas sa kanilang mukha, pananalita at pakikitungo ang pag-uugali ng tunay na katutubong Gaddang. Sa pag-iikot ng mga mananaliksik sa barangay, napag-alaman na sa wikang Gaddang nag-uusap ang mga tao maging karamihan sa kanilang mga anak.

Dito matatagpuan ang Bayombong West Elementary School na pinaniniwalaang may pinakamaraming bilang ng mga guro at mag-aaral na mga anak ng pamilyang Gaddang. Sa panayam kay Gng. Norla S. Valdez, Punongguro ng BWES, halos lahat ng kaniyang mga guro ay mga Gaddang at ang karamihan sa kanilang mga mag-aaral ay anak ng mga katutubong Gaddang.

Kilala ang paaralan bilang tagapagsulong ng mga literatura at sining ng katutubong Gaddang. Mahusay ang mga batà sa pagsasayaw at pag-awit ng mga awiting Gaddang. Malimit din dumalo ang mga guro ng pagsasanay at mga púlong ukol sa pagpapahalaga sa wika at kulturang Gaddang na kadalasan nilang itinuturo sa kanilang mga mag-aaral. Dahil dito, napapanatiling buhay ang wika at kultura na labis nilang ikinagagalak.

Sa pakikipagkuwentuhan ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng BWES, nakita kung gaano kahusay ang mga batà sa pagsasalita ng wikang Gaddang. Sa tono at pagbigkas ay mababanaag na sila ay awtentikong Gaddang. Sila diumano ay tinuruan ng kanilang mga magulang na mga totoong Gaddang.





Larawan 17. Ang mga opisyal ng barangay na pinamumunuan ni Kapitan Emery D. Melad, Gng. Norla S. Valdez, Punongguro, mga guro at mga mag-aaral ng BWES ng San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya.

Bagaman mahusay din sila sa Tagalog, hindi nila kinakaligtaan ang pagsasalita ng wikang Gaddang kahit sa pakikisalamuha nila sa loob ng paaralan. Matuto man daw sila ng ibang wika ay hindi pa rin nila kalilimutan ang wikang Gaddang at patuloy na tatangkilikin ang sining at kulturang kakabit ng wikang ito.

Ito ang magandang katangian ng paaralan sapagkat purong Gaddang ang punongguro at karamihan sa mga guro. Dahil dito, nagkakaugnay sila sa pagsusulong na mapalakas ang wikang Gaddang. Mahalagang magkaroon ng nagkakaisang damdamin upang maiwasan na may kumontra kung sakaling may magandang adhikain na dapat na ipatupad, ika ni Gng. Valdez, punongguro ng BWES.



Larawan 17. Ang mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School, San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya sa kanilang pagpapakita ng sayaw ng mga katutubong Gaddang

Sa pagatapos ng pakikipagkuwentuhan ng mga mananaliksik sa mga mag-aaral ng BWES, sila ay hinilingan na magpamalás ng awit at sayaw sa Gaddang na kanila namang pinaunlakan. Sa pagkakataong iyon, napatunayan ng mga mananaliksik ang husay nila sa pag-awit at pagsayaw ng Gaddang.

Maaliwalas at malapit sa kabayanan ng Bayombong ang San Nicolas. Ang mga bahay ay kongkreto at marangya ang buhay ng karamihan sa mga pamilya. Marami sa kanila ang nakapagtapos ng pag-aaral at ang iba ay nahalal bílang opisyal ng Bayombong. Masigla din ang kalakalan dahil sa lokasyon nito. Gayunman, mapapansin na napapanatili ng mga mamamayan ang kanilang pagkakakilanlan bílang katutubong Gaddang. Hindi kailanman sila nagpaimpluwensiya sa malakas na hatak ng siyudad at pag-unlad.

Sa kabiláng dako, kaiba ang komunidad ng Paitan, Salvacion at Vista Alegre, Bayombong, Nueva Vizcaya. Dito matatagpuan ang ibang katutubong Gaddang. Malápit sa ilog ang mga nasabing lugar. Pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao at pamamasada ng bangka naman ang iba. Sa Vista Alegre, dikit-dikit at malalapit ang agwat ng mga bahay. Kongkreto ang karamihan sa mga bahay at malapit na magkakamag-anak ang mga pamilya rito. Gaddang ang karamihan ng nakatira rito, bagaman may ilang Ilokano at mga Ifugao na pinaniniwalaang napadpad sa lugar.

Ayon sa impormanteng nakapanayam ng mga mananaliksik, isang mayamang pamilya diumano ang nagmamay-ari ng mga lote na tinitirhan ng mga katutubong Gaddang sa Vista Alegre. Sila ay nangungupahan at nagbabayad ng renta ng mga lupang kinatitirhan ng kanilang mga bahay. Ang barangay ay nása timog na bahagi at medyo malayo sa kabayanan ng Bayombong.



Larawan 17. Ang mga mananaliksik sa pakikipag-ugnayan sa mga katutubong Gaddang sa Vista Alegre, Bayombong, Nueva Vizcaya

Sa pangkalahatan, napatunayan ng mga mananaliksik na ang mga pamilyang Gaddang ay bahagi ng lipunan na may natatanging kontribusyon sa pagtatatag ng mapayapa at maunlad na pamayanan. Hindi matatawaran ang kanilang kasipagan, pagmamahalan bílang isang pamilya, kagandahang-loob lalo na kapag may mga bisitang dumadalaw sa kanilang pamayanan. Kilala din sila bílang masunuring mamamayan, mapagpakumbaba at may mabuting kalooban. Sila ay relihiyoso at may mataas na paggalang sa Diyos. Patunay ang kanilang pag-anib sa iba't ibang relihiyon at aktibong pagdalo sa mga pagsamba at kaugnay na pagtitipon. Karamihan sa kanila ay may mataas na pagpapahalaga sa kanilang nakagisnang sining at kultura.

Ang ilan sa mga pag-uugali ng pamilyang Pilipino ay eksklusibong napatunayan sa mga pamilyang Gaddang na nakasalamuha ng mga mananaliksik. Sila ay kilala sa kanilang pagiging matanggapin. Ito ang isa sa pinakakilalang mabuting pag-uugali ng pamilyang



Pilipino. Kapag may bisita, ipinapakita nila ang mainit nilang pagtanggap. Agad siláng nag-aalok ng pagkain o anumang puwedeng mapagsaluhan bílang pagpaparamdam ng taos-pusong pagtanggap sa mga bisita. Agad na pinapaupo o kayâ ay tinatanong kung komportable ang bisita sa kaniyang kinalalagyan.

Ang ganitong pag-uugali ay nakita rin sa mga pamilyang Gaddang sa pakikipamuhay ng mga mananaliksik sa kanila. Bagaman hindi gaanong magarbo ang kanilang pamumuhay, ginagawa nila ang kanilang magagawa para maipakita ang kanilang mainit na pagtanggap sa kanilang bisita. Sa katunayan, malimit ang paghingi ng paumanhin ng ginang ng tahanan na tinirhan ng mga mananaliksik sa kawalan ng kuryente sa mga araw na iyon sapagkat katatapos ng bagyo at natumba ang mga poste ng kuryente. Upang maipakita ang kanilang pagiging matanggapin, nagsisindi sila ng kandila at nagkakabit ng kulambo sa gabi para hindi diumano makagat ng lamok ang kanilang mga bisita. Nagkakatay sila ng alagang manok at inihahain bílang ulam, maliban sa mga bagong pitas na gulay at prutas na iniaalok sa kanilang bisita.

**Magalang ang mga katutubong Gaddang.** Ang mga batà ay naringgan na gumagamit ng **po** at **opo** sa tuwing sumasagot sa kanilang mga magulang at nakatatandang kamag-anak. Binabati rin nila ang kanilang bisita sa tuwing dumadating sila gáling paaralan o sa trabaho. Kahit simpleng ngiti lámang ay sapat na para maipakita ang kanilang pagiging magalang. Ang ganitong pag-uugali ay taglay din ng ibang katutubo dahil kilala sa kabuuan ang mga Pilipino bílang magagalang na mamamayan.

**May matatag na bigkis bílang isang pamilya.** Kapisan nila ang kanilang mga anak at mga apo sa bahay. Nagsasama-sama sila sa tuwing may okasyon ang ibang kamag-anak. Nagtutulungan, nagbibigayan at nagdadamayan sa oras ng pangangailangan. Sabay kung kumain at malimit na nagsasabay din sa pagsisimba o kahit sa pamamasyal sa bayan. Higit sa lahat, sila ay tunay na nagmamahalan sa isa't isa.

**Masipag sila sa gawain.** Pagsasaka ang nakitang pangunahing hanapbuhay ng mga katutubong Gaddang. Maliban sa pagsasaka, nangingisda rin sila kung mataas ang tubig sa ilog, nagtatanim ng gulay at nag-aalaga ng hayop bílang alternatibong mapagkakakitaan, namamasada ng bangka at traysikel, nagkakarpentero, nagtatrabaho sa pampribado o pampublikong ahensiya at ang iba ay nangingibang-bansa para matustusan ang pangangailangan ng kanilang mahal sa buhay.

**Sanay sila sa simpleng buhay.** Simpleng pangarap, simpleng buhay. Bagaman simple ang buhay, patuloy pa rin siláng nagpupursige na mabago ang takbo ng kanilang kasalukuyang kalagayan. Bílang patunay ay ang masigasig na pag-aaral ng kanilang mga anak para magkaroon ng maayos na buhay sa hinaharap. Sang ayon kay Riana Hope, kaya diumano siya nagsisipag sa pag-aaral ay dahil nais niyang makatapos at makahanap ng magandang trabaho sa hinaharap. *“Pangarap ko pong makatapos at maabot ang aking pangarap para matulungan ko ang aking mga magulang balang araw”*, ika ni Riana Hope sa panayam ng mga mananaliksik.

**Sila ay mapagmahal at maalalahanin.** Ang ganitong pag-uugali ng mga katutubong Gaddang ay napatunayan sa pamamagitan ng kanilang magandang relasyon bílang pamilya. Ang ina ay maagang gumigising para ipagluto ang asawa at mga anak bago

pumasok sa paaralan o trabaho. Sinisiguro ng bawat isa na nagagampanan ang kanilang tungkulin nang may pagmamahalan. Kapag nagkakasakit ang sinumang kasapi ng pamilya ay makikita ang labis na pag-aalala.



Makikita sa larawan ang henerasyon ng pamilyang Gaddang sa Paracelis, Mountain Province. Mula sa lola patungo sa apo na siyang pinakabatang henerasyon ng pamilya.

Larawan 18. Ang tipikal na pamilyang Gaddang

Tinalakay ni Jujanester (2016) ang mga mabubuting katangian ng isang pamilyang Pilipino. Ilan sa mga ito ay ang pagiging matanggapin, matatag na pagsasamahan, magalang, mapagmahal at masipag sa gawain. Sinabi niya na ang Pilipinas ay isa sa mga bansa na maituturing na tahanan ng mga pamilyang may kaaya-aya at positibong pananaw sa buhay. Idinagdag niya na bagaman ang Pilipino ay nalahian na ng iba't ibang bansa, ang mabuting kulturang Pilipino ay buo pa rin at tunay na ipinagmamalaki bilang isang bansa.

Samantala, binanggit naman ni Ramos (2013) na sadyang masipag ang mga Pilipino. Ama ang naghahanap-buhay at ina ang bahala sa mga gawaing-bahay at pangangalaga sa pangangilangan ng buong pamilya. Ang lahat ng kasapi ng pamilya ay may mahalagang tungkulin na ginagampanan. Ang bigkis ng pamilya ay isang napakagandang katangian, isang kahanga-hanga at hindi matatawarang pag-uugali na lalong nagpapatatag sa pamilya lalo na sa panahon ng kahirapan at pagdarahop.

## VI. SISTEMANG PANGKABUHAYAN

### Uri ng Hanapbuhay ng mga Sinaunang Gaddang

Ilan sa mga kasanayan ng mga katutubong Gaddang ay ang *swidden agriculture*, **pangangaso**, **pangingisda** at ang **pakikipagpagpalitan** (*barter*) ng mga produktong nagmumula sa kagubatan, ngunit sa paglipas ng panahon ay nagbago ito kasabay ng pagusbong ng kolonisasyon, Kristiyanismo at edukasyon. Ang karamihan sa mga katutubong Gaddang ay nagpasyang manirahan sa isang lugar. Dinagdagan nila ang kanilang pangkabuhayan sa pamamagitan ng pagtanim ng tabako at mais bílang pamalit sa *swidden rice* na siyang pangunahing pananim (Lambrecht, 2003).

**Abafini** ang tawag ng mga katutubong Gaddang sa panahon ng paglaki ng kanilang pananim na palay. Kasabay ng mga tabako at mais, ang pagtanim ng mga gulay, mani, mga bungang-kahoy, saging at tubó ang iba pa nilang pinagkakakitaan. Ito ay tinatawag na **mamula** sa wikang Gaddang na nangyayari sa mga buwan ng Enero hanggang Hulyo.

Dagdag sa palay, ang tabako ay itinatanim minsan sa isang taon sa buwan ng Nobyembre o Disyembre, depende sa pagsisimula ng tag-ulan. Ang mga gulay gaya ng **papet** (ampalaya), **balansina** (talong), **sili** (sili), **saluyot** (okra), **kalubasa** (kalabasa), **tafungao** (upo), **danggo** (sibuyas), at **lokia** (bawang) ay itinatanim sa buong taon.

Sila rin ay nag-aalaga ng **bafuy** (baboy), **ganding** (kambing), **pabu** (pabo), at **manuk** (manok) para sa kanilang konsumo sa karne. Ang **daffug** (kalabaw) at báka naman ay kanilang katuwang sa mga gawain sa bukid, habang ang **kabayu** (kabayo) ay ginagamit para sa kanilang transportasyon.

Ginagamit nila noon sa pagsasaka ang **palatao** (gulok), **tabas** (tabak), **kumpay** (karit), **anliligan** (gilingan), **patuki** (hinihila ng kalabaw na gawa sa kawayan), **aradu** (araro) at **kariton** (hinihila ng kalabaw na may gulong) at iba pang ginagamit sa paghahanda ng lupa bago taniman.



Larawan 19. Ang malawak na sakahan sa lalawigan ng Nueva Vizcaya

## **Uri ng Hanapbuhay ng mga Katutubong Gaddang Ngayon**

Kilala sila sa mabibigat na trabaho para masuportahan ang kanilang pamilya. Unang-una sa mga pangunahing hanapbuhay nila noon ay pagsasaka. Noong 1609, sa pamamagitan ni Padre Tomas Gutierrez na isang Dominikong Pari, kaniyang ipinag-utos na okupahan na ang Burubur, bahaging ilog ng Nueva Vizcaya. Nakita niya ang mga katutubo na naninirahan sa lugar na ito nang tahimik at payapa. Naging pangunahing hanapbuhay nila ang pagsasaka, pagtatanim ng kamote at gabi at iba pang uri ng gulay na maaaring mapakinabangan.

Para matulungan ang mga magsasakang katutubo na mapabuti ang kanilang uri ng pagsasaka, noong 1775, nagdala ang mga misyonaryo ng mga makabagong paraan sa pagsasaka na hinango sa mga lalawigan ng Pangasinan at Pampanga. Ipinakilala ni Padre Francisco Antolin noong 1777 ang pagtatanim ng mangga, cacao, niyog, kape at iba pa. Dahil dito, lalong naging mahusay ang pamumuhay ng mga tao kabilang ang mga katutubong Gaddang (Lambrecht, 2003).

Maliban sa pagsasaka, natutuhan din nila ang pag-aalaga ng mga hayop. Dahil bulubundukin ang lalawigan ng Nueva Vizcaya, naging maganda ang pag-aalaga ng mga báka sapagkat malawak at malalago ang mga damo dulot ng malamig na panahon. Ang pag-aalaga ng mga báka ay nagsimula noong 1764 nang ang Igorot na si Lindug mula sa Bokod, Benguet, Mountain Province ay nagtayo ng kanilang rancho sa Ahanas, na ngayon ay kilala bílang bayan ng Aritao. Maliban sa mga báka, naging bahagi rin ang kalabaw at kabayo sa mga hayop na kanilang inalagaan.



Larawan 20. Ang pag-aalaga ng hayop ay isa sa mga alternatibong pinagkakakitaan ng mga katutubong Gaddang

Simple lámang ang paraan na sinusunod ng mga magsasakang Gaddang sa pag-aalaga ng hayop. Kadalasang nakatali lámang ang mga ito sa silong, tabi o harapan ng kanilang mga bahay. Marami sa kanila ang nagmamay-ari ng **baka**, **daffug**, **kabayu**, at **ganding**; ang ilan ay nagmamay-ari ng mga **manuk**, **gogawa** at **pabu** na kadalasang malayang namumuhay sa kanilang mga bakuran. Ang kanilang alagang hayop ay maaaring makapagdagdag konsumo sa loob ng bahay habang ang iba ay kinakatay o ibinibentang buhay sa palengke para makaagapay sa pang-araw-araw na buhay. Bagaman hindi ganoon kalaki ang kanilang kinikita sa pag-aalaga ng hayop, naniniwala sila na malaking bagay pa rin ang naibibigay nito sa panahong mababa ang kanilang kinikita sa pagsasaka.

Talahanayan 25. Mga Piling Katawagan ukol sa mga Agrikultural na Hayop

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
bird (generic)	ibon	mammanok	mammanok
carabao	kalabaw	daffug	daffug
chicken	manok	manok	manuk
crocodile	buwaya	lamag	lamag
crow (bird)	uwak	gayang	gayang
deer	usa	utta	utta
dog	aso	ato	ato
duck	pato	gogawa	gogawa
eel	igat	iyat	iyat

fish	isda	busilad	busilad
frog	palaka	tukak	tukak
goat	kambing	ganding	galding
monkey	unggoy/matsing	uwaw	uwaw
pig	baboy	bafuy	bafuy
rat	daga	akad	akad
snake	ahas	iraw	ulag
turtle	pagong	dagga	dagga

Makikita sa talahanayan ang ilang katawagang ginagamit ng mga katutubong Gaddang sa mga agrikultural na hayop na karaniwang makikita o inaalagaan nila sa kanilang bakuran. Halos lahat ng mga kahulugang ibinigay ay magkakaparehas maliban sa **snake** na tinumbasan ng mga *Lowland Gaddang* ng **iraw** at **ulag** naman sa mga *Highland Gaddang*. Ang *chicken* – **manok/manuk** ay nagkaiba lamang sa ponemang **o** at **u** at ang *goat* – **ganding/galding** na nagkaiba lang sa ponemang **n** at **l**.

Maliban sa pag-aalaga ng mga hayop, naging maunlad din ang kita ng mga katutubo sa pagmimina at likás na yaman. Ang pagiging bulubundukin at pagkakaroon ng malawak na kagubatan na may malalabay na punongkahoy at malinis na tubig ang dahilan kayâ pinasok nila ang ganitong trabaho. Makikita ang malaking bahagi ng likás na yaman sa ilang bayan ng Nueva Vizcaya, gaya ng Bagabag, Bambang at Kayapa. Samantalang ang bayan ng Kasibu ang tinaguriang hanguan ng ginto sa panahong ito.

Sa ngayon, agrikultura pa rin ang pinakanangungunang hanapbuhay ng mga mamamayan na mga katutubong Gaddang. Karaniwan ang palay, mais, prutas at gulay ang itinatanim sa kanilang sakahan. Maliban sa mga nabanggit, mataas din ang produksiyon ng lalawigan sa *citrus fruits* gaya ng pomelo, ponkan (*chinese honey orange*) at kahel (*oranges*). Dahil masagana ang tubig na umaagos dulot ng mga irigasyong pinopondohan ng pamahalaan at mga makabagong teknolohiya sa pagsasaka na libreng ibinabahagi ng mga pang-agrikulturang sangay ng pamahalaan, naging bihasa ang mga mamamayan sa pagsasaka at lalong tumaas ang kanilang kita mula rito.

Talahanayan 26. Mga Katawagan ukol sa mga Produktong Pang-agrikultura

English	Filipino	Lowland Gaddang	Highland Gaddang
abaca	abaka	abaka	bassi
banana (generic)	saging	bât	aba't
coconut (mature)	niyog	iyog	ayug
coconut (young)	buko	kanebong	narikit ta ayug
eggplant	talong	balansina	balansina
flower	bulaklak	lappaw	lappaw
fruit	prutas	bunga	
ginger	luya	laya	laya
grass	damo	kaddat	kaddat
nipa	nipa	silag	bawi
peanut	mani	mani	amani

rattan	yantok	uwway	uwway
rice (unhusked)	palay	pay	tudda/baggat
sugarcane	tubo	unat	unat
sweet potato	kamote	kamote	gassilang

Batay sa talahanayan sa itaas, ang mga salitáng naitiman ay may magkaibang kahulugan samantalang ang mga hindi naitiman ay may taglay na parehas na kahulugan. Ang salitang *abaca* – **abaka**, *fruit* – **bunga** at *sweet potato* - **kamote** ay hiram sa wikang Tagalog. Samantalang ang *banana* – **ba't/aba't**, at *peanut* – **mani/amani** ay nagkaiba lamang sa isang ponemang /a/. Gayunman, nananatili pa rin ang magkasintunog na bigkas at kahulugan.

Bagaman, maraming ayuda ang maaaring matanggap ng mga magsasaka sa pamahalaan, hindi pa rin nila maiiwasan ang tamaan ng sakuna na nagiging mabigat na pasanin para sa kanila. Natunghayan ng mga mananaliksik kung paanong umikot ang buhay-magsasaka ng mga katutubong Gaddang. Sa panahong ito, katatapos na sinalanta ng bagyong Ompong ang buong lalawigan ng Nueva Vizcaya kayâ nasira ang kanilang mga pananim na palay, saging at mga gulay. Gayunman, patuloy ang búhay sa pamamagitan ng pag-aalaga ng mga hayop na maaaring pamalit sa bumagsak na kita dahil sa masamang panahon.

Makikita sa ibabang mga larawan ang pinsalang dulot ng bagyong Ompong. Higit na tinatamaan ang sektor ng agrikultura sa tuwing may malalakas na bagyo sa alinmang panig ng bansa. Sa ganitong pagkakataon, kinakailangan ang pagsisipag at magdoble-kayud upang mapunan ang nawalang kita dulot ng bagyo, ika ng isa sa mga nakapanayam na magsasaka.



Larawan 21. Pinsalang dulot ng bagyong “*Ompong*” sa mga pananim ng mga katutubong Gaddang sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya

Sa isang ulat na ipinalabas noong Setyembre 18, 2018 ng *Philippine Information Agency* sa lalawigan ng Nueva Vizcaya, binanggit nila na nag-iwan nang hindi bababa sa P280 milyong piso ang pinsalang dulot ang bagyong Ompong. Maliban sa mga pananim na palay na higit na sinalanta ng bagyo, sinalanta rin ang mga pananim na mais, saging, mga gulay gayâ ng kamatis, talong, repolyo sili at marami pang iba.

Umaabot diumano sa 11,793 *metric tons* ang pinsala ng bagyo na tinatayang nása 80 bahagdan ng mga mamamayan ng lalwigan ang naging apekatdo kabílang ang mga magsasakang katutubong Gaddang. Nakapanayam ng mga mananaliksik ang ilang magsasakang apektado ng bagyo at kanilang sinabi na sanay na sila na sinasalanta ng bagyo lalo na kung malapit nang anihin ang kanilang mga pananim. Bagaman masakit sa damdamin at sa bursa, tanggap na rin diumano nila ang ganitong pangyayari. Ang tangi nilang ginagawa ay ang maghanap ng ibang mapagkakakitaan upang makapagpatuloy ang buhay at babawi na lámang sa mga sumusunod na taniman.

Idinagdag din ng mga impormante na karamihan sa kanila ay mga nakikisaka lámang sa mga tunay na nagmamay-ari ng mga lupang kanilang sinasaka. Kayâ kapag may mga delubyo, nawawalan sila ng pagkakakitaan kayâ kinakailangan nilang mag-isip ng pamalit na hanapbuhay upang matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

Ang pangangaso ay dáting ginagawa ng mga katutubong Gaddang noong hindi pa masyadong nakakalbo ang mga bundok na nakapalibot sa Nueva Vizcaya. Maraming húling baboy ramo na kadalasang ibinibenta sa palengke at ang bahagi nito ay inuulam ng pamilya. Maliban sa mga baboy ramo, malimit din diumano siláng makahuli ng usa, bayawak at iba pang ligaw na hayop. Sa ngayon ika nila, ay hindi na bahagi ng kanilang hanapbuhay ang pangangaso sapagkat wala nang mga gumagalang ligaw na mga hayop sa mga kabundukan ng Nueva Vizcaya.

Ang pangingsda ang isa sa mga natitirang alternatibong mapagkakakitaan ng katutubong Gaddang. Dahil malapit sila sa ilog, naging bahagi na ng kanilang hanapbuhay ang pangingsda. “*Tumataas lang ang aming kita sa pangingsda sa panahon ng tag-ulan, lalo na sa mga buwan ng Hunyo, Hulyo at Agosto*” ika ng isa sa mga nakapanayam ng mga mananaliksik. Idinagdag pa niya, “*sa panahong kami ay naghihintay na mamunga at maani ang aming itinanim na mga palay at mais, pangingsda ang aming pinagkakakitaan.*” Maaari diumano siláng kumita ng dalawa hanggang tatlong daang piso sa isang araw at kung susuwertehin ay umaabot hanggang limangdaan o mahigit pa.

Dagdag pa ng nabanggit na impormante, noong panahong hindi pa nasisira ang ilog, kumikita sila ng umaabot sa isanlibong piso kada araw dahil sadyang masagana ang húli ng isda. Sa ngayon, ika pa niya, marami na rin ang nanghuhuli ng isda na nanggagaling sa ibayong barangay kayâ lubhang mahirap na para sa kanila ang kumita pa ng malaki-laki sa pangingsda. Ang pagbagsak ng húli ng isda dulot ng pagbabaw ng ilog ay pinatotohanan ni G. Leo Velasco, guro ng kursong pangingsda sa Nueva Vizcaya State University. Sinabi ni G. Velasco na posible diumanong bumagsak ang húli kapag nasisira ang tirahan (natural habitat) ng mga isda. Kapag diumano nabubulabog ang kanilang tirahan, natututo ang mga isda na lisanin ang kanilang tirahan. Idinagdag pa niya na kapabayaang din ng mga tao ang dahilan kung bakit unti-unting nauubos ang mga isda sa ilog.



Ang walang habas diumanong pagtatapon ng basura na nakakain ng mga isda kayâ sila nalalason ay isang matinding dahilan ng kanilang panghihinang mangitlog o kayâ ay kanilang ikinamamatay. Kailangang respetuhin ang kanilang tirahan para mas mabilis diumano siláng mangitlog at dumami. Maaari din daw maparami ang isda kung huwag munang manghuli ang mga mangingisda ng mga tatlo hanggang limang buwan para makakabawi ang mga isda ng kanilang lakas at may mas malaking posibilidad na tataas ang kanilang produksiyon.

Tinanong din ng mga mananaliksik kung ano-ano ang mga ginagamit nila sa panghuhuli ng isda. Ilan sa mga malimit nilang ginagamit sa pangngisada ang **alat**, **patuki**, **karaseng** (paglalagyan ng dalag), **kattad** (panghuli ng dalag), **baluybuy**, **pasiking**, **angngallut** (lambat), **salikap** (panghuli ng paniki). at iba pa. karamihan ay gawa sa kawayan at yantok.



Larawan 22. Mangingisda ng Paitan at Salvacion, Bayombong, Nueva Vizcaya

Sa panahong walang trabaho sa bukid at mahina ang huli ng isda, ang ilang katutubong Gaddang ay namamasada ng bangka para itawid ang mga pasahero sa ilog sa pagitan ng Salvacion at Paitan. Sa maghaponng pamamasada ng bangka, ang isang bangkero ay maaaring kumita ng isa hanggang tatlong daang piso maghapon. Limang piso ang pasahe ng bawat tao na sumasakay sa bangka.

Gayunman, may mga panahon na mahina ang kita sa pamamasada ng bangka lalo na kapag Sabado at Linggo o sa tuwing walang pasok sa eskuwelahan o opisina. Karamihan diumano sa mga pasahero ng bangka ay mga estudyante at empleyado na gáling Paitan at nag-aaral o nagtatrabaho sa bayan ng Bayombong. Malimit din daw na sa traysikel na sumasakay ang mga pasahero kahit mas mahal ang pasahe kaysa sa bangka. Sa ganitong

panahon, nababakante ang pasada kayâ kailangan nilang maghanap ng ibang mapagkakakitaan para maitawid ang pang-araw-araw na buhay.



Larawan 23. Mga pasahero ng bangka sa ilog na nagdudugtong sa mga barangay ng Paitan, Salvacion at Vista Alegre Bayombong, Nueva Vizcaya

Ang pamamasada ng traysikel at pagkakarpentero ay ilan pa sa mga alternatibong kanilang pinagkakakitaan. Habang ang mga babae naman ay tumatanggap ng labada upang mapunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Ika ng ilang impormante, kailangan nilang magsipag para mabuhay. Lahat ng uri ng mapagkakakitaan ay káya nilang pasukin mabuhay lámang ang kanilang pamilya.

Pagpasok sa trabaho sa mga pampubliko at pamribadong ahensiya, pagtuturo, pagtatrabaho sa ibang mauunlad na lugar sa bansa ang ilan din sa kanilang hanapbuhay. Ito ang mga katutubong Gaddang na nakapagtapos ng pag-aaral. Kanila lámang ginagamit ang kursong natapos para kanila itong mapakinabangan. Marami rin sa kanilang mga kamag-anak ang nangingibang-bansa. Kung hindi sila nagtatrabaho bílang *Overseas Filipino Worker* (OWF), ang iba ay sadyang doon na nakatira at bumuo ng pamilya. Hindi diumano maiiwasan na mangibang-bansa dahil nakikita nila ang mas magandang oportunidad sa pangigingibang-bansa.

Sa isandaan at apatnapung impormante (140 *informants*) na kinapanayam ng mga mananaliksik, lumalabas na pagsasaka ang pangunahing hanapbuhay o kanilang pinagkakakitaan hanggang ngayon. Umabot sa tatlumpu't apat (34) ang nagsabi na sila ay magsasaka na may katumbas na 24.288 bahagdan. Pinakamarami sa mga nagsabi na magsasaka sila ay nása edad na 60-pataas na may bílang na 17 (12.144), kasunod ang mga may edad na 40–59 na umabot sa 13 (9.287) at edad 20–39 na may 4 (2.857) lámang. Maliwanag na napanatili pa rin ng mga katutubong Gaddang ang orihinal na uri ng kanilang hanapbuhay o pinagkakakitaan gaya ng mga sinaunang katutubong Gaddang.

Sumunod na pinakamarami maliban sa pagiging taumbahay/maybahay (walang trabaho) na nagtala ng bílang na 28 (19.999) at estudyante na may kabuuang bílang na 21 (15.000) ay ang pagiging isang negosyante na may 10 (7.143) mula sa edad na 60 pataas; 7 (4.999) sa mga edad na 40–59 at 2 (11.429) lámang sa mga edad na 20–39 at may kabuuang bílang na 19 (13.571). Pinakamababa ang pangingisda na may 1 (0.714) lámang at nagmula sa edad 40–59.

Mapapansin na may ilan na nagsabing sila ay retiradong empleyado, kagawad ng barangay, labandera, drayber, karpentero, nagtatrabaho sa parlor, empleyado ng gobyerno o pribadong opisina, propesor ng unibersidad o guro at naghahabi ng tela. Ibig sabihin ng

estadistika na hindi na lámang sa pagsasaka umaasa ng mapagkakakitaan o hanapbuhay ang mga katutubong Gaddang. Gaya ng ibang lahi/tribu, sila ay natuto na ring pumasok sa iba't ibang uri ng hanapbuhay at magtrabaho sa gobyerno o alinmang pampridadong sangay.

Samanatalang sinusugan naman ng estadistika ang mga nabanggit ng mga nakapanayam ng mga mananaliksik na mangingisda sa Vista Alegre, Bayombong, Nueva Vizcaya na nagsabing hindi na mahusay na pagkakitaan ang pangingisda ngayon. Mababa kundi halos wala nang kita sa pangingisda dalá ng pagkasira dulot ng sunod-sunod na bagyo at kapabayaang ng mga táong nakatira malapit sa ilog. Idinagdag pa nila na suwertehan na lámang kung kumita nang malaki dahil maraming kakumpetensiya na gáling sa mga ibayong barangay. Kayâ napipilitan sílang magbago o maghanap ng ibang mapagkakakitaan para may ipanustos sa pangangailangan ng kanilang pamilya.

Talahanayan 27. Uri ng Hanapbuhay o Pinagkakakitaan ng mga Katutubong Gaddang

Uri ng Hanapbuhay/ Pinagkakakitaan	60-Pataas		40-59		20-39		19-Pababa		Kabuuang	
	n	%	n	%	n	%	n	%	n	%
Magsasaka	17	12.144	13	9.287	4	2.857			34	<b>24.288</b>
Taumbahay/Maybahay	10	7.143	9	6.428	9	6.428			28	<b>19.999</b>
Negosyante	10	7.143	7	4.999	2	1.429			19	<b>13.571</b>
Retiradong Empleyado	10	7.143	1	0.714					11	<b>7.857</b>
Kagawad ng Barangay	2	1.429	1	0.714					3	<b>2.143</b>
Labandera	3	2.143							3	<b>2.143</b>
Estudyante					9	6.428	12	8.572	21	<b>15.000</b>
Drayber	1	0.714	1	0.714	2	1.429			4	<b>2.857</b>
Karpentero	1	0.714	1	0.714	1	0.714			3	<b>2.142</b>
Nagtatrabaho sa Parlor	1	0.714	1	0.714					2	<b>1.428</b>
Empleyado ng Gobyerno/Pribado	1	0.714	2	1.429	2	1.429			5	<b>3.572</b>
Propesor sa Unibersidad/Guro			3	2.143	1	0.714			4	<b>2.857</b>
Naghahabi ng Tela			2	1.429					2	<b>1.429</b>
Mangingisda			1	0.714					1	<b>0.714</b>
<b>Kabuuang</b>	<b>56</b>	<b>40.001</b>	<b>42</b>	<b>29.999</b>	<b>30</b>	<b>21.428</b>	<b>12</b>	<b>8.572</b>	<b>140</b>	<b>100</b>

Malaking bahagi ng kabuhayan ng mga sinaunang Gaddang ang kanilang kapaligiran. Dahil hindi laganap ang kalakaran at iba pang kaugnay na hanapbuhay, umaasa ang mga katutubong Gaddang sa mga likás na yaman para mabuhay. Pagsasaka ang pinkasentro ng kanilang hanapbuhay noon pa man. Dahil malawak ang lupain, natutuhan nila ang pagtanim ng palay, mais, niyog, abaka, pinya, tabako, kape, gulay at mga bulaklak. Maliban sa pagsasaka, nakilala din sila sa pangingisda. Pamimingwit, pamamana, paggamit ng lambat at sibat at marami pang ibang paraan para makapanghuli ng isda. Ang ganitong hanapbuhay ay naging laganap lalo na sa mga nakatira malapit sa ilog at dagat. Idagdag pa ang pangangaso na naging pamilyar para sa mga Pilipino. Nanghuhuli sila ng mga mailap na hayop gaya ng usa at baboy ramo gámit ang kanilang mga pana, sibat at panyal. Natuto rin sila sa pagmimina ng ginto, bakal, tanso at pilak.

## VII. RELIHIYON, PANINIWALA, RITWAL, AT MGA KAGAMITAN

### Ang Relihiyon ng mga Katutubong Gaddang

Bago naipakilala sa mga katutubong Gaddang ang pananampalatayang Romano Katoliko, ang konsepto ng pananampalataya ay batay sa paniniwala nila kay **Nanolay** na siyang lumikha ng lahat. Ang bahay-sambahan ni nanolay ay karaniwang ipinapatayo sa likod ng bahay ng kanilang pinunò. Dito nila malimit isinasagawa ang kanilang mga programang panrelihiyon. Kinikilala nila ang Diyos na nagbigay sa kanila ng pagpapatnubay at ang dalawa niyang kasama, sina **Talanganay**, ang laláking Diyos Espiritu at si **Menalam**, ang babaeng Diyos Espiritu. **Ofag** naman ang tawag nila sa masamang espiritu.

Naniniwala din sila sa **anitu**. Ito ay isang malakas na espiritu na gáling sa langit na may kakayahang makapanggamot ng kanilang mga sakit. Ito ang kanilang tinatawag sa tuwing may nararamdaman sa kanilang katawan sa pamamagitan ng panalangin. Ang gumagawa ng panalangin ay ang **maffuryat**. Siya ay nag-aalay ng pagkain, karne ng hayop, alak, itlog at iba pa para mas mabilis ang paggaling ng maysakit. Maayos ang takbo ng kanilang pananampalataya at sapat na sa kanila ang taimtim na panalangin para maging maayos, mapayapa at mananatiling malusog ang kanilang mga mahal sa buhay.

Mula nang matuklasan ang Nueva Vizcaya, naging laganap ang turo ng Romano Katoliko sa lalawigan ito dahil sa pagdating ng mga misyonaryong pari. Sila ang nagmulat at nagturo sa mga tao sa pananampalataya at edukasyon. Ngunit noong 1898, nang ipakilala ang relihiyong *Iglesia Filipina Independiente* sa mga tao sa pamamagitan ni Bishop Dr. Gregorio Aglipay ng Batac, Ilocos Norte, marami sa kanila ang umanib dito. Sa paglipas ng panahon, unti-unting naglabasan ang ibang mga relihiyon na nakapanghikayat sa ibang katutubo para umanib dito.

Kilala ang mga katutubong Gaddang bílang na may mataas na pananampalataya sa Diyos na makikita sa kanilang mga ritwal at paniniwala ang mga kaugalian ng pagmamalasakit, pagmamahalan, katarungan at pagbabalik ng kagandahang-asal. Napanatili sa kanilang mga seremonya at ritwal sa pag-iisang-dibdib, pagdadalantao, pag-aaruga sa mga sanggol, pangggagamot, paglalakbay, pagpapalakas at pagpapanatili ng kakayahang makapanggamot at kamatayan sa kabila ng pag-usbong ng iba't ibang relihiyon (Toquero, 2009).

Ang seremonya ng kasal na nagtatali sa dalawang táong nais magsama habambuhay ay malimit din nilang isagawa sa pamamagitan ng ritwal at dasal. Ipinamamalas nila ang kanilang pag-aaruga bílang mga magulang sa kanilang mga anak sa pamamagitan ng dalawang ritwal. Ang pagkalinga sa nagbubuntis na babae at ipinapakita ang kanilang malasakit sa kanilang mga mahal sa buhay na nakatakandang maglakbay sa pamamagitan ng “*paglukob sa taong ito*” ng mga panalangin. Ipinapamalas nila ang pagkalinga sa kanilang mga yumao sa pamamagitan ng pag-aalaga sa labî ng mga ito at pagtalima sa angkop na kagandahang-asal para sa kanilang kapurihan. Ang kanilang mga panaginip ay nagsisilbing instrumento sa kanilang pagsisikap na protektahan ang bawat-isa mula sa anumang klase ng pinsala o pagkakasakit.

Gaya ng ibang mga tribu, itinuturing ng mga katutubong Gaddang bílang sagrado ang kasal. Ang seremonya ng kasal na kanilang sinusunod sa ngayon ay batay sa turo ng relihiyong kanilang kinaaaniban. Gayunman, hindi pa rin nawawala ang pagtutulungan at pagdadamayang kapag may kamag-anak na ikinakasal. Ayon sa mga *Council of Elders*, ang panliligaw ay isinasagawa ng mga dalaga at binatang Gaddang. Naniniwala sila na ito ang unang hakbang patungo sa pag-aasawa. Sa panahon ng ligawan, lalong naiintindihan ng isang lalaki ang kaniyang magiging tungkulin at pananagutan bílang asawa, gayun din ang babae. Sa panahon ng panliligaw, kinikilalang mabuti ng lalaki kung anong mga pag-uugali ng isang babae na nais niyang pakasalan at nauunawaan niya ang mga pag-uugali na dapat niyang ipamalas sa kaniyang magiging kabiyak.

*“Kailangang manilbihan ang lalaki sa pamilya ng babae bago siya payagang manligaw at maging kasintahan ng babae. Magsisibak ng kahoy, mag-iigib ng tubig, magbubungkal ng lupa ang ilan lámang sa mga ipinapagawa sa kaniya bago mangyari ang ligawan. Mahabang proseso ang pagdadaan ng lalaki bago niya makuha ang kamay ng babae. Kalimitan, nililigawan din ng lalaki ang mga magulang ng babae bago siya payagang manligaw sa kanilang anak. Ganito ang nakasanayan ng mga katutubong Gaddang noon,”* ani G. Palmerin Labog, isa sa mga **kalakayan** ng Solano, Nueva Vizcaya.

Samanatala, dahil sa relihiyong katoliko ang karamihan sa kinaaaniban ng mga katutubong Gaddang, ugaling katoliko na rin ang kanilang sinusunod na paraan ng pagsamba sa Diyos. *“Marami sa mga katutubong Gaddang ngayon ay kaanib ng relihiyong Romano Katoliko. Malakas ang impluwensiya ng pananampalatayang ito sa kanila kayâ lahat ng nakasanayang ginagawa noon ay nabago na at ang turo ng kanilang relihiyon ang malimit nilang sinusunod”*, dagdag pa ni G. Labog.

Sa araw ng Pista ng mga Patay, kasama ng ilang katutubong Gaddang, nakita ng mga mananaliksik ang ilang mga pamilyang Gaddang sa pagdalaw sa kanilang mga mahal sa búhay sa dalawang sementeryo na matatagpuan sa bayan ng Bagabag. Bílang pakikibahagi sa pagdiriwang, nagluluto sila ng kakanin na pinagsasaluhan pagkatapos manggaling sa sementeryo. Ito ay isang paliwanag na sila ay tunay na may mataas na paggalang sa Diyos at pagmamahal sa kanilang kapamilya kahit na sila ay pumanaw na.



Larawan 24. Pagdalaw sa sementeryo sa Araw ng mga Patay

Ilan sa mga ipinakita ng mga katutubong Gaddang kung paano nila pahalagahan ang kanilang namayapang mahal sa búhay ay ang paglilinis at pagpipintura sa kanilang mga puntod, pagtitirik ng kandila, pagpapabasbas sa mga pari at pagsasama-sama sa pagdarasal at masayang pagkukuwentuhan. *“Sa pamamagitan nito, maipapakita namin ang aming paggalang sa yuamao naming mga kamag-anak”*, ani Gng. Myrna Aban ng Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya.

## Mga Paniniwala ng mga Katutubong Gaddang

Matindi ang paniniwala ng mga katutubong Gaddang sa Diyos na siyang lumikha ng lahat. Kaakibat ng paniniwalang ito ay ang mataas na pagpapahalaga at pagmamahal sa kanilang pamilya at kamag-anak. Ito ang kanilang naging batayan sa pagsasagawa ng ilang seremonya noon na pinaniniwalaan nilang malaki ang magagawa sa kanilang buhay. Ang mga kaanak na bagaman yumao na ay bahagi pa rin ng kanilang alaala at hindi kailanman nawawala sa kanilang isipan. Naniniwala sila sa **karalwa** (espiritu ng mga ninuno) na nása tabi lámang nila na nagbabantay at umaalalay sa panahon ng kanilang pangangailangan. Ang **nakalakhan** ay ang pagbigkas sa mga pangalan ng kanilang ninunong namatay upang makahingi ng túlong lalo na kapag may isang kaanak na may sakit. Ang **coma a masonga** (pag-alala sa mga yumao) ay ang paniniwala ng mga katutubong Gaddang para alalahanin ang kanilang yumaong mga ninuno sa pamamagitan ng **wali**, na maaaring isagawa minsan sa isang taon o sa mga okasyon na mahalaga sa kanila.

Ngunit ang paniniwala ng katutubong Gaddang ay hindi lámang nagtatapos sa pag-alala sa mga kamag-anak na yumao. Mula sa pagsilang ay kakikitaan na ang mga katutubong Gaddang ng seryosong kultura at tradisyon na pinaniniwalaang gabay sa kanilang maayos na pamumuhay. Ang **natanam na futag** ay seremonya sa pagputol sa **futag** (pusod) ng bagong panganak na batà at ibabaon sa tabi ng **buwod** (tapayan). Ang buwod ay dapat na makita sa silangang bahagi ng kusina. Naniniwala sila na kapag may tumubong bayabas sa lugar kung saan ibinaon ang pusod, ang batà ay lálakíng malusog. Kapag may sakit ang batà at nalalagay ang kaniyang kalusugan sa alanganin, tatawagin ang mga namatay nilang ninuno at saka bibinyagan ang batà ng ibang palayaw. Kapag gumaling ang batà, maniniwala ang mga katutubong Gaddang na epektibo ang seremonyang ginawa nila.

Ang pagpapalit ng pangalan ng batà kapag siya ay may sakit ay pinaniniwalaan din ng mga katutubong Gaddang na epektibong paraan. Ang pagpapalit ng pangalan ay tinatawag na *decoy*, ito ay batay sa paniniwala na ang **karangat** (espiritu) na siyang may kagagawan sa pagkakasakit ng batà ay malilito. Kapag iba na ang pangalang ginagamit sa batà, hindi na ito mahahanap ng masamang espiritu. Ito ang pinaniniwalaang dahilan ng paggaling ng batà.

Pagkapanganak ng ina, lalabhan ang kaniyang mga damit sa ilog. Sa kaniyang pagpunta sa ilog, magdadala siya ng nasusunog na tela na tinatawag na **ammiang**. Habang nása daan, iiwasan ng mga kasama na mag-uusap-usap upang hindi lálakíng madaldal, iyakin o malikot ang batà. Hindi din dapat ikalat ang nalabhan na mga damit sa batuhan dahil maaaring magkasakit sa kutis ang batà. Para ito ay maiwasan, kinakailangang patuyuin ang mga damit sa ibabaw ng mga dahon ng saging.

Ang **pakinginuwan** ay ukol sa nakalimutang mga kamag-anak. Kapag diumano nagkakaroon ng sakit sa balat ang batà, may kamag-anak na naghihinanakit sa pamilya. Ang dahilan diumano ay ang hindi pag-anyaya sa kanila sa kasal ng mag-asawa o anumang okasyon na hindi sila naaanyayahan. Kapag may ganitong nangyayari, tatawagin nila ang **mangimunu**, isang nakatatandang katutubong Gaddang na kilala ang mga ninuno ng mag-asawa. Kapag nakilala ang nakalimutang kamag-anak, ipagdadasal ang batà at pagkatapos ay papasyalan ang kamag-anak para tuluyan nang gumaling ang batà.

Ang **mallaku si abbing**. Naniniwala ang mga katutubong Gaddang na ang mga anak ay kayamanan. Masyado nilang pinapahalagahan at minamahal ang kanilang mga anak. Kapag palaging namamatayan ng bagong siláng na anak ang mag-asawa, may matandang babaeng magkukunwaring ibinibenta ang batà, habang may isa namang babae na magkukunwaring bibili ng batà. Ang ganitong seremonya ay paraan diumano para lituhin ang masamang espiritu na masyadong nagigiliw sa batà kayâ niya kinukuha ang mga ito at humahantong sa agad nilang kamatayan. Pinaniniwalaang isa itong epektibong paraan para isalba ang buhay ng bagong siláng na batà.

Ang **maakaw si espiritu na natay** ay isang paniniwala na muling babalik ang kaluluwa ng táong namatay. Para maitaboy ang kaluluwa ng kamag-anak na namatay, isang seremonya ng panalangin ang kanilang isinasagawa. Naniniwala sila na ang pagbabalik ng kaluluwa ng namayapang kamag-anak ay makapagdudulot ng sakit. Isinasagawa ang pagtataboy sa kaluluwa ng namatay pagkaraan na siya ay mailibing. Sa pamamagitan ng kaniyang lumang damit, magwiwisik ang manggagamot ng alak sa paligid ng bahay. Habang nagwiwisik ng alak, tinatawag ng manggagamot ang pangalan ng namatay na kamag-anak at agad na isinisilid ang lumang damit sa lata. Binubuksan ang lata sa susunod na araw at saka ipinapatong sa ibabaw ng puntod ng namatay. Sa ganitong pagkakataon, pinaniniwalaang umakyat ang kaluluwa ng namatay na kamag-anak sa langit.

### **Ang mga Ritwal at ang Pagsasagawa Nito**

Maraming mga ritwal ang isinasagawa ng mga katutubong Gaddang. Ang mga ritwal na ito ay may kinalaman sa kasal, kamatayan, pagpapagaling ng may sakit, paglalakbay at iba pang nangangailangan ng panalangin para maging payapa at maayos ang kanilang búhay. Ang ritwal sa pag-aasawa. Para masiguro ang tagumpay, maayos at payapang pagsasama ng mag-asawa, kinakailangang dumaan ang lalaki at babae sa tamang proseso ng pagliligawan. Kinakailangang alam ng lalaki ang mga katangian na nais niyang makita sa kaniyang mapapangasawa. Gayundin, dapat alam ng lalaki ang kaniyang mga katangian na maaari niyang ipakita sa kaniyang mapapangasawa. Maghaharap ang dalawa kasama ang ilang piling kamag-anak para pag-usapan ang kasal.

Sa araw ng kasal, kailangan ng pagsasagawa ng **paddan** (pagpapadugo ng baboy), at ang **ilangan**, pagkatay sa baboy para iluto sa tubig at asin upang magsilbing pagkain ng mga dadalo sa kasal. Sa kasal, unang isasagawa ang **mangafug**, para alamin ang totoong nararamdaman ng babae sa kaniyang manliligaw. Kasunod na isasagawa ang **mammameran**, ang pahahandog ng pamilya ng lalaki ng **mama** sa pamilya ng babae. Kapag ito ay tinanggap, sabay nila itong ngunguyain habang pinag-uusapan ang tungkol sa pagliligawan at kasalan.

**Wálang** ang tawag naman sa bahagi ng ritwal kung saan nagbibigay ng *beads* ang lalaki o kaniyang mga magulang sa babae o sa mga magulang ng babae. Ang pagbibigay ng *beads* ay isang patunay na totoo ang layunin ng lalaki sa babae. Ang **umangira mawwalang** o **umangira massasapit** ay isang mahalagang bahagi ng pagsasaayos ng kasal. Kinakailangang alamin ng lalaki kung pumapayag o hindi ang pamilya ng babae sa inaalok niyang kasal. Kapag pumayag ang pamilya ng babae, saka pa lámang isasagawa ang kasal sa bahay ng babae.

Ang **madadallugit ira** ay ritwal ng pagtataboy ng masamang espiritu na isinasagawa sa kasal. Ang ikinakasal ay hihiga at saka mabilis na babangon ng tatlong beses habang pinapaikutan ng mga tao. Kinakailangan nilang maisagawa ito sa pinakamabilis nilang makakaya para agad na maitataboy ang masasamang espiritu. Pagkatapos ay gagawa ang mga matatanda ng rebulto ng **nanolay**. Ito ay magsisilbing proteksiyon ng bagong kasal laban sa anumang sakuna sa buhay. Kailangan din nilang gumawa ng imahe ng nanolay mula sa sanga ng kahoy kapag magpapatayo ng **balay** ang bagong mag-asawa. Ang imahe ay babalutin ng mga lumang damit at saka nila ilalagay sa bubong na tinatawag nilang **tarawag**. Ang ipinambalot na mga damit ay maaaring ipanggamot kung may kasapi ng pamilya na magkakasakit.

Ang paggawa ng imahe ng nanolay ay may kaakibat na panalangin at pag-aalay ng buháy na manok. Ang manok ay ginagamit sa seremonya ng kasal. Ang mga hita ng manok ay inilalagay sa **ampalung** at saka iniaalay sa mga magulang ng lalaki at babae kasabay ng pulang kanin na pagsasaluhan sa kasal. Malalim ang kahulugan ng seremonyang ito dahil sinasabi nito kung magtatagumpay o hindi ang buhay ng bagong mag-asawa.

Ang **kiring** ay apat na piraso ng alahas na gawa sa *beads* na iniaalay at isinusuot ng babae sa araw ng kasal. Ang una ay ibinibigay para sa kasal, ang pangalawa ay kumakatawan sa pagiging mag-asawa ng ikinakasal, ang pangatlo ay iniaalay para maiwasan ang maaaring pag-aaway ng mag-asawa sa hinaharap at ang pang-apat ay iniaalay para sa maaaring hindi pagkakaintindihan ng mga magulang ng lalaki o babae sa hinaharap. Ang mga *beads* ay ibibigay sa mismong araw ng kasal bílang mahalagang bahagi ng seremonya.

Ang **pabbal** ay araw ng pagpunta ng mga magulang ng lalaki sa bahay ng babae para mamahikan at pag-uusapan ang tungkol sa kasal. Ang **mangilin** ay ang opisyal na pag-uwi ng babae sa bahay ng lalaki pagkatapos ng kasal. Sa pag-uwi ng babae sa bahay ng lalaki, dala-dala niya ang **ampalung**, isang basket na gawa sa *rattan* na may lámang **inandila**, kakanin na gawa sa malagkit. Ang kakanin ay siyang pagsasaluhan ng buong pamilya. Ang babae ay kinakailangang nakasuot ng damit pangkasal sa katutubong Gaddang na sasamahan ng **kalakayan** habang tinutugtog ang **gansa**. Ito ay mahalagang seremonya para sa maluwag na pagtanggap ng pamilya ng lalaki sa kanilang manugang.

Ang **mamabbal**, ay ang seremonya ng pag-uwi naman ng lalaki sa bahay ng babae pagkatapos ng kasal. Ang pag-uwi ng lalaki sa bahay ng babae ay bílang pagpapakita ng kaniyang mabuting intensiyon sa pagpapaksal sa babae. Wala kahit anumang dadalhin ang lalaki, maliban sa kaniyang sarili. Makikipisan ang lalaki sa pamilya ng babae hanggang sa makapagpatayo sila ng kanilang sariling bahay.

Ang **binatog** ay isang natatanging seremonya na ginagawa pagkatapos ng kasal. Karaniwan itong isinasagawa kapag magpapatayo ang mag-asawa ng kanilang sariling bahay. Sila ay magkakatay ng baboy at magluluto ng kanin na kanilang pagsasaluhan. Pagkatapos nito ay maaari pang magkaroon ng pangalawa o pangatlong binatog para lalong mapatatag ang relasyon ng bagong mag-asawa. Pagkatapos na maisagawa ang lahat ng kinakailangang ritwal, saka pa lámang makakampante ang mga magulang na magsasama ang bagong mag-asawa nang matiwasay at tapat sa isa't isa.



Ang pagbubuntis ay isang mahalagang pagkakataon para sa mga lalaki para ipakita kung gaano nila kamahal ang kanilang asawa. Mahalaga para sa kanila na mabantayan ang kalusugan ng babae habang nagbubuntis. Upang matiyak ang kaligtasan ng ina at ang batang kaniyang ipinagbubuntis, kinakailangan nilang sumailalim sa ritwal ng **maddiyut**. Ito ay isang panalangin para sa proteksiyon ng buong pamilya lalo na ang buntis na ina at ang kaniyang ipinagbubuntis. Ang panalangin ay isasagawa ng **maffuriyat**, isang manggagamot na katutubong Gaddang. Bílang bayad, bibigyan ang maffuriyat ng buháy na manok sa kaniyang pag-uwi.

Upang masiguro ang kaligtasan ng mga bagong panganak na batà, isasagawa ang **mifuldut**, ito ay isang panalangin para mabantayan ang mga bagong panganak na batà hanggang sa kanilang paglaki. Ang ganitong seremonya ay isinasagawa sa ikatlong araw pagkatapos na maipanganak ang batà. Ang ina at ang kaniyang anak ay dadako sa nanolay kung saan nandoon ang **palancing**, isang kuwintas at *bracelet* na punô ng mga *beads*. Ito ay ginagawa ng **maffuriyat** na ipinapasuot sa batà para maprotektahan laban sa sakit. Bílang báyad, bibigyan ang maffuriyat ng sisiw na may taling puting sinulid sa kaniyang kanang paa na nagpapakita ng pagiging inosente nito.

Ang **ritwal ng panggagamot sa mga batà**. Kung sadyang hindi maiiwasan ang pagkakasakit, idinadaan nila sa seremonya ang panggagamot. Ang **tamoyong** ay isang ritwal para sa pagpapagaling sa sakit ng mga batà. Habang sumasayaw ang maffuriyat, papasok ang espiritu sa kaniyang katawan para makapagbigay ng instruksiyon kung paano gagamutin ang táong may sakit.

Ang **ritwal ng paglalakbay**. Isinasagawa ang seremonyang **masso'nga** kapag may katutubong Gaddang na maglalakbay sa malayong lugar. Sila ay magkakatay ng manok at ang dugo nito ay ipapahid sa **kiray** (noo) at sa **afa** (balikat) ng táong maglalakbay. Sasamahan ng panalangin para siya ay maprotektahan sa kaniyang paglalakbay sa malayong lugar.

Ang **ritwal para sa patay**. Kapag may namamatay na katutubong Gaddang, hindi muna ito agad na inililibing. Ang kaniyang bangkay ay itinatabi muna sa **pika** (sibat na gawa sa kahoy) na may tali ang mga binti at saka pinapaupo sa loob ng **sinan bawi** (kubo) ng tatlo hanggang pitong araw upang matuyo ang kaniyang katawan. Habang pinapatuyo ang katawan ng bangkay, ang mga kamag-anak ng namatay ay nagkakatay ng mga baboy at kanilang inihahanda habang sila ay nagbabantay. Pagkaraan ng pitóng araw, isisilid ang patay sa **longon** (kabaong) at saka ilalagak sa **ansalassa** (nitso) saka siya ililibing.

Mabusisi diumano ang mga ritwal na ginagawa noon. Sinisiguro ng mga matatandang Gaddang na maayos na naisasagawa ang mga ritwal para maiiwasan ang hindi pagkakaunawaan balang araw. Ngunit ngayon, ika ng mga kababaihang Gaddang na nakapanayam ng mga mananaliksik ay hindi na nila isinasagawa ang mga nabanggit na ritwal dahil sa kinaaaniban nilang relihiyon.

*“Hindi na gaya ng dati na seryosong isinasagawa ang mga ritwal sa kasal, binyag, pangnganak, lalo na kung may namatay na kamag-anak. Makabago na kasi ang panahon. Nawala na ang dáting paniniwala ng mga katutubong Gaddang sa mga ritwal na nakasanayang gawin ng aming ninuno,” “Kung may namatay nga na kamag-anak ay hindi*

na nagsusuot ng itim na damit ang mga kamag-anak ng namatay. Puting damit na ang kanilang isinusuot at nagkakantahan na lámang ang pamilya sa hulíng gabí bago ang libing. Noon kasi, labis ang pagdadalamhati ng mga namatayan. Ngayon, parang wala lang”, dagdag ng isa sa mga babaeng impormante.

Talahanayan 28. Iba pang Ritwal, Paniniwala at Tradisyon ng Katutubong Gaddang

Ritwal, Paniniwala o Kaugalian ng mga Katutubong Gaddang	Nilalaman at Paliwanag
Paniniwala sa Diyos	Naniniwala ang mga katutubong Gaddang sa Diyos. Nandiyan si <b>Nanolay</b> , maylikha ng lahat. Ang <b>Nalubbunan</b> (langit), ang <b>Gudyong</b> (isang mandirigma), ang <b>Bunag</b> (Diyos ng Mundo) at ang <b>Limat</b> (Diyos ng Dagat).
Si Karangat	Si <b>Karangat</b> ay pinaniniwalaan ng mga katutubong Gaddang na masamang espiritu. Sakit, sakuna at kapahamakan ang dala ni karangat.
Si Makkammag	Ito ay isang ritwal na isinasagawa sa loob ng <b>lungab</b> (kuweba). Ang istorya ng makkammag ay ukol sa isang babae na may espirituwal na kakayanan. Ngunit bago siya maging ganap na <b>makkammag</b> , makakaranas muna siya ng sakit hanggang sa maging ganap na siyang banal.
Ang Warit	Ang <b>warit</b> ay isang ritwal na gumagamit ng tubig sa kaniyang seremonya. Iwiniwisik ang tubig sa ulo at sa katawan ng may sakit habang humihyaw ang manggagamot ng “ <b>Afu, a maragkal a espiritu</b> (Diyos, tanggalin ang masamang espiritu).”
Ang Malwaring	Ang <b>malwaring</b> ay ang mga dapat at hindi dapat gawin upang hindi mapahamak ang búhay ng anak. Ito ay dapat na maisagawa upang maging maayos ang paglaki ng isang batà.
Ang Manak	Ang <b>manak</b> ay isang ritwal ukol sa panganganak. Kapag malápit nang manganak ang isang ina, bawal sa kaniya ang kumain ng <b>dekat</b> (matamis na kakanin), <b>inse</b> (niyog na may asukal) at kambal na saging dahil maaari itong magdulot ng paghihirap sa panganganak.
Ritwal, Paniniwala o Kaugalian ng mga Katutubong Gaddang	Nilalaman at Paliwanag
Ang Mangugit	Ang <b>mangugit</b> ay pagtuli sa mga kabataang lalaki. Karaniwan itong isinasagawa kasama ang kanilang mga kaibigan. Kapag bagong tuli, kinakailangang

	linisin ito ng pinaglagaan ng dahon ng bayabas at iwasang makita ng mga babae dahil ito ay maaaring mamaga.
Ang Mangatawa	Ang <b>mangatawa</b> ay isang pinagkayariang pag-aasawa ng mga bagong siláng na sanggol. Isasagawa ang pagtatakda sa pamamagitan ng pagtagay ng alak na tinatawag na <b>vinarayan</b> at <b>mama</b> . Itatakda ng mga magulang ang pag-aasawa ng dalawang halos magkaedad na sanggol kapag sila ay nása tamang edad na.
Ang Manamay	Ang <b>manamay</b> ay paniniwala ng mga katutubong Gaddang na ang isang tao ay sinasaktan ng masamang espiritu na tinatawag na <b>mammanamay</b> . Kapag kumakati diumano ang katawan at may uod na lumalabas sa sugat, ang tao ay sinasabing <b>natallongan</b> .
Ang Natallongan	Ang <b>natallongan</b> ay paniniwala ng mga katutubong Gaddang na ang kaluluwa ng namatay na kamag-anak ay pumapasok sa katawan ng buháy na tao. Ito ay nag-uugat sa paniniwalang ang namatay ay hindi nakapagpaalam nang maayos bago siya namatay kayâ siya sumasanib.

Sa panahon ng *immersion* sa Solano, nagkataon na may namatay na matandang laláking Gaddang. Napansin na sa panahon ng paglalamay, matiyagang dumadamay ang mga kaibigan at malalapit na kamag-anak ng pamilya. Ilan sa mga isinasagawa sa panahon ng lamay ay ang pagsusuot ng mga kamag-anak ng puti at itim na damit, paghahanda ng pagkain, paglalaro, pagkukuwentuhan at pagkakantahan. Malimit din ang pagdalaw ng mga bisita para magsagawa ng *necrological service* bagaman hindi sila kaanib ng relihiyon ng pamilyang namatay. Sa araw ng libing, sa simbahang katoliko dinala ang patay at saka pinamisahan sa isang pari bago inihatid sa sementeryo.

Alinsunod sa mga *Council of Elders* ng Solano, wala na nga daw ipinagkaiba ang mga ritwal na ginagawa ng mga katutubong Gaddang sa iba pang tribu o grupo ng mga tao. Ito ika nila, ay impluwensiya ng iba't ibang relihiyon na malayang sinasalihan ng mga pamilyang Gaddang. Maging sa mga kasal at binyag ng mga bagong panganak na sanggol ay karaniwan na ring isinasagawa batay sa mga ritwal na sinusunod ng kanilang kinaaanibang relihiyon.

Dahil din sa turo ng relihiyong kanilang kinaaaniban, unti-unti na ring nawawala ang makalumang paraan ng panggagamot sa tuwing sila ay nagkakasakit. Madalas, sa doktor ang punta sa tuwing sila ay nagkakasakit at kung sadyang malala ay sa pinakamalapit na ospital sila humahantong para magpagamot. Ang lahat ng ganitong pananaw ng mga katutubong Gaddang sa panggagamot ay bunga pa rin ng mabilis na

pagbabago ng panahon at impluwensiya ng kapaligiran. Niyakap na ng karamihan ng mga katutubong Gaddang ang Kristiyanismo, sapat upang ganap na nilang makalimutan ang mga nakasanayang kultura kapag may ipinapanganak na bagong sanggol, may kasal, may nagkakasakit, may namatay na kamag-anak o may inililibing.



Larawan 25. Ang mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School sa pagpapamalas nila ng sayaw

Sa ulat ng *Philippine Information Agency* (2015), malaking bahagdan ng mga mamamayan ng Nueva Vizcaya ay kabílang sa Romano Katoliko na umaabot sa pitumpung bahagdan (70 bahagdan). Ang ibang mga pananampalataya ay ang *Aglipayan Church* na may halos dalawampung bahagdan (20 bahagdan) at ang natitirang sampung bahagdan (10 bahagdan) ay kabílang sa *Baptist Church*, *Iglesia Ni Cristo*, *The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, *Jehovah's Witnesses*, *Seventh-day Adventist* at iba pang *Evangelical Christians* at *Muslims*. Dahil sa matinding impluwensiya ng relihiyon na kanilang kinaaaniban, tuluyan nang nagbago ang kultura at tradisyon ng mga katutubong Gaddang.

## VIII. Mga Materyal at ‘Di-Materyal na Kagamitan

### Ang Sining ng Paghahabi

Paghahabi ang isa mga sining na isinasagawa ng ilang mga babaeng Gaddang sa Bagabag, Nueva Vizcaya. Ilan sa mga ginang na ito ay nagsanay sa paghahabi na pinodohan ng *Technical Education Skills Development Authority* (TESDA) ng lalawigan ng Nueva Vizcaya. Ayon sa kanila, pagkatapos ng pagsasanay, binigyan sila ng mga sinulid at iba pang mga kagamitan para makapagsimula ng paghahabi. Dahil sa natutuhan ng mga kababaihang ito, kanilang napaunlad ang kanilang kabuhayan sa pamamagitan ng paghahabi ng tela at ipinatatahi para maging ganap na damit panlalaki o pambabaeng Gaddang. Ang ilang nahabing damit ay kanilang ipinapahiram o ipinarenta para sa karagdagang kita. Kilala sa gawaing ito ang mga katutubong Gaddang na gáling sa Paracelis, Mountain Province na nakapangasawa at kasalukuyan nang nakatira sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya. Sila ay nagpaunlak na ipakita sa mga mananaliksik kung paano isinasagawa ang mabusising paghahabi.



Larawan 26. Ang mga manghahabi sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya

Ayon sa kanila, nananaig sa tela ang kulay pula at dilaw. Bagaman may mga iba pang mga kulay na isinasama sa paghahabi ng tela, kinakailangan talagang manaig ang kulay pula at dilaw. Ito ang mga kulay na kumakatawan sa mga katutubong Gaddang. Ang tela ay napapalamutian din ng **bukat** (*beads*) na halatang maingat at matiyagang ikinakabit bílang palamuti at pampaganda.

Ayon kina Gng. Monica at Gng. Myrna (ang dalawang babae na nása larawan), tunay na mabusisi ang paghahabi. Inaabot ng ilang buwan bago mahabi ang isang tela na sapat para sa isang damit ng lalaki o babae. “*Kahit mahirap maghabi, maaari din itong pagkakitaan. Naibebenta namin ang aming hinabing tela na natahing damit sa halagang P2,000.00 – P3,000.00 depende sa laki o sukat*”. Minsan, ipinarenta namin sa mga guro at mga mag-aaral lalo na kung may mga okasyon na kailangan nilang magsuot ng katutubong kasuotan sa Gaddang.” Gayunman, binanggit nila na hindi naman diumano diretso o tuloy-tuloy ang kanilang paghahabi. Ginagawa lámang daw nila ang paghahabi kapag walang trabaho sa bukid o tuwing wala silang ginagawa.



Larawan 26. Ang mga palamuti (*beads*) na ginagamit ng mga kababaihang Gaddang

Ang mga *beads* ay ginagawa din ng mga kababaihang Gaddang sa bahay. Ito ay maayos na sinasalansan gamit ang karayom at sinulid at saka ikinakabit sa damit bilang pampanganda. Ito ay naibebenta rin nila nang mas murang halaga sa tuwing may pagtitipon ang mga katutubong Gaddang. “*Hindi na orihinal ang mga beads na aming ginagamit. Ito ay nabibili sa palengke at aming inaayos ayon sa pagsasama-sama ng kulay na angkop sa kulay ng damit na nahabi,*” ito ang dagdag na pahayag nina Gng. Monica at Gng. Myrna.

#### **Ang Damit o Kasuotan ng mga Katutubong Gaddang**

Ang tradisyonal na kasuotan ng mga kababaihang Gaddang ay tinatawag na **aken**. Ito ay mahabang piraso ng telang bulak na itinatali sa bewang at maaaring itupi hanggang tuhod. Katerno nito ang damit na may mahabang manggas, walang kuwelyo at abot-bewang na blusa.

Ang mga materyales na ginagamit para sa kasuotang ito ay hinabi mismo ng mga kababaihan mula sa mga bulak na pinalaki sa kanilang mga bakuran na kinulayan ng matitingkad na natural na kulay, kadalasan ay pula. Kaakibat ng matitingkad na kasuotang ito, ay ang palamuti na tinatawag na **sillay**. Ito ay isang uri ng kuwintas na isinusuot ng mga babae sa tuwing mayroon siláng pagdiriwang o pagtitipon.

Ang tradisyonal na kasuotan naman para sa mga kalalakiang Gaddang ay ang **dinoggat** (bahag), **sentaron** (sinturon) na itinutupi at may nakakabit na mga palawit. Ang **kuton** ay isang maikling kasuotang pang-itaas na walang kuwelyo na maaari ring isuot, katerno ng panyo sa ulo.

Sa kasalukuyan, ang karamihan sa mga kalalakihang Gaddang ay gumagamit ng kamiseta, pantalon at puruntong para sa kanilang pang-araw-araw na kasuotan at inilalaan ang kanilang mga tradisyonal na kasuotan para sa mga seremonya at iba pang pormal na okasyon o pagtitipon. Ang ganitong nakasanayan ay sinusunod ng mga nakababatang henerasyon kung kinakailangan (Toquero, 2009)



Larawan 27. Ang mga kasuotan ng katutubong Gaddang

Samantala, makikita sa ibabang mga larawan ang mga damit o kasuotan ng mga lalaki at babaeng Gaddang. Iba't ibang mga kulay ang ginagamit sa mga damit o kasuotan na karaniwang binabagayan ng palamuti sa katawan at sa ulo.



Larawan 28. Ang iba pang kasuotan ng mga katutubong Gaddang

## Ang Sistema ng Makalumang Panggagamot ng mga Katutubong Gaddang

Ang panggagamot ay isinasagawa para mapagaan ang táong may sakit. Naniniwala ang mga katutubong Gaddang na ang sakit ay dulot ng mga masamang espiritu na gumagala sa paligid. Sa pagkakataong sila ay dinadapuan ng sakit, kanilang kinokunsulta ang mga tradisyunal na manggagamot sa komunidad. Sa proseso ng panggagamot, karaniwan siláng naghahain ng **atang** o **wali** bílang sakripisyal na alay para sila ay gumaling.

Malimit na gumagamit ang mga katutubong Gaddang noon ng mga dahon na nakikita lámang sa paligid bílang mahalagang kasangkapan sa panggagamot. Ilan sa mga ito ay ang dahon ng **bayabas**, **guyabano**, **malunggay**, **gumamela**, **kataka-taka**, **subusub**, **dangla**, **oregano**, **sambong** at marami pang ibang uri ng halaman na pinaniniwalaang mabisang nakapanggagamot ng sakit.



Larawan 29. Ang ilang halamang-gamot na ginagamit sa sinaunang panggagamot

Karaniwan nilang pinakukuluan ang ilang mga dahon sa tubig at ipinapainom sa maysakit. Minsan, kanila naman dinidikdik para ipanggagamot sa sugat, sa makating kutis, lagnat at nahihilong pasyente. Minsan ay itinatapal kasama ang langis na gáling sa niyog para mapawi ang sakit sa katawan, ubo, pilay o anumang bahagi ng katawan.


Kapag **nabati** ang isang tao, kumukuha sila ng mga dahon ng bayabas, malunggay at guyabano at saka nila inihahaplos sa ulo, batok at katawan ng táong nakakaramdam ng hilo o pagsusuka. Pagkaraan ng ilang minuto ay maaaring mahimasmasan ang sinumang nabati at agad na babalik ang kaniyang pakiramdam sa dati.

Kilala din ang mga katutubong Gaddang sa tradisyonal na panghihilot kapag nagtamo ng pilay ang isang tao. Kabílang din sa hinihilot ang mga batang may lagnat at sumasakit ang tiyan. Minsan, langis lámang ng niyog ang ginagamit para maibsan ang sakit na kanilang nararamdaman. Ayon kay Gng. Irene Cachero, ang tawag ng mga katutubong Gaddang sa tradisyunal na manghihilot ay **milot** o **gumailot**.

Sa ulat ng mga mananaliksik sa PITAHC ukol sa sinaunang sistema ng panggagamot ng mga katutubong Gaddang sa Bagabag at Quezon, Nueva Vizcaya, may ilan pang natitirang sinaunang manggagamot sa mga naturang bayan. Ilan sa karaniwan nilang ipinapagamot ay ang **tallin** o **natallinan**, ito ay karaniwang nagyayari sa mga batang malilikot. Malimit tamaan nito ang bituka ng batà na karaniwang nagdudulot ng sakit ng tiyan, lagnat at pagkawala ng ganang kumain. Hinihilot lámang ng langis ng niyog ang batang tinatamaan ng ganitong sakit at kapag siya ay pinagpawisan at lumambot na ang lagay ng kaniyang bituka ay maaari nang bumalik sa dati ang kaniyang pakiramdam.



Ang langis ng niyog ay inihahanda mismo ng manggagamot. Ito ay mula sa magulang na niyog, kinukudkod at saka matiyagang iniluluto hanggang sa lumabas ang kaniyang langis. Ang langis na mula sa niyog ay pinaniniwalaang mabisang panggagamot sa maraming sakit na dulot ng kapaligiran.



Larawan 30. Ang panggagamot ng *tallin* gamit ang langis ng niyog (Ang larawan ay pag-aari ng PITAHC)

Ilan pa sa mga sakit na maaaring magamot ng langis ng niyog ay ang **bannat** (*nabinat*). Ito ay karaniwang nangyayari kapag ang babaeng bagong panganak ay agad na gumagawa ng mabibigat na gawaing-bahay. Ang binat ay karaniwang nagtatagal nang halos dalawang buwan. Sa ganitong pagkakataon, ang babaeng nabinat ay makakaranas ng pananakit ng ulo at katawan. Upang mawala ang iniinda ng maysakit, ang tuloy-tuloy na panghihilot sa kaniya ay dapat na maisagawa.

Ang **madallagan** ay isinasagawa ng **milot** sa babaeng bagong panganak. Siyam na araw na hinihilot ng manggagamot ang tiyan at buong katawan ng pasyente hanggang sa unti-unting maibsan ang panghihina ng katawan na kaniyang nararamdaman dulot ng kaniyang panganganak. Sa panahon ng panggagamot, maligamgam na tubig mula sa pinaglagaan ng mga dahon ng **anonang**, **sambong**, at **bayug** (uri ng kawayan) ang ipinapanligo sa pasyente para mabilis na manumbalik ang dati niyang lakas.

Ayon sa grupo ng mga matatandang Gaddang na nakapanayam ng mga mananaliksik, ang ganitong nakasanayan ng mga sinaunang Gaddang ay nabaon na sa limot lalo na sa kasalukuyang panahon. Hindi na diumano naniniwala ang bagong henerasyon sa lumang paraan ng panggagamot.

*“Wala nang maraming nagsasagawa ng lumang panggagamot. Ngunit may ilang nagsasagawa pa ng panggagamot dito sa Bagabag na malimit puntahan ng mga tao para magpagamot. Siya rin ang tinatawag kapag may nagsasagawa ng “blessing” ng mga bagong gawang bahay. Kayâ lang, ayaw niyang kuhanan siya ng larawan habang nanggagamot”,* ika ni G. Roger Whigan, isa sa mga **kalakayan** na katutubong Gaddang ng Bagabag, Nueva Vizcaya.

Mas pinipili na diumano ng mga katutubong Gaddang na magpagamot sa mga doktor kaysa sa mga tradisyunal na manggagamot dahil natatakot siláng isugal ang kanilang kalusugan. Sinabi ng mga kababaihang Gaddang sa Solano, Nueva Vizcaya na sa tuwing nagkakasakit ang sinuman sa miyembro ng kanilang pamilya, sa klinika ng bayan agad ang kanilang takbuhan. Kung hindi man ay sa mga pampublikong ospital ang madalas

nilang pinagpapagamutan dahil mura at maaari din silang matulungan ng pamahalaan lalo na kapag sila ay kasapi ng *Philhealth*.

### Ang Literaturang Oral ng mga Katutubong Gaddang

Mayaman sa awiting-bayan, salawikain, bugtong, kuwentong-bayan at alamat ang mga katutubong Gaddang. Sa hindi nailathalang ulat ukol sa mga katutubong Gaddang na ginamit bilang suporta upang maaprubahan ang aplikasyon ng NVGIPO bilang isang lehitimong organisasyon ng NCIP, inisa-isa nila dito ang maraming akdang pampanitikan na sumasalamin sa tunay na pag-uugali at kalagayan ng mga katutubong Gaddang.

#### 1. Awiting-bayan

Bahagi rin ng kanilang pamumuhay ang pag-awit sapagkat dito nasasalamin ang kanilang mga kaugalian, kaisipan at pamumuhay. Hindi man naitala ang lahat ng ito ng mga katutubo, may mga nalalabi pa rin na naitala sa iba't ibang mga aklat at pananaliksik sa wikang Gaddang.

Sa panahon ng Mahal na Araw, isinasabuhay ng mga kalalaking Gaddang ang **pasyon** na may saliw ng mga instrumentong kawayan na tinatawag na **tallelet**, **gimpoc** at **karalet**. Ito ay tumatalakay sa buhay ni Kristo at karaniwang inaawit ng mga nakatatandang Gaddang.

Ang **Imbestida** ay sayaw ng mga katutubong Gaddang na isinasagawa sa panahon ng kasal ng isang lalaki at babae habang nagpapalitan sa pagkanta at pagsasayaw. Maliban sa mga ikinakasal na lalaki at babae, kasama sa pagsasayaw ang kanilang mga magulang at mga kamag-anak at bisita. Minsan, ito ay isinasagawa ng ama ng lalaki at ina ng babae at tinatawag na **kafalay**.

Tunghayan ang liriko (*lyrics*) ng ilan sa mga kilalang awiting-bayan na nakasulat sa Wikang Gaddang na naisalin sa Wikang Tagalog:

#### Wikang Gaddang

##### Embestida

Ngan na Dios a me lava  
Yadac sicuayuera mamecacua  
Na lahud na angat amminan  
Parennad se iyada sicuatam  
Na gananayan tamto  
Maccatam.

E senores mamecacua  
Yaday nad sicuac na  
Pammacoma  
En nu wara na paccurangan  
Ay annung diao na yao  
Paypasensiyan  
Ennu wara na paccurangan.

#### Wikang Tagalog

##### Embistida

Sa ngalan ng pinagpipitagang  
Diyos  
Binabati ko kayo  
Nawa'y bigyan niya kayo  
Ng mahabang buhay at kalusugan.

Mga ginoo at ginang,  
Hinihiling kong  
Mga pagkukulang ko ay  
Pagpapaumanhinan  
Pagpasensiyahan ang mga kamaliang  
Maaaring ikagalit ninyo.

Se manquac la yao si mapia  
Si casit-tolec masqui nu  
Iyan nis  
Panandamandan na sicuac  
Daramat si uddi nu  
Matayac  
Panandamandanna sicuac  
Daramat si uddi nu  
Matayac.

Si sintao da ya  
Agguiannanna  
Yo lappao ammec maita  
Bantug na la yo dallun cu  
Na fungal na ammec ammu.

Que lohow nay o mamacoli  
Sicuam maidduc a uahi  
Que lahow na se yo iccanac  
Palallat.

Si daingit na sinag  
Yan matam ira  
Malauualuad  
Linisan nu yan quirem  
Se accalauad na accabafem  
Fanatannu yan quirem  
Se accalauad na accabafem

Se uhar sin accabing ngu  
Ay arroyo cangque to  
Macamcu  
Inang ca naualawak  
An inferno yo caraluac

E uahara sin tata gafi  
Sinaletenap taca uahi  
Ay cunnabque natanap cu  
Se naffungan ca to taggang  
Cu  
Se naffungan ca ti  
Paringil cu.

Neyarihac cadla so tetay  
Ta innac mattapat sitam  
Quiray  
Ta ancu nad tetayan

Ibig ko lámang makagawa ng  
Mabuti  
Sa lahat ng aking kababayan  
At bigyan sila ng alaala  
Sa hinaharap kung patay na ako  
Sila man ay maalala ako  
Kung ako'y wala na.

Nasaan ka  
'Di nakikitang bulaklak  
Nasasamyong ko ang iyong  
Halimuyak  
Dama ko ang iyong tangkay  
Ngunit 'di ko Makita  
Ang iyong halaman

Mahirap simulan ang  
kasaysayan mo  
Mahal kong kapatid  
Sapagkat ako ang dapat  
Makaalala

Mahirap para sa akin  
Dahil ako ang nakaalala

Ang sinag ng araw  
Sa iyong mapaghalinang ngiti  
Ay 'di nagpapakunot sa iyong  
Noo  
At lalo pang nagpapaganda sa  
Iyo.

Noong batà ka pa  
Ay 'di ko napapansin  
Ngunit nang mamukadkad ka  
Pinasakitan mo ang aking kaluluwa.

Kagabi lámang  
Ay napanaginipan kita  
At sa aking pangarap  
Unan mo ang aking dibdib  
At sa aking pangarap  
Unan mo ang aking pisngi.

Sana ako'y isang suklay  
Nang mailagay ako sa iyong  
Buhok  
Upang maayos ko

Yan buc nuera naculaculan.  
Dalayapca a mariquit  
Ay quinumancu a pinusit  
Syatta-attuc si uttun  
Ay maddattu queppe to  
Muttung  
Ibola-bolac si uttun  
Ay maddattu queppe to.  
Iyung.

Macua cad la yo urec  
Eteng ta alapan taca  
Si balec  
Ta annunad a pureban  
Yo idduc cuera nafulotan.

E senores a mamecacua  
Ay antuen yao in a tamfutna.

### **Wikang Gaddang**

#### **Ope Immangue Wayi**

Ope mangue wayi  
Na netamban siin sicuac  
Innao la inanawan  
Matayac si raddam  
Gumafu se nacaitacan  
Si mas mapia sicuao  
Onse tatae la madiat  
Inang ngac inanaean.

Araon, araon lamang  
Yo angngiyeyot nu to tangngang  
Malao ingue nad  
Na futuc a mebattang

Se ammeo ingue cafuaddan  
Yo atturuturuturut na luac to taggang  
Se antuengue ipatec  
Yo raddam cu gumafu picuam.

Ang kulot mong buhok

Tulad mo'y bubot na prutas  
Na sa puno'y pilit kong  
Pinitas  
Inihagis kong paitaas  
Ngunit sa mukha ko'y  
Bumabagsak  
Paulit-ulit inihahagis  
Sa ilong ko bumabalik

Kung ako'ng masusunod, giliw  
Iuuwi kita sa bahay naming  
Upang walang kupas kong  
Pag-ibig  
Ay iyong namnamin

Iginagalang na mga binibini't  
Ginoo  
Tapos na po ang awit ko.  
**Wikang Tagalog**

#### **Nasan ang Pangako Mo**

Giliw ko, nasaan  
Matatamis mong pangako  
Lumisan kang walang paalam  
Ngayo'y nagdurugo ang aking puso.  
Nakakita ka ng iba  
Na mayaman sa ginto  
Mahirap man ako'y mayaman sa pagsinta  
Kaydali mong nagbago.

Tandaan mo, mahal  
Sakit ng iyong paglisan  
Aking titiisin  
Pagkat tunay kitang giliw.

Luha'y 'di ko mapigil  
Sa pagpatak, giliw  
Ako ay yayao  
Nang dahil sa iyo.

## Wikang Gaddang

### Na Anggam na Lalaki

Na anggam na lalaki  
Narinig so dulam  
So matuyag a leled  
Maanu e maawan.

Ammuc inque nad  
Se yo futuc madannag  
So quianna metamban era  
A passia annantabag.

Mappetulotoloc  
E mappesimpasimpat  
Gampamade si panguddian  
Tapiay no pabbalian

Se unta ne paimammat nu  
Na tuluc e simpat  
Taguesi mapusit nu  
No lappao so mallamianga

Awwayi a cacunnac  
Mempatabag si matam  
So macasta lalaki  
Yam futuc mam iyanut

## Wikang Tagalog

### Ang Pag-ibig ng Isang Lalaki

Ang pag-ibig ng isang lalaki  
Ay tulad ng lumulutang na  
Ulap  
Maglalaho ang ulap

Ay, sana'y maturuan kong  
Huwag maniwala ang puso ko  
Sa mga pangakong 'di totoo  
Sa kasinungalingan at pandaraya mo.

Parang tapat siyang tunay  
Parang totoong-totoo  
Ngunit isip niya'y magbabago  
Magiging lason ang pag-ibig

Nang una, ang pakita mo'y  
Pagmamahal na tapat at totoo  
Upang mapitas ang buko ng  
Rosas  
Habang sariwa ito.

Makinig kayo mga kabaro ko  
Huwag kayong paloko  
Sa mapagkunwari at guwapo  
Kundi'y masasawi ang puso ninyo



Larawan 31. Ang sayaw ng katutubong Gaddang na isinagawa ng mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School, Bayombong, Nueva Vizcaya

Makikita sa itaas na larawan ang mga mag-aaral ng Bayombong West Elementary School sa San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya habang nagsasayaw ng **tontak**. Ang naturang sayaw ay itinatanghal sa iba't ibang okasyon gaya ng pista at iba pang natatanging pagdiriwang ng katutubong Gaddang.

Maliban sa sayaw, maraming awit din ang napanatili ng mga katutubong Gaddang na nailipat sa bawat henerasyon. Kinakanta nila ang **harana**, tulad ng **Nattalofu to Taggang Cu, Annie Ino Amme Marili, at O Lappao**. Tunghayan ang ilan sa mga ito sa ibabang talahanayan.

Talahanayan 29. Listahan ng iba pang Awiting-bayan ng mga Katutubong Gaddang

<b>Pamagat</b>	<b>Uri ng Literatura</b>	<b>Deskripsiyon</b>
<i>Abattabatwel</i>	Awit sa Paglalaro	Ito ay awit tuwing naglalaro ang mga batang Gaddang ng Bayombong, Nueva Vizcaya ng <b>see-saw</b> . Ang áral na nais ipahiwatig ng awit ay ang tao minsan ay nása itaas at minsan naman ay nása ibaba. Sa madaling salita, ang kalagayan sa búhay ay hindi panghabambuhay. Maaaring magbago anumang oras o panahon.
<i>Abumbu Ca Appatanca O Futuc</i>	Awit ng Pag-ibig	Ito ay isang payak at mabagal na awit ng pag-ibig na may mahalagang áral para sa mga nagmamahal na nakakaranas ng kasawian. Ginagamit din ang awit sa tuwing may mga mag-asawa na nagnanais na muling maikasal sa simbahan.
<i>Aggani</i>	Awit sa Pag-aani ng Palay	Ito ay inaawit sa panahon ng anihan. Isang pagkakataon na makapagsarili ang isang binata at dalaga sa bukid at ipamalas ang kanilang husay sa pag-aani ng palay. Ipinapakita din ng awit ang diwa ng <b>bayanihan</b> sa panahon ng anihan.
<i>Anggam A Melamang</i>	Awiting-bayan	Ito ay tungkol sa isang babae na may marubdub o tunay na pagmamahal sa isang lalaki ngunit nabigo. Mababanaag sa awit ang sakit sa puso at damdamin na naramdaman ng babae.
<i>Anggiduddue</i>	Awit Pambata	Ito ay isang awit na ginagamit na pampatulog sa mga sanggol. Mabagal at malamyos ang saliw ng awit kayâ madaling nakakatulog ang sanggol sa tuwing ito ay inaawit ng mga ina.
<i>Annutun</i>	Awit ng Pagpapayo	Ito ay inaawit sa panahon ng kasal. Ito ay naglalaman ng mga liriko na nagpapayo sa bagong mag-asawa. Habang iniaabot ng nakatatandang Gaddang ang perang naipon ay inaawit ito kasabay ng pagpapayo na maging maayos sa paggastos at maging tapat sa isa't isa.
<i>Aquicattuay</i>	Awit ng Pamamaalam	Ito ay tumutukoy sa malapít na relasyon ng dalawang magkapatid na babae na kinailangang umalis ng nakatatandang kapatid. Ito ay inaawit sa panahon ng

		pagdiriwang ng <b>anniversary</b> at iba pang mga pagdiriwang na ginaganap sa isang pamayanan.
<i>Bambal Sosao</i>	Awit sa Paggawa	Ito ay tumatalakay sa isang manggagawang lalaki na tamad at pabaya sa gawain. Sinasabi nito na ang isang tao ay dapat na maging masipag at maayos sa gawain. Para sa mga katutubong Gaddang, lalaki ang higit na nagtataguyod sa pamilya, kayâ dapat siyang maging masipag at masigasig sa buhay.
<i>Dope Yo Netamban</i>	Awit ng Pag-ibig	Ito ay nagpapakita ng matinding damdamin at kung gaano katotoo ang katutubong Gaddang sa kaniyang pangako ng pag-ibig.
<i>Inte Pagadwe</i>	Awit ng Panliligaw	Ito ay inaawit ng mga batà habang nagbibilang ng mga bato, bulaklak at iba pa. Mababanaag sa awit ang impluwensiya ng <b>Ibanag</b> ng Isabela sa mga katutubong Gaddang.
<i>Magawagawayyan Nac Nad</i>	Awit ng Pag-ibig	Ito ay naglalarawan ng matinding pagmamahal ng isang binata sa isang dalaga. Ipinapahiwatig ng awit na masarap damhin ang tagumpay sa unang pagkakataon.
<i>Mapia Nu Wara Anac</i>	Awit ng Matinding Pagmamahal	Ito ay isang awit na nagpapakita ng matinding pagmamahal ng magulang sa kanilang mga anak at mataas na pagpapahalaga sa edukasyon.
<i>Mangaangam Etan</i>	Awit sa Panahon ng Pasko	Ito ay inaawit ng mga batà at matatanda sa panahon ng pasko lalo na sa pagdiriwang ng <b>Misa De Gallo</b> . Ito ay may mataas na himig ng Kristiyanismo dahil tinatalakay nito ang kapanganakan ni <b>Kristo</b> .
<i>Mapia Nu wara Anac</i>	Awit Para sa Pagkakaroon ng Anak	Ito ay nagpapakita ng ligayang maaaring madama ng mga magulang kung sila ay mapagkakalooban ng anak. Sila ay nangangako na palalakihin ang kanilang anak na may mabuting asal.
<i>Mataggat A Urena</i>	Awit ng Isang Ina	Ito ay awit na nagpapakita ng posibleng hirap na maaaring danasin ng isang ina kapag lumaki ang anak na matigas ang ulo. Ang awit ay magandang magamit sa pagbibigay-payo sa mga anak.
<i>Na NU Manoca</i>	Awit ng Pamamaalam	Ito ay nagpapakita ng sakit na maaaring maramdaman ng isang tao kapag siya ay iniwan ng kaniyang mahal. Ito ay karaniwang inaawit kapag may isang

		kaibigan, kamag-anak o mahal sa buhay na namamaalam.
<i>Na Ulila</i>	Awit ng Pangungulila	Ito ay awit tungkol sa anak na iniwan ng kaniyang mga mahal sa buhay. Ito ay inaawit sa tuwing may umaalis na kaibigan, kamag-anak o mahal sa buhay.
<i>Nawalang Si Lutung</i>	Awit sa Panahon ng Pasko	Ito ay awit na tumatalakay sa kapanganakan ni Kristo. Bagaman siya ay Diyos, mas pinili niyang maipanganak sa sabsaban. Ibig sabihin, bumaba ang Diyos mula sa langit upang iligtas ang mga tao sa kanilang mga kasalanan.
<i>O Lappao A Maddayao</i>	Awit sa Panghaharana	Ito ay inaawit kapag ang isang lalaki ay nanghaharana sa isang babae. Inihahalintulad nito ang babae sa isang mabangong bulaklak. Ito ay inaawit sa tuwing may panlipunang pagtitipon.
<i>Ope Immangque Wayi</i>	Awit ng Pang-iwan	Ito ay tumatalakay sa isang babae na nang-iwan ng kaniyang manliligaw. Ipinapakita ng awit kung gaano kasakit sa isang lalaki na iwan ng kaniyang minamahal na babae.
<i>Sassarabet</i>	Awit sa Pangingisda	Ito ay awit sa panahon ng pangingisda. Tinatalakay nito ang isang magnanakaw ng isda na karaniwang pinaparusahan dahil sa kaniyang ginawa. Sinasabi ng awit na ang pagnanakaw ay isang masamang gawain na nararapat pagbayaran.
<i>Tallelet</i>	Awit sa Mahal na Araw	Ito ay awit sa panahon ng <b>Mahal na Araw</b> . Ipinapakita nito ang paghihirap ni Kristo noong siya ay ipinapako sa krus. Ang awit ay sinasaliwan ng mga instrumentong gawa sa kawayan.
<i>Yo Lacay</i>	Awit sa Pagtanda	Ito ay awit ukol sa panahon ng pagtanda. Ito ay ukol sa matandang lalaki na humihiling sa Diyos ng ilan pang taon para mabuhay at kung mamamatay ay sa langit mapupunta.

## 2. Mga Kawikaan at Kasabihan

Ang mga salawikain at kawikaan ay tinatawag ng mga katutubong Gaddang na **Lalenut** (Kawikaan at Kasabihan). Ito ay ginagamit na gabay tungo sa maayos, mapayapa at maunlad na buhay. Ito ay karaniwang ginagamit ng mga magulang sa pagpapayo at pagtutuwid sa kanilang mga anak. Ginagamit din ang mga kawikaan sa pang-araw-araw na pag-uusap at sa sermon ng pari o sa mensahe ng ministro ng anumang relihiyon para magsilbing gabay sa tamang landas ng buhay.



Tunghayan ang ilang halimbawa ng kawikaan o kasabihan sa Wikang Gaddang na naisalin sa Wikang Tagalog sa ibabang talahanayan:

Talahanayan 30. Halimbawa ng Kawikaan o Kasabihan ng mga Katutubong Gaddang

<b>Wikang Gaddang</b>	<b>Wikang Tagalog</b>
Accuam toye, accuac na pay daramat	Sa iyo ngayon, sa akin bukas
Ammena makitabarang, maibarawang	Ang táong hindi nakikinig sa mga payo ay hindi magtatagumpay
Ammunu ino ifut na coruan, ammem ammu ino acuam	Napapansin mo ang uling sa mukha ng ibang tao ngunit hindi mo napapansin ang uling sa mukha mo
Awan a liwat si ammena mepalappat	Ang bawat salà ay may katumbas na kaparusahan
Caddutannu bagguim, guinannu lohowna nangngaddut nu sicuam	Subukan mong saktan ang iyong sarili nang maramdaman mo kung paanong masaktan ang ibang tao
Datang na no massilap, bafay a masusak	Kapag ang isang babae ay nása wastong gulang na, walang makapipigil sa kaniya sa pag-aasawa
Ino amamena mallangi so naggabuatanna, mena macadatang so angan na	Ang táong hindi marunong tumingin sa pinanggalingan ay hindi makarating sa paroroonan
Maddiahat a gammian yo tolay a massanturug	Mahirap gisingin ang nagtutulog-tulugan
Mallonggon abiran madiahat ikka accuan	Mas madaling sabihin kaysa gawin
Mallupa si uttun, maddatu si mutung	Ang dumudura nang paitaas ay kaniya ring mukha ang dinudurhan
Mammit a sapitanna, awan kakurwanna	Matamis at magandang mangusap, ngunit lahat ay walang katotohanan
Maski magua ka si madaggat, madallo ka se magabbakat	Hindi naikukubli ng pabango ang gulang ng isang babae
Mena dama si ino santol mabbunga si manga	Ang santol ay hindi mamumunga ng mangga

Metappol nu yu atawam, baccan si guinafan	Maaari mong talikuran ang iyong asawa ngunit hindi mo maaaring talikuran ang iyong mga magulang
Nu sintaw a paggubbuatannu, sinay a paddannannu	Kung anong pinanggalingan, siyang uwian
Nu tolai a mammay, kumatway, no tolai a mangam, kumabbang	Kung ayaw makiisa, umalis
Nu mattangit ca sito ahao, maccataua can a daramat. Mammucla ca si leled, mapit ca sib ebbed	Kapag nagsabi ka ng maling istorya, mag-aani ka
Nu mem canggam maangwa sicuam, mem pay accuam si coruam	Huwag mong gawin sa iba kung ayaw mong gawin nila sa iyo
Wara siin bafay a miyeyin, wara sitoje innananak, bafay a mittarak	Noon, ang babae ay taumbahay; siya ay katulong sa paghahanap-buhay
Yo liwat mappelappat	Walang kasalanan na hindi pinagbabayaran

### 3. Mga Bugtong

Ang **Lallagunut** (bugtong) ay ginagamit bílang pampalipas-oras, hindi lámang sa mga batà kundi pati na ang mga matatanda. Karaniwang isinasagawa ang pagbubugtungan sa bahay, sa paaralan, sa daan, sa bukid, sa palengke at sa iba pang lugar lalo na kung wala siláng ginagawa.

Ipinapakita ng mga bugtong ng katutubong Gaddang ang pagmamahal sa mga magulang at nakatatandang kamag-anak, paggalang at pagtulong sa kapwa-tao, paggalang sa Diyos, pagpapahalaga sa edukasyon, paggabay sa mga anak sa kanilang paglaki at pagkalinga at pangangalaga sa malinis at maayos na kapaligiran. Pinapatalas ng bugtong ang kaisipan at pinapaganda ang takbo ng buhay sa pamamagitan ng taglay nitong magagandang áral.

Tunghayan ang ilang halimbawa ng mga bugtong na nakasulat sa Wikang Gaddang at naisalin sa Wikang Tagalog sa ibabang talahaanayan:

Talahanayan 31. Mga Halimbawa ng mga Bugtong sa Katutubong Gaddang

<b>Wikang Gaddang</b>	<b>Wikang Tagalog</b>	<b>Sagot</b>
Ahao nay o gafi, gafi nay o ahao.	Ang araw ay ginagawang gabí, ang gabí ay ginagawang araw.	Lammag ( <i>Owl</i> )
Ana tata sinolay ammena makkidam nu maturug.	May isang nilaláng na hindi isinasara ang mga mata kapag natutulog.	Durun ( <i>Grasshopper</i> )
Baston y San Jose ammena masiddun.	Baston ni San Jose, hindi mahawakan.	Irao (Ahas)
Cayu ino liwan na, tolay no unag na.	Kahoy sa labas, tao sa loob.	Lungon ( <i>Coffin</i> )
Iraw yo baggina, posit yu ulona.	Ang katawan ay ahas, ang ulo ay pogita.	Iyog ( <i>Coconut</i> )
Manok a borboran, nattuttud si kaasitan.	Manok na punò ng balahibo, umupo sa katinikan.	Ufud ( <i>Bamboo Shoot</i> )
Nallakad y Juan, nagadua ino dalan.	Dumaan si Juan, nahati ang daan.	Zipper ( <i>Ziper</i> )
Nu ibbafaw ay sinalacassag, nu arrolam ay malilimac.	Maingay kung mababaw, tahimik kung malalim.	Mahat ( <i>River</i> )
Nenay ino katannangan a tolay a tumallung. Sino puerta assimban.	Sino ang pinakamatangkad na táong pumapasok sa pintuan ng simbahan?	Dungkug ( <i>Hunchback</i> )
Nu mattuttud attannang, nu mattadda ibbafa.	Maliit kapag nakatayo, matangkad kapag nakaupo.	Atu ( <i>dog</i> )
Nu mullug, mabattug. Nu munek, mabisin.	Nang bumaba, napuno. Nang umakyat, nagutom.	Karalang ( <i>Earthworm</i> )
Payong y Sta. Marya, ammena mabata.	Payong ni Santa Marya, hindi nabábasâ.	Don na fatal ( <i>Dahon ng Gabi</i> )

4. Ang Tula

**Lallao** (*Tula*) ang tawag ng mga katutubong Gaddang sa tula. Karaniwan itong binibigkas sa mga natatangi at panlipunang okasyon sa pamayanan. Karaniwang paksa ng kanilang mga tula ang pag-ibig, mabuting gawa at pag-uugali, paglilingkod, kawanggawa at pagtalima sa pamahalaan, sa mga magulang, mga nakatatandang kamag-anak at sa Diyos.

**BERSO NA AN-ANAP**  
**Berso ng Nabigong Pag-ibig**

Tata a lappao yo pangirang-ngirang cu  
So bahu a sinag, bamba-bannay na dihat  
Metalugaring nu mepadandan sicuam  
Yo neduma a anggam, neduna a anap

Daddaramat anna fuab  
Yu mammanok era naccayaccac  
Na cancion mapparaparappag  
Y canta-cantada a iyayag yo anggam cu  
Yo anggam cu a madammat a suerte

Cuppat a bucal  
Cuppat a inanaman  
Cuppat a buccal yo innac a imula  
Yo mangiada si allac nga rin ira yo pattolayan  
Nattufu, naddam, napangga, nallappao  
Udde menangue nabbunga

#### 5. Mga Kuwentong-bayan

### **ANG ILOG MAGAT (No Bida na Danum Magat)**

Ito ay kuwento ng isang matapang, matipuno at napakalakas na mandirigmang nagngangalang **Magat**. Sa pamamagitan ng kaniyang pambihirang lakas at katusuhan, tinalo ni Magat ang limampung mandirigmang pinangugunahan ni Gura, ang mahigpit niyang kaaway. Si Gura lámang ang natirang buhay dahil pinatawad siya ni Lindaya. Si **Lindaya** ay isinumpa ni **Angad**, ang dakilang anito ng karagatan. Inibig din ni Lindaya si Magat subalit hiniling niya na huwag muna siláng magkita ng isang linggo. Sa hulíng araw, sinira ni Magat ang binitawang pangako kay Lindaya dahil naniwala siya sa mga balítang nagtataksil ito sa kaniya. Sa pighati, nagpakamatay si Magat sa sapa. Di naglaon, lumaki ang sapa at naging malaking ilog. Ito ay tinawag na ILOG MAGAT.

### **ANG MAPALAD NA USA (Mapalad na Utta)**

Bílang pagsubok sa laláking pakakasalan ng kaniyang anak, humingi ang ama ng babae na dalhan siya ng usa na walang tali. Nagpunta ang ina ng lalaki sa gubat at naglagay ng pagkain sa bilao. Nang kainin ito ng usa, nakatulog iyon sa bilao. Binuhat ng ina ang bilao patungo sa bahay ng babae. Kapag may nagtatanong kung ano ang kaniyang dala, pabulong niya siláng sinasagot. Malapit na siya sa patutunguhan ng magtanong ang isang matandang bingi. Hindi nito marinig ang bulong ng babae. Sa inis, pasigaw na inulit ng babae ang kaniyang sagot. Nagising ang usa at mabilis na tumakas. Ipinagpaliban muna ang kasalan.

## **SI JUAN TARANGAN** **(Juan Tarangan)**

Isang mangangahoy ang nakatagpo ng isang maliit na tao sa loob ng butas ng punò na pinuputol niya. Ito raw ay ikinulong doon ng engkanto. Inampon ng mag-asawa ang maliit na tao na tinawag nila na **Juan Tarangan** dahil aanim na pulgada ang taas nito. Tinutulungan ni Juan ang ama sa pag-aararo at pagsasaka. Minsan may magnanakaw sa bahay nila, nagtatakbo si Juan sa iba't ibang direksiyon habang nambabato. Akala ng mga magnanakaw sila ay napapaligiran kayat mabilis siláng tumakas. Napigilan ni Juan ang masamang balak ng mga magnanakaw.

## **BIWAG AT MALANA** **(Domingo S. Baluyan)**

Matagal na panahon na ang lumipas sa probinsya ng Cagayan. Mayroong dalawang magkaibigan na may taglay na pambihirang lakas. Sa panahong iyon sa parehong lugar, ay nagkaroon ng mga malubhang pangyayari. Taon-taon, marami sa mga tao ay pinapaslang ng mga Kalinga at Ifugao. Marami rin sa kanila ang kinain ng mga buwaya na naninirahan sa Ilog Cagayan. Dahil sa suliraning ito, biniyayaan ng Diyos ang dalawang magkaibigan upang kanilang pawiin ang araw-araw na paghihirap at pasakit ng mga tao.

Isang araw sa bayan ng Cauayan, Isabela, itinapon ng mga tao ang kanilang kabanalan sa Ilog Cagayan. Sa kagustuhan ng Diyos na sila ay parusahan, isang buwaya na kasinglaki ng isang malaking lamesa ang lumitaw. Kinain nito ang lahat ng mga táong naroroon sa bayang iyon maliban sa isang magandang dilag na nagtago sa ilalim ng isang *iron vessel*.

Nagkataong nang araw na iyon, kararating lámang nina **Biwag** at **Malana** mula sa isang pagtutuos laban sa mga Kalinga at Ifugao. Tinahak nila ang daan na bumabagtas sa bayan ng Cauayan. Habang binabagtas nila ang bayan, nakarinig sila ng isang tinig mula sa isang dilag na humihingi ng saklolo mula sa Diyos. Agad nilang hinanap ang dilag nang marinig nila ang pagtangis na ito. Nang makita ay agad nila itong tinanong kung anong nangyari, sinabi nito sa dalawa na ang lahat ng mga tao sa kanilang bayan, maliban sa kaniya, ay kinain ng isang malaking buwaya. Matapos ang kaniyang pahayag, tinanong ng dalawa ang kinaroroonan ng nasabing hayop. Itinuro ng dilag ang pinakamalalim na bahagi ng ilog.

Kaagad namang tinungo ng magkaibigan ang lugar. Lumundag sa tubig si Malana habang nag-abang naman sa tabing-ilog si Biwag. Nang makita ng buwaya si Malana, ibinuka nito ang kaniyang bibig. Agad namang hinablot ni Malana ang isang hibla ng talahib at ibinato ito sa bunganga ng buwaya dahilang upang tumiklop ang mahahaba nitong mga panga. Sa tulong ni Biwag, nailigtas si Malana laban sa matapang na buwaya. Napatay nila ang buwaya at agad nila itong inilibing. Matapos

ang pangyayaring ito, binuhat nila ang dilag at dinala sa karatig-bayan. Ang pambihirang lakas nina Biwag at Malana ay naging tanyag sa buong Pilipinas, maging sa España. Kinatakutan ng lahat ng tao sa Hilagang Luzon ang pambihirang lakas ng dalawang magkaibigan.

Nang mga panahong iyon, madalas ang pagsiklab ng mga digmaan sa pagitan ng mga Kastila at mga Pilipino. Nang ideklara ang digmaan sa Maynila, ipinatawag sina Biwag at Malana upang harapin ang mga Kastila. Nang makarating sa kanila ang balitang ito, agad nagtakda ng araw ng pagsisimula sina Biwag at Malana. Nakatakdang maglakbay sa kalupaan si Biwag samantalang sa dagat naman si Malana. Kailangan nilang marating ang Maynila sa loob ng isang araw.

Kinaumagahan ng sumunod na araw, nagsimula na ang magkaibigan sa kanilang paglalakbay patungong Maynila. Walang armas na naglakbay sa dagat si Malana habang naglakbay naman sa kalupaan si Biwag dalá ang isang punò ng niyog na kaniyang binunot sa isang sakahan. Hapon ng araw ding iyon ay narating nila ang Maynila. Ipinaghanda sila ng dalawang baká sa gabíng iyon at sila ay namahinga.

Pagsapit ng bukung-liwayway ng sumunod na araw, nagising ang dalawa sa tawag ng isang bugle. Hudyat ng pagsisimula ng araw ng digmaan. Agad nilang tinungo ang lugar ng tunggalian at agad nagsimula ang labanan. Pinaulanan ng bala ng mga sundalong Kastila si Biwag ngunit wala ni isang bala ang tumatama sa kaniya. Sinubukan ng mga sundalong Kastila na siya ay atakihin gamit ang espada, ngunit sa tuwing inihahambalos nito ang kaniyang espada, tinatamaan at namamatay ang mga Kastila.

Samantala, sa tuwing mayroong papadaong na barko sa pantalan ng Maynila, sumisisid pailalim si Malana kasama ng barko na siyang nagdudulot ng paglubog ng mga ito. Bumaha ang dugo sa paligid ng pantalan ng Maynila, nagpatuloy ang labanan ngunit umiwas ang mga Kastila. Gayunpaman, matapos ang ilang linggo, malaking bílang ng mga sundalo ang nalagas sa panig ng mga Kastila na naging dahilan upang sila ay sumuko. Hindi napaslang ni nasugatan man lámang si Biwag.

Gabí matapos ang labanan, isang malaking piging ang idinaos sa Maynila para sa despedida nina Biwag at Malana. Ang nasabing piging ay inihanda ng mga Kastila para kina Biwag at Malana. Sa gitna ng kasiyahan, ang magkaibigan ay inalok ng alak, lingid sa kanilang kaalaman na ito pala ay may halong lason. Matapos inumin ng dalawa ang nasabing alak, sila ay binawian ng buhay. Sa kasalukuyan, maraming tao ang naniniwala, lalo na sa Lambak ng Cagayan, na mayroong larawan at monumento sa Maynila ang dalawang magkaibigan bílang pagpupugay sa kanilang ipinamalas na kagitingan.

## 6. Mga Alamat

### **SI BAYUN, ANG MATAPANG AT MALAKAS (Afofug y Bayun a Mengal, Malalaki y Matuyag)**

Ayon sa alamat na ito ang mga taga-Lumabang ay malimit na salakayin at pagnakawan ng mga Ifugao. Natigil ito nang maging pinunò nila si **Bayun**. Si Bayun ay matapang, malakas at may taglay na maladiyos na kapangyarihan. Nang sumusugod ang mga Ifugao, ngumuya siya ng buyo at sumigaw ng mahiwagang salita. Hindi makakilos ang mga Ifugao. Pinugutan sila ng ulo ni Bayun. Ang ibang Ifugao ay ginawa niyang Alipin. Dahil sa takot sa kapangyarihan ni Bayun, hindi na muling sumugod ang mga Ifugao sa Lumabang. Umunlad nang umunlad ang bayan ng Lumabang na kung tawagin ngayon ay Solano.

### **ANG MALAKING AHAS (Bida na Tata Docal a Irrao)**

Isang malaking ahas na mayroong maladiyamanteng tatak sa ulo ang dumaan sa bayan ng Bayombong noong **si Pedro Liban** pa lámang ang gobernadorsillo. Kasama ang maliliit na ahas, ang malaking ahas ay tumuloy sa simbahan ng La Torre at biglang naglalaho sa likod ng simbahan. Dahil hindi naman ito namiminsala o nananakit, sinasalubong ito ng mga tao ng banda at kasiyahan. Naniniwala sila na ito ay himala nang Immaculada Concepcion, ang patron ng La Torre, na sa kaniyang rebulto ay nakatapak sa ulo ng ahas.

### **ANG SIRENA SA MABALIT (Yo Sirena So Mabalit)**

Ikinukuwento ng alamat na ito ang iba't ibang karanasan ng mga táong nakakaengkuwentro ng mga **sirena**. Isang batà ang nadulas sa bangkang tumatawid sa ilog at hindi na muling natagpuan. Isang kuwadrilyoro mula sa Bambang ang nawala rin habang tumatawid sa ilog. May isa pang laláking nawala rin sa ilog ang muling natagpuan subalit hindi na matino ang kaniyang pag-iisip. Mayroon ding nakaligtas sa sirena na buo ang isip subalit nang magkuwento ito tungkol sa kaharian ng mga sirena ay bigla siyang namatay. Sinasabi sa alamat na ang mga sirena ay nangunguha ng mga tao tuwing may prosisyon.

### **SI MAMBAG, ANG HIGANTE (Afofug Y Mambag, Yo Higante)**

Noong unang panahon may isang higante na nakatira sa isang kuweba sa Luyang. Si **Mambag**, ang higante, ang siyang umuubos sa mga alagang hayop ng mga taga-Bayombong. Napagkaisahan ng mga tao na patayin ang higante subalit hindi ito tinablan ng kanilang mga sandata. Takot na umatras ang mga tao. Sa galit ni Mambag, sinipa niya

ang malaking bato sa bungad ng kaniyang kuweba. Ang bato ay napadpad sa palayan ni **Jose Cutaran**. Naron pa rin ang bato sa ngayon.

Bagaman napanatili ang ilang mga piling literatura ng katutubong Gaddang at naisulat sa mga aklat at pananaliksik, napag-alamang kulang pa rin sa kaalaman ang mga kabataan sa kanilang literaturang oral. Ilan sa kanilang mga dahilan kung bakit hindi halos nila alam ang kanilang mga literaturang oral ay dalá ng matinding impluwensiya ng makabagong teknolohiya at *media*. Mas malimit diumano siláng gumagamit ng *cellphone* at *computers* sa kanilang bakanteng oras.

Ganito ang sinabi ni G. Crispin Gurat sa panaayam ng mga mananaliksik, “*ako, pinapagalitan ko ang mga batà kung nagsasalita sila ng Tagalog. Sabi ko sa kanila, “Bakit? Ano ba ang nanay at tatay ninyo? Hindi ba mga Gaddang sila? Sabi ko pa, “Magsalita kayo ng Gaddang dahil alam ninyo magagalit si Governor Agbayani dahil ang sabi niya, “Bakit winawala ninyo ang salitáng Gaddang dito sa bayan natin na Bayombong? Dito pa man din sa San Nicolas nanggagaling ang Gaddang.”*

*“Ibalik sana natin ang tradisyong Gaddang. Ang tallelet dapat sanang maibalik dahil ito ang tradisyon natin kung panahon ng kuwaresma. Noong batà pa ako, gigisingin namin sa gitna ng gabí si Governor Dumlao at si Congressman Perez. Nandito lahat kami sa barangay hall. Magluluto kami ng nandila. Nasarapan ang mga tagarehiyon noon, pista ng Nueva Vizcaya noon, Governor pa noon si Agbayani, kami ang nag-umpisang maglagay ng nandila sa sampayan. Kayâ nang nagtalop ako ng nandila, ipinunta ko sa mga tagarehiyon, tinikman nila at napakasarap sabi nila. Kayâ nagpapasalamat si Governor Agbayani dahil meron ding naipakita ang Gaddang noon”,* dagdag pa ni G. Gurat nang may pagmamalaki.

Mababanaag sa mga binanggit ni G. Gurat na malaki ang ginagampanan ng wika sa paghubog sa pag-uugali ng isang tao, lalo na ang mga kabataan ngayon. Ang pagkabura sa kultura at tradisyon sa isip ng mga kabataan ay dahil sa hindi na rin nila diumano sinasalita ang dayalekto nila. Ang unti-unting pagkalimot sa kanilang wika ay nangangahulugang pagkalimot sa kulturang matagal nilang iningatan.

Magkakabit ang wika at kultura. Ang anumang wika ay may sariling kultura. Ipinapakilala ng wika ang klase ng tao sa lipunang iniikutan niya. Kapag ang isang tao ay nakikipag-ugnayan sa ibang tao, tribu o lahi, hindi maiiwasan na makikilala rin nito ang kultura at pag-uugali ng mga táong gumagamit ng wika. Sa kabiláng banda, hindi kailanman maintindihan ng sinuman ang kultura at pag-uugali ng isang lahi o tribu kung hindi niya naiintindihan ang wika na kaniyang ginagamit.







Larawan 32. Ang **nandila**, isang masarap na kakanin ng katutubong Gaddang

“Ang pagkanta ng *pasyon*, ituturo sana natin sa mga batà dahil ang mga matatanda ay mahina na ang mga mata nila. Kailangang maturuan ang mga batà sa pagkanta ng *pasyon*,” ang pahabol ni G. Gurat sa pagpapatuloy ng panayam ng mga mananaliksik. Sa ganitong himig ng panayam, mararamdaman ang nanghihinayang na damdamin ng mga nakatatandang Gaddang sa hindi pagpapahalaga ng mga kabataang Gaddang sa kanilang literaturang oral.

Gayunman, mapalad ang mga manaliksik na nakapanayam at natunghayan ang ilang mga kabataang Gaddang sa Roxas, Solano, Nueva Vizcaya na kumanta at sumayaw sa saliw ng mga awiting Gaddang. Ipinamalas nila ang kanilang husay sa pagkanta ng mga awiting Gaddang na may halong sayaw. Ayon sa kanila, natutuhan nila ang mga sayaw at awit sa kanilang mga lolo at lola. Ito ay karaniwan nilang itinatanghal sa tuwing may pagdiriwang ng pista sa kanilang barangay at sa bayan ng Solano.

Ayon kay G. Joaquin Lannu, *Council of Elder* ng Solano, sadyang itinuturo diumano nila sa mga kabataan ang mga sayaw at awit ng katutubong Gaddang upang hindi nila ito tuluyang makalimutan. Maaari pa diumano nila itong maipamalas bílang pamukaw sigla (*intermission number*) sa tuwing may pagdiriwang ang mga barangay at ang bayan ng Solano. Naniniwala siya na sa pamamagitan nito, makakatulong sila na mapanatili sa isipan ng mga batà ang mga lumang literatura, sining at kultura ng Gaddang at maaaari pa nila itong ilipat sa kanilang magiging mga anak sa mga susunod na panahon.

Sa isang artikulong inilathala ng *Day Translations* (2018) sinasabi nila na ang isang tao na nais matuto ng isang wika ay hindi natatapos lámang sa pagkatuto sa alpabeto, ayos ng pangungusap, panuntunan at gramatika nito. Kasama sa pagkatuto ng wika ang pag-unawa rin sa kultura at pag-uugali ng lipunan na gumagamit ng wika. Dahil ang wika ay kakabit ng kultura.

Ang pariralang “ang wika ay kultura at ang kultura ay wika” ay malimit mabanggit sa mga talakayan ukol sa wika at kultura. Magkakabit at hindi kailanman naghihiwalay ang wika at kultura, sila ay iisang katawan at malakas ang impluwensiya nila sa isa’t isa. Gámit ang nasabing konteksto, binanggit ni Alfred L. Kroeber, isang Amerikanong Kultural na Atropologo na umuusbong ang kultura at pag-uugali ng isang tao sa panahong siya ay nagsisimulang magsalita. Sa madaling salita, sabay na nadedebelop ang wika at kultura ng isang tao.

Samantala, sinabi rin ni Ferruccio Rossi-Landi, isang Pilosopong Italyano na ang pagdebelop ng kultura ay bunga ng kaniyang pakikipag-ugnayan sa mga tao sa lipunan. Ika

niya, ang batà ay natututo ng wika at kultura sa kinamulang lipunan. Sa proseso ng pagkatuto sa pagsasalita, kasabay na nakikilala at natutuhan ang mga gawi ng mga táong nagpakilala sa kaniya sa wika.

Payak lámang ang paliwanag ni Kramersch (2002) sa ugnayan ng wika at kultura. Ayon sa kaniya, ang wika ay hindi lámang mahalagang instrumento ng komunikasyon kundi isang simbolikong sistema na may malakas na impluwensiya sa pagbubuo at paghuhulma ng pag-uugali, paniniwala, pagkakakilanlan at kultura ng isang tao. Sa madaling salita, ang pagkatuto ng wika ay pagkatuto ng panibagong kultura.

## IX. SIKLO NG BUHAY NG MGA KATUTUBONG GADDANG

### Ang Panahon ng Paglililihi, Panganganak at Pagkabata

Maraming pinaniniwalaang pamahiin ang mga katutubong Gaddang pagdating sa paglililihi, panganganak, at pagpapalaki ng batà. Ito ang karaniwang nagsisilbing patnubay nila tungo sa maayos at mapayapang búhay. Ang mga karunungan ito ay minana nila sa kanilang ninuno na inililipat hanggang sa kasalukuyang henerasyon.

Sa panayam ng mga mananaliksik sa mga baabeng impormante, napag-alaman na kapag naglililihi ang isang babae, lahat ng nais niyang kainin ay dapat na maibigay para maiwasan na magkaroon ng kapansanan ang kaniyang dinadala. Naniniwala sila na kapag hindi napagbigyan ang naglilihing ina, posibleng lalabas ang batà na putol ang kamay o paa, bingot, duling at iba pang uri ng kapansanan na dulot diumano ng pagkabigo niya sa panahong siya ay naglililihi. Mahigpit ding pinagbabawalan ang inang naglililihi na mamitas ng bunga ng punongkahoy dahil posible diumanong mamatay ang punò kapag siya mismo ang namitas ng bunga.

Mahigpit din daw na ipinagbabawal sa babaeng naglililihi na kumain ng anumang maitim na pagkain para hindi maging maitim ang kaniyang magiging anak paglabas. Nais din nilang laging malinis at maganda para magandang batang babae ang kanilang isisilang. Kapag maitim ang leeg ng babaeng naglililihi, malamang na lalaki daw ang kaniyang dinadala at kapag maganda daw ang awra ng babae, malamang babae ang kaniyang ipinagbubuntis.

Pagkapanganak, may mga katutubong Gaddang pa rin ang matiyagang sumusunod sa mga simpleng pamahiin upang maiwasan ang pagkakasakit pagtanda. Isa na rito ang hindi pagligo ng lima hanggang sampung araw. Mahigpit na ipinagbabawal ng mga matatanda ang agad na pagligo pagkapanganak dahil posibleng magkasakit ang bagong panganak na ina. Kapag maaari nang siyang maligo, kinakailangan na ipainit ang tubig para maging maganda ang kaniyang pakiramdam.

Karaniwan ding binabalot ng makakapal na tela ang babaeng bagong panganak para hindi pasukin ang kaniyang katawan ng lamig. Binabalot din nila ang kanilang tiyan para maiwasan ang pagdurugo nito. Minsan, sila ay nagpapahilot ng langis na gáling sa niyog para mas mabilis na maibalik ang kanilang lakas at magiging maganda ang pagdaloy ng kanilang dugo.

Habang lumalaki, pinasususo ng gatas ng ina ang mga anak. Bílang alternatibo, uso pa rin ang sinaunang pagpapasuso ng katas ng kanin at tinatawag itong **am**. Naniniwala sila na mabisang pampalakas ng katawan ng bata ang “*am*” dahil ito ay hango sa katas ng kanin. Kapag may trabaho ang ina, karaniwan nilang pinasususo ang kanilang anak ng gatas na nabibili sa tindahan.

Sa loob ng bahay nanganganak ang inang Gaddang. Siya ay pinapaanak ng **milot**, ang tawag sa táong nagsasagawa ng pagpapaanak sa komunidad. Pagkatapos manganak

ang isang ina, agad na ibinabaon sa lupa ang pusod ng sanggol o kayâ ay ibinibitin sa sanga ng punongkahoy para maiwasang tangayin ng hayop na gumagala sa komunidad. Kinakailangan ding sunugin ang lumang damit upang mailayo sa masamang espiritu ang nanganak na ina.

Pagkapanganak, mahigpit na ipinagbabawal ang pagkain ng tubó, pinya o isda na nahúli sa pamamagitan ng dinamita sa loob ng tatlong linggo. Ipinagbabawal din ang pagkain ng matatamis para maiwasan ang pagkakasakit o pagkamatay, **patanggap** ang tawag dito. Hindi maaaring maligo ang bagong panganak sa loob ng halos isang buwan.

Bawal kumain ng gábi para maiwasan ang pangangati ng katawan. Kapag maaari na siyang maligo, pinaglagaan ng dahon ng bayabas, suha, at lagundi ang kaniyang ipinampapaligo. Sa kaniyang pagkain, sabaw ng talaba o karne ng manok na may malunggay at luya para mabilis na dumami ang gatas na ipinapasuso sa kaniyang anak. Anim na buwan ang kinakailangang palipasin bago siya maaaring magtrabaho.

Habang lumalaki ang batà, siya ay kinakarga ng kaniyang ina hanggang sa siya ay matutong maglakad. Itinatali ng ina ang kaniyang anak sa kaniyang baywang gámit ang manipis na kumot para siya ay makapagtrabaho nang maayos. Mula sa edad na dalawa hanggang anim, maaari nang kumaing mag-isa at makipaglaro ang isang batà sa kaniyang kapwa batà. Mula anim hanggang labindalawang taon, tinuturuan na ang mga batà na magtrabaho sa bahay o sa bukid. Bahagi ito sa disiplinang ipinatutupad ng mga magulang sa kanilang mga anak.



Habang lumalaki ang batang lalaki, siya ay isinasama ng ama sa bukid para tumulong sa pagtanim, pangingisda, pangangaso, at iba pang gawain na laan lamang sa mga lalaki. Samantala, ang mga babae naman ay tinuturuang magluto, maglaba, maglinis ng bahay at iba pang gawaing-pambabae. Sa edad na labindalawa pataas, kinakailangang matutuhan na ng batang Gaddang ang pagtatrabaho sa bukid para makaraos sa pang-araw-araw na buhay.

### Larawan 33. Mga kabataan na naksuot ng damit ng katutubong Gaddang

Dala ng sobrang hirap ng búhay noon, karamihan ng kanilang mga anak ay hindi nakapagtapos ng pag-aaral. Karaniwang elementarya lámang ang kanilang natatapos. Sa murang edad, kinakailangan na nilang matutuhang magtrabaho para mabuhay. Dahil dito, maagang nahantad sa mabibigat na trabaho ang mga batà na nagbunga ng pagiging masipag sa trabaho ng mga katutubong Gaddang.

Sa paglipas ng panahon, maraming mga paniniwala ang nagbago habang ang ilan ay unti-unti nang nawawala. Kasabay ng pagkawala sa kanilang isipan ang halaga ng

kanilang wika ay ang pagkabura din ng kanilang nakasanayang kultura at tradisyon. Makabago na ang panahon kayâ makabago na rin ang paraan ng kanilang paglilihi at panganganak. Malimit na sa mga pamribado o pampublikong klinika o ospital na sila nanganganak. Natatakot diumano silang isugal ang kanilang kalusugan kasama ng maayos na kalagayan ng kanilang isisilang na sanggol. Sinabi ng mga impormante na sa dami ng mga hindi magandang nangyayari sa paligid, mahirap nang magtiwala sa mga hilot at mga tradisyunal na manggagamot sa ngayon. Sa mga doktor at klinika o ospital na sila nagtitiwala sa tuwing sila ay nagkakasakit maging ang kanilang mga anak.

Samantala, mapapansin na masipag at matiyaga na ring mag-aral ang mga kabataang Gaddang ngayon. Marami sa kanila ang nagtataglay ng mataas na karunungan at nangangarap na makatapos ng iba't ibang kurso na maaaring magamit sa paghubog ng magandang pamilya sa hinaharap. Karamihan sa kanila ay nag-aaral sa mga pampublikong paaralan, bagaman may mga kabataang Gaddang din na sa pribadong paaralan nag-aaral.



Makikita sa mga larawan ang buhay ng mga kabataang Gaddang sa Villa Coloma, Bagabag, Nueva Vizcaya. Ang paglalaro ay karaniwan nilang isinasagawa sa daan kung saan doon may maluwang na espasyo para sa kanilang nakasanayang mga laro.

Larawan 34. Ang mga batang katutubong Gaddang ng Bagabag, Nueva Vizcaya

Hindi na rin kaiba ang mga kabataang Gaddang ngayon. Kung paanong naimpluwensiyahan ng *media* at makabagong teknolohiya ang karamihan sa mga kabataan ay ganoon din halos lahat ng kabataang Gaddang. Mas abala diumano sila sa pagtipa ng

kanilang *cellphone* at paglalaro ng kanilang *computer* o *gadgets*. Malimit na hindi nila nagagampanan ang kanilang mga gawaing bahay na nakatoka sa kanila.

Naikumpara pa ng mga nakapanayam ng mga mananaliksik na ang mga kabataan ngayon ay malayo sa mga kabataan noon. Sabi nila, hindi na diumano sila kinakikitaan ng *sense of responsibility*. Kung hindi mo sila utusan, hindi nila alam ang kanilang trabaho. Kailangang laging sinasabi kung ano ang kanilang gagawin. Wala din daw alam sa mga gawain sa pagsasaka at pangingsda. Maski ang mga simpleng gawain sa bahay ay malimit din nilang makaligtaang gawin. Kayâ labis na nangangamba ang mga magulang na malamang kapag hindi sila nakapagtapos ng pag-aaral ay wala diumanong patutunguhan ang kanilang mga búhay.

Sa *social media* na daw nakatuon ang buhay ng mga kabataan ngayon. Kaakibat ng ganitong henerasyon ang mabilis na pagbabago ng kanilang pag-uugali, hindi gaya ng dati na masipag, magalang at responsable ang mga kabataan, ika ng mga magulang na nakapanayam ng mga mananaliksik. Ayon sa isang pag-aaral, sadyang malayo ang mga kabataan ngayon sa mga kabataan noon. Imbes na ituon ang kanilang sarili sa kanilang pamilya at pag-aaral, mas pinipili nila na makasama ang kanilang mga kaibigan na karaniwang may malaking impluwensiya sa kanilang pag-uugali at pakikitungo sa kanilang pamilya at sa ibang tao. Marami sa kanila ang nagiging rebelde, palaban at nais maging malayang gawin ang anumang bagay na ikinasisiya nila. Iba na rin ang kanilang pananamit at kilos na karaniwang wala na silang pakialam sa maaaring kahinatnan ng lahat sa hinaharap. Mas pinipili ng ilang kabataan na mamuhay mag-isa at ayaw na nilang pasakop sa kanilang mga magulang.

Sa sarbey na isinagawa ng *Social Weather Station* noong 1996, diumano ang mga kabataang Pilipino ay marangal at handang ipaglaban ang kanilang bayan sa panahon ng digmaan, may pagpapahalaga sa kasal, pamilya, kaibigan, edukasyon, trabaho, relihiyon, lipunan, at pera. Hindi gaano sa pagsasaya, paglalakuwatsa at pulitika. May pagmamahal sa pamilya at mataas na pagpapahalaga sa mga bagay na nagawa ng kanilang mga mahal sa búhay sa kanila.

Ngunit paglipas ng panahon, mabilis na tumaas ang kriminalidad, paggamit ng bawal na gamot, pakikipagrelasyon at pakikipagtalik na karamihan ng mga kasangkot ay mga kabataan. Ito ay pinatunayan ng SWS na nangyayari hanggang sa kasalukuyan. Kabikabila ang napapanood sa telebisyon at nababasa sa mga pahayagan na maraming kabataan ang nasasangkot sa masamang gawain. Idinagdag ng SWS na sa edad na 14–24, marami na ang nasasangkot sa bawal na gamot, paninigarilyo at pag-inom ng alak. Sa isang pag-aaral na ginanap noong 1994, umaabot sa 2.75 milyong kabataan ang naninigarilyo at 4.7 milyon naman ang umiinom ng alak. Habang ang ibang kabataan ay nasasangkot sa maagang pagbubuntis at kapag hindi handa ay humahantong sa pagpapalaglag ng kanilang ipinagbubuntis. Ito na diumano ang kasalukuyang mukha ng mga kabataang Pilipino.

Bagaman hindi lahat ay nagpapakita ng masamang imahe, may mga kabataan naman na nagpapakita ng magandang pag-uugali. Sa batang edad, sila ay nagtatrabaho na dahil sa kahirapan. Ito ay pinatunayan ng isinagawang pag-aaral ng *National Statistics*

*Office* (NSO) noong Hulyo, 1995 na diumano ay may 3.7 milyon ang nagtatrabaho sa murang edad, 70 bahagdan ay nagtatrabaho sa larangan ng pangangisda, pagsasaka at pangangahoy. 24 bahagdan sa serbisyo at kalakal at 5 bahagdan naman sa industriya.

Samantala, ang pinakamalinaw na katotohanan ngayon na ang mga kabataan, kapag hindi sa masamang gawain nasasama o hindi maagang nagtatrabaho dahil sa kahirapan, malimit nauubos naman ang kanilang oras sa paglalaro ng *computer*, paggamit ng *cellphone*, *e-mail*, *internet*, *surfing* na malimit na nawawalan sila ng panahon na makipag-usap sa kanilang pamilya. Gayunman, sabi ni Villar, ito na ang uso sa mga kabataang Pilipino ngayon, nahirati na sila sa makabagong teknolohiya.

### **Ang Panahon ng Pagbibinata, Pagdadalaga at Pag-aasawa**

Batid ng mga matatandang Gaddang ang maaaring pagdaanan ng kanilang mga nagbibinata at nagdadalagang mga anak. Bahagi na ng kanilang kultura ang pagliligawan at pakikipag-asawahan sa tamang panahon. Gayunman, matindi rin ang ginagawa nilang pagsubaybay upang masiguro ang maayos at magandang kahihinatnan ng buhay ng kanilang mga anak.

Sa panayam ng mga mananaliksik sa mga katutubong Gaddang na may edad na 60–90, sinabi nila na ang panliligaw noon ay isinasagawa lámang sa loob ng bahay ng babae. Umaakyat ng ligaw ang lalaki sa bahay ng babae at naninilbihan bago makuha ang matamis na “**oo**” ng babae. Kinakailangan niyang amuin o ligawan muna ang mga magulang ng babae sa pamamagitan ng pagsisibak ng kahoy, pag-iigib ng tubig at pagtulong sa ama ng babae sa bukid. Pagkaraang magawa ang mga bagay na nabanggit, maaari nang maging magkasintahan ang babae at lalaki. Sa panahong ito, mahigpit na binabantayan ng mga magulang ang kanilang anak na babae dahil mahalaga para sa kanila ang karangalan ng kanilang anak bago ikasal sa kaniyang mapapangasawa. Sa katunayan, mahigpit na ipinagbabawal na lumabas ng bahay ang babae kasama ang kasintahan hanggang hindi pa sila naikakasal.

Sakaling handa na ang magkasintahang babae at lalaking magpaksal, ang pag-uusap ng magkabilang panig ay lubhang mahalaga. Sa paghaharap ng mga partido ng babae at lalaki, kanilang pinag-uusapan ang lahat ng mga bagay na dapat gagawin para sa gaganaping kasalan, gaya ng (a) kung saan gaganapin ang kasal na karaniwang ginaganap sa bahay ng babae, (b) ang ihahandang pagkain para sa kasal. Ang handang pagkain sa kasal ay karaniwang nanggagaling sa panig ng kalalakihan, (c) ang paghahanda sa lugar ng kasalan na karaniwang inihahanda ng mga kalalakihan, at (d) kung ano ang maaari at kayang ihandog ng lalaki sa babae para sa pagsisimula ng kanilang bubuuing pamilya. Pagkatapos na mapag-usapan ang lahat ng gagawin, itinatakda ng magkabilang panig ang araw ng kasal na dadaluhan ng lahat ng kamag-anak ng dalawang pamilya.

Sa edad na 14, pinapayagan na diumanong mag-asawa ang isang babae samantalang 17–20 naman para sa mga lalaki. Kapag nais na nilang mag-asawa, kinakailangang magpaalam sa kanilang mga magulang. Ipinapaliwanag sa kanila ang kanilang magiging tungkulin sakaling sila ay mag-asawa na. Kapag nagkasundo na ang

magkabilang panig, ang mga kalalakihan ay maghahandog ng **kiring**. Maaaring maghahandog ng kalabaw ang kalalakihan bílang pambayad sa mga magulang ng babae. Kapag nagkasundo na ang dalawang panig, itatakda na ang **mallanday**, ang pag-akyat ng lalaki sa babae para mapag-usapan ang kasal. Simula sa araw na iyon, ang dalawang panig ay maaari nang magtawagan ng **kafalay**.

Kung maayos na ang lahat, itatakda na ang araw ng kasal. Lahat ng gastusin ay sa pamilya ng lalaki na karaniwang isinasagawa sa bahay ng babae. Karaniwang dalawang araw ang inaabot ng kasalan na pinamamahalaan ng dalawang matatandang babae o katutubong Gaddang na tinatawag na **mabayan** at **makamong**. Sa unang araw ng kasal, ang mga magulang ng kalalakihan ay maghahanda ng makakain para sa mga bisita. Sila ay magkakatay ng mga baboy sa pagpapatnubay ng mga makamong na mag-oobserba sa reaksiyon at ikikilos ng mga baboy na kinakatay. Ito ang magiging batayan kung itutuloy o hindi ang kasal. Pagkakain sa hapon, magsisimula na ang seremonya ng kasal. Magpapatugtog ng **gong** bílang hudyat ng pagsisimula ng sayawan. Ang sayawan ay magtatagal hanggang sa susunod na madaling araw. Pagkatapos ng kasal, ang bagong mag-asawa ay magsisimula na ng buhay may-asawa.

Sa unang taon ng bagong mag-asawa, makikitira ang lalaki sa bahay ng babae upang siya ay maobserbahang mabuti kung káya na niyang magpakita ng kasipagan at pagiging magalang na tinatawag na **pangat-wangan**. Kinakailangan niyang makibahagi sa mga gawain ng pamilya ng babae hanggang sa payagan na siláng humiwalay pagkaraan ng isang taon. Dito na magsisimula ang búhay mag-asawa ng dalawa.

### **Ang Panahon ng Katandaan at Kamatayan**

Sa panahon ng pagtanda, maraming mga pamahiin ang sinusunod ng mga katutubong Gaddang para humaba ang kanilang buhay. **Albularyo** ang karaniwang nanggagamot bago natutuhan ng mga katutubong Gaddang ang modernong paraan ng panggagamot. Pagtatapal ng mga dahon gaya ng malunggay, guyabano, bayabas at iba pa ang madalas na ginagamit para maibsan ang sakit na kanilang nararanasan.

**Annu-annung** ang tawag sa nabati ng hindi nakikita. Dahon din ang karaniwang iginagamot sa tuwing may nakakaramdam ng ganito. Paghihilot at pagpipisil-pisil ng katawan naman ang ginagawa kung medyo masakit ang kasu-kasuhan na tinatawag na **naayatan**. Gumagamit ang albularyo ng **tufu** kapag ang pasyente ay nasugatan. Ang ganitong paraan ng panggagamot ay matagal nang sinunod ng mga katutubong Gaddang dahil sa wala pang mga klinika at mga ospital noon.

Sa ngayon, ospital o klinikang pambayan ang agad na takbuhan sa sandaling sila ay nagkakasakit. Wala nang nagsasagawa ng mga **ritwal** ng makalumang panggagamot. Nangangamba na rin ang mga katutubong Gaddang na isugal ang kanilang kalusugan sa tradisyunal na manggagamot na posibleng magdulot lámang ng kapahamakan. Mas ipinagkakatiwala na nila ang kanilang kagalingan sa mga tunay na doktor at sa mga gamot na nabibili sa mga botika kaysa sa mga dahon-dahon na dati ay itinatapal lámang sa bahagi ng katawan na maysakit.





Larawan 34. Ang panayam sa mga kababaihang Gaddang

Makabago na ang panahon ngayon, ika ng mga impormante. Makabago na rin ang paraan ng panggagamot, kayâ hindi na tama na ipagkatiwala ang sarili sa mga albularyo kung mayroon man dahil wala nang katiyakan kung epektibo pa ba ang kanilang paraan ng panggagamot, dagdag pa nila.

Pagdating sa namatay na kamag-anak, ang mga katutubong Gaddang ay nagsusuot ng itim na damit sa buong panahon ng paglalamay at pagdadalamhati. Karaniwang isinasagawa noon ang paglalamay sa loob ng bahay hanggang sa ito ay ilibing. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagwawalis, pagsisiga, o paliligo ang sinuman sa mga kamag-anak ng namatay habang hindi pa ito naililibing. Kinakailangan ang **pag-aayuno** araw-araw at bawal kumain ng anumang pagkain na may buto.

Hindi na rin ipinapagamit ang anumang naiwang kagamitan ng namatay na kamag-anak sa sandaling ito ay nailibing lalo na ang kaniyang mga damit. Pati ang kaniyang dáting hinihigaan noong buhay pa siya ay hindi rin nila ipinapagamit sa mga naiwang kamag-anak. **Affuyug** ang tawag nila sa paghahanda kapag may namatay na kamag-anak.

Habang naglalamay ang mga pamilyang namatayan, sila ay umaawit para pawiin ang kanilang kalungkutan. May dalawang awiting pangpatay na kinakanta ng mga nakikilamay, ang **mabballonsa** at ang **magbinungnga**. Ito ay mga dalit sa paglilibing para maging payapa ang kaluluwa ng namatay. Gayunman, ang mga nasabing dalit ay hindi basta-basta sinasambit kung walang patay dahil may kakabit itong masamang kahulugan para sa mga katutubong Gaddang. Maaari diumanong magdulot ng **kammaral** o masamang kapalaran kapag binibigkas nang walang patay.

Pagkaraan ng **tatlo, lima, pito, o siyam na araw** lámang maaaring ilibing ang patay. Kapag lalaki ang namatay, sinusuotan siya ng **abag** (bahag) at kapag babae ang namatay, siya sinusuotan ng **biling** (panseremonyang damit). Sa araw ng **metanam** (libing), tinutugtog ang **gangsá** para itaboy ang mga hindi mahalagang ingay na maaaring magdulot ng masamang kapalaran. Kumpletong katahimikan at pananalangin ang tangi nilang ginagawa para mapunta sa langit ang kaluluwa ng namatay na mahal sa búhay.

Pagdating sa kanilang preparasyon kapag may namatay na kamag-anak, sinabi ng mga impormante na sinusunod na rin nila ang kasalukuyang gawain ng karamihan sa paglalamay at paglilibing. “*Kung dati ika nila, hindi iniimbalsamo ang mga namamatay, ngayon ay sumsunod na rin kami sa makabagong paraan ng pagtrato sa mga namatay naming kamag-anak. Ipinaiimbalsamo na rin namin ang aming kamag-anak na namatay at pinaglalamayan sa hindi bababa sa lima hanggang siyam na araw at gabi.*”

Pagkaraan ng siyam na araw mula sa araw ng kamatayan ay inihahanda ang tinatawag na **pasiyam**. Pagdating ng ikaapatnapung araw ay muling maghahanda ang pamilya para sa ika-apatnapung araw mula nang namatay ang sinumang kasapi ng pamilya. Ang paglalamay ay depende pa kung may hinihintay na kamag-anak na manggagaling sa malayong lugar o sa ibang bansa. Posibleng mas mahaba ang araw ng paglalamay para maantay ang kamag-anak bago ilibing ang namatay na mahal sa buhay.

Para masiguro ang gastusin sa panahon ng kamatayan, sinabi pa ng mga impormante na ang ibang katutubong Gaddang ay may *pre-need insurance* na rin na binabayaran ng paunti-unti. Hindi tulad noon na walang ganitong paghahanda. “*Praktikal na ang buhay ngayon*”, ika pa ni G. Labog. Ibig niyang sabihin, na kailangan ang sapat na paghahanda hindi lámang sa mga pangangailangan habang nabubuhay kundi pati sa panahon ng kamatayan. Karamihan na rin ng mga katutubong Gaddang ay sumusunod na sa turo ng relihiyong kanilang kinaaaniban pagdating sa paghahanda kapag may namatay na kamag-anak. Ang pagbabago ng nakasanayang tradisyon at pag-uugali sa paglalamay at paglilibing ay bunga ng impluwensiyang sosyal (*social influence*). Marami na kasing mga katutubong Gaddang ang nakatapos ng pag-aaral kayâ halo-halo na ang ginagawang paghahanda sa lamay at libing. Malimit, salit-salit ang nagsasagawa ng *necrological service* para magpakita ng kanilang pakikiramay at paggalang sa namatayang pamilya.

Mataas ang paniniwala ng mga katutubong Gaddang sa *life after death*. Ito ay bahagi ng kanilang paniniwala bílang isang matatag na Kristiyano. Dahil dito, nagiging bahagi ng kanilang paglalamay sa kamag-anak na namatay ang pananalangin upang mailipat ang kaluluwa ng kanilang kamag-anak na namatay sa langit. Ito ang isa sa mga paniniwalang napanatili hanggang ngayon. Mahalaga ang kahandaan ng sinuman pagdating sa isyu ng kamatayan. Mas handa, mas maganda, ika nga nila.

## X. PARTISIPASYON SA PAMBANSANG KUTURA

### Partisipasyon ng Lalawigan ng Nueva Vizcaya sa Pagpapaunlad ng Kultura

Isa sa mga paraang isinasagawa ng lokal na pamahalaan ang pangangasiwa ng mga lokal na pagtitipon para mapalakas ang kanilang sining at kultura. Sa tulong ng iba't ibang sangay ng pamahalaan, ang Nueva Vizcaya ay taunang nagsasagawa ng palatuntunan para sa mga katutubo ng lalawigan. Karaniwang isinasagawa ito sa pamamagitan ng mga paligsahan sa katutubong sayaw, awit, *war dance*, mga ritwal, paghahabi ng mga katutubong damit, pagluluto ng kanilang katutubo o natatanging pagkain at marami pang ibang makabuluhang bahagi ng programa.

Naniniwala ang mga lokal na pinuno ng pamahalaan na sa pamamagitan ng mga ganitong palatuntunan, lalong mapapatatag at mabibigyan ng puwang ang mga katutubo na makilahok sa mga gawain ng pamahalaan. Ito ay pagpapakita na rin ng makatotohanang pagtupad sa kautusan ng pamahalaan alinsunod sa tadhanan ng 1987 Saligang Batas na nagbibigay ng natatanging pagkilala sa mga katutubong mamamayan ng Pilipinas.

Binanggit sa Artikulo II, seksiyon 22 ang ganito: *“Kinikilala at itinataguyod ng estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayanang kultural sa loob ng balangkas ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad.”* Sa pamamagitan ng nabanggit na batas, mababanaag na ang karapatan ng mga katutubong mamamayan sa Pilipinas ay tunay na pinapahalagahan ng estado bilang mahalagang bahagi sa pagtatamo ng pambansang pagkakaisa at pag-unlad.


Ang hakbanging ito ng pamahalaan ay nagpapakita ng mataas na paggalang at pangangalaga sa mga karapatan ng mga katutubong mamamayan, paunlarin ang kanilang kinamulangang kultura, paniniwala at gawi. Higit sa lahat, ang lalong mapaglapit at maayos ang relasyong panlipunan ng lahat ng mamamayan ng Pilipinas, sinuman at anuman ang kalagayan nila sa buhay (Art. XIV, sek. 17 ng Saligang Batas ng Pilipinas).



Larawan 35. Si Komisyoner Purificacion G. Delima at si G. Jose B. Tamani, *Afu-afu* ng mga katutubong Gaddang sa isang panayam na naganap sa San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya

Kaugnay ng nabanggit na kautusan, ang mga katutubo sa Nueva Vizcaya ay aktibong nakikisali sa mga gawain upang patatagin at paunlarin ang kanilang panlipunang kagalingan. Ang ilan sa mga ito ay ang *Indigenous Peoples Month* na ginaganap taon-taon, mga kumperensiya, pagsasanay at iba pang kaugnay na gawain upang masuportahan ang adhikain ng pamahalaan na maitaguyod ang kapakanan ng mga katutubong pamayanang kultural ng lalawigan.

Malimit ding magdaos ang lalawigan ng *Arts Month* kung saan nagkakaroon ng paligsahan sa awit, tula, pagsulat ng sanayasay, talumpati, at sayaw upang malinang ang kanilang kakayahan at husay sa mga nabanggit na uri ng sining.



Larawan 36. Ang naganap na *Provincial Indigenous Peoples Month Celebration 2018*

Naniniwala sila na sa ganitong paraan, mapapalawig ang kaalaman ng mga kabataan sa kanilang kinagisnang wika, sining, at kultura. Ang suportang ibinibigay ng panlalawigang pamahalaan ay nagdudulot ng positibong pagtanaw at pagpapahalaga ng mga katutubo sa kanilang nakagisnang wika, sining, at kultura.

Kamakailan lámang ay idinaos ng Lokal na Pamahalaan ng Nueva Vizcaya sa pamumuno ng dáting Gobernador, Kagalang-galang Ruth R. Padilla ang *Fourth IP Summer Workshop*, sampung araw na pagtitipon para mapalakas ang kulturang Gaddang sa Nueva Vizcaya na ginanap sa San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya.

Naging bahagi sa naturang pagtitipon ang mga matatandang Gaddang na nagturo ukol sa mabuti at kaaya-ayang pag-uugali at katangian ng isang katutubong Gaddang. Bílang pangganyak sa mga dumalo sa pagtitipon, nagkaroon ng paligsahan sa balagtasán, maramihang pag-awit, sayaw, at iba pa. Ang lahat ng paligsahan ay may inilaang gantimpala para sa una, pangalawa, at pangatlong puwesto.

Naging napakahalagang karanasan ang naturang aktibidad para sa mga batang may edad labindalawa pababa para malinang ang kanilang mga nakatagong galíng sa literaturang lokal. Isang makabuluhang gawain upang simulan ang pagmumulat sa mga kabataan ang kahalagahan ng malawak na kaalaman sa kanilang nakagisnang wika, sining at kultura. Dahil dito, umusbong ang pagnanasa ng mga magulang na muling magkaroon ng katulad na aktibidad para lalong maigiit sa isipan ng mga kabataan ang kanilang mahalagang gampanin sa pagpapalawig sa kanilang kultura at tradisyon.



Larawan 37. Ang mga batang dumalo sa pagtitipon sa kanilang natatanging presentasyon at pagtatapos

May apatnapung (40) mga mag-aaral ang dumalo at naturuan ng mga awit, sayaw, mga kuwentong-bayan, bugtong, mga awiting pambata, tula at iba pa literaturang oral ng mga katutubong Gaddang. Ilan sa mga paksa na tinatalakay ng mga guro bílang tagapanayam ay:

- a. Bahagi ng bahay;
- b. Pagbibilang at pagsusulat;
- c. Bahagi ng katawan ng tao;
- d. Pangalan ng prutas, bulaklak, at gulay;
- e. Ang tunay na kahulugan ng kasuotang Gaddang;
- f. Mga katawagan sa mga araw ng isang buwan at taon.

Ayon sa mga batà at mga magulang na dumalo sa nasabing pagtitipon, marami diumano siláng natutuhan at lalong napatatag ang kanilang pagpapahalaga sa kanilang nakagisnang wika, sining, at kultura.

### **Partisipasyon ng Sangay ng Edukasyon sa Paglinang ng Wikang Gaddang**

Pinaniniwalaan ng mga magulang na malaki ang magagawa ng sangay ng edukasyon sa paglinang sa kakayahan ng mga kabataan hinggil sa kanilang wika. Ang paaralan ang itinuturing nilang epektibong sangay na maaaring makatulong upang malinang ng mga mag-aaral ang kanilang husay sa pagsulat at pagsasalita gamit ang wika. Malaki diumano ang tiwala nila na matalinong magagampanan ng mga guro ang kanilang tungkulin na magturo para mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral hindi lámang sa paglinang sa kultural na kaalaman kundi sa lahat ng sangay ng búhay na maaaring makatulong para hubugin at maging kapaki-pakinabang na mamamayan ang kanilang mga anak at iba pang kabataan sa komunidad.

Ang nabanggit na pananaw ng mga magulang ay suportado ni Gng. Norla S. Valdez, Punongguro ng Bayombong West Elementary School, Bayombong, Nueva Vizcaya. Ayon sa kaniya, 80 bahagdan ng kanilang mga mag-aaral ay anak ng mga katutubong Gaddang. Kayâ kahit hindi tadhana ng batas na ituro ang wikang Gaddang sa kanilang mga mag-aaral, sinisiguro nila na matutuhan ng mga mag-aaral ang wika sa kanilang awit panalangin at Himno ng Vizcaya.



Larawan 38. Ang pasukan (*gate*) ng Bonfal West Elementary School, San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya

Maliban sa mga nabanggit na hakbangin, tinuturuan din nila ang kanilang mga mag-aaral ng mga sayaw ng katutubong Gaddang na malimit nilang ginagamit kapag may paligsahan sa sayaw sa barangay, sa bayan, sa lalawigan o sa rehiyon.

Sa ganitong paraan, makakatulong ang paaralan na malinang sa isipan ng mga kabataan ang kahalagahan ng wikang Gaddang. Kung may pagkakataon, pinapayagan din niyang dumalo sa mga pagsasanay at kumperensiya sa wika at kultura ang kaniyang mga guro upang maging mahusay na instrumento sa pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral.

Ang direktiba ng Kagawaran ng Edukasyon hinggil sa pagtuturo ng unang wika (*Mother-tongue Based Multilingual Education o MTB-MLE*) sa mga mag-aaral ng kinder, una hanggang ikatlong baitang ay sa wikang Ilokano ituturo. Maliwanang na wala sa plano ng *Department of Education* na ipaturo ang wikang Gaddang maging ang iba pang mga wika sa iba't ibang rehiyon na nanganganib nang mamatay.

Matatandaan na noong Pebrero 17, 2012 ay naglabas ang DepEd ng kautusan na sa pagsisimula ng Taong Pampaaralan 2012–2013, ipatutupad na ang polisiya ukol sa *Mother Tongue-Based-Multilingual Education (MTB-MLE)* sa lahat ng pampublikong paaralan, partikular sa mga mag-aaral ng kindergarten at una hanggang ikatlong grado bílang bahagi ng katuparan ng *K to 12 Basic Education Program*. Ang MTB-MLE ay isang mahalagang suporta sa paniniwalang “*Every Child-A-Reader and A-Writer by Grade 1.*”

Labindalawang pangunahing mga wika o *Lingua Franca* ang kabílang sa mga wikang pagbabatayan sa pagpapatupad ng MTB-MLE. Ito ay ang mga sumusunod: Tagalog; Hiligaynon; Kapampangan; Waray; Pangasinense; Tausug; Ilokano; Maguindanaoan; Bikol; Maranao; Cebuano at Chabacano.

Tagalog ang nagungunang wikang pagbabatayan ng pagpapatupad ng pagtuturo ng MTB-MLE. Kasama rin ang Ilokano ngunit wala ang wikang Gaddang at iba pang lokal na wika sa bansa. Kung gayun, walang pagkakataon na maituro ang wikang Gaddang at iba pang lokal na wika sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas.

Niliwanag ni Gng. Valdez ang gampanin ng paaralan sa pagtuturo ng wika sa mga mag-aaral. Sinabi niya na bagaman hindi ginagamit ang wikang Gaddang sa pagtuturo ng mother tongue, ginagawa pa rin ng mga guro ang kanilang pinakamahusay na magagawa para magkaroon ng panimulang kaalaman ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Gaddang sa kanilang pakikipag-usap sa kapwa mag-aaral.



Larawan 39. Ang panayam ng mga mananaliksik sa Punongguro ng Bayombong West, Elementary School, Bayombong, Nueva Vizcaya

Upang patunayan na hindi naman ganoong kababa ang kabatiran ng mga mag-aaral na Gaddang sa kanilang wika, ipinamalas nila ang kanilang husay sa pamamagitan ng pag-awit ng panalangin at Himno ng Vizcaya sa wikang Gaddang. Isang magandang hakbang para masimulan ang muling pagbuhay sa isang wika/dayalekto na nahaharap sa matinding pagsubok.



Larawan 39. Ang mga kabataang Gaddang sa pag-awit sa Vizcaya Hymn sa wikang Gaddang

### **Partisipasyon ng NVGIPO sa Paglinang ng Wika, Sining at Kultura**

Ang *Gaddang Indigenous Peoples Organization ng Nueva Vizcaya, Inc.* (NVGIPO) ay isang lehitimong organisasyon ng mga katutubong Gaddang sa lalawigan ng Nueva Vizcaya na aktibong nagsusulong ng mga makabuluhang gawain para maiangat ang antas at kapakanan ng mga katutubong Gaddang sa Nueva Vizcaya. Ang naturang organisasyon ay kinikilalang katuwang ng panlalawigang sangay ng *National Commission for Indigenous Peoples (NCIP)* sa pagsasagawa ng mga kaugnay na gawain para iangat ang kalagayan ng mga katutubong mamamayan ng lalawigan ng Nueva Vizcaya, kabilang na ang katutubong Gaddang.

Ayon kay G. Jose B. Tamani, **Afu-afu** ng NVGIPO, ikinagagalak nila ang mga indibidwal o grupo na nagsasagawa ng pag-aaral at pananaliksik ukol sa katutubong Gaddang. Naniniwala siya na sa pamamagitan ng mga aklat at mga pananaliksik na

isinasagawa sa wikang Gaddang, makakaipon sila ng mga babasahín na maaaring mapakinabangan ng mga susunod na henerasyon.



Larawan 40. Ang mga mananaliksik at ang mga kasapi ng NVGIPO sa pamumuno ni G. Jose B. Tamani, ang Afu-afu ng mga katutubong Gaddang

Labis ang pasasalamat ni G. Tamani sa sinumang nais na magpakita ng suporta at tumulong upang maiangat ang kalagayan ng mga katutubong Gaddang sa pamamagitan ng kanilang matalinong akda at obra-maestra. Bilang bahagi ng kanilang ulat na ipinalabas kamakailan, makikita ang mga natamo ng organisasyon sa nakaraang taon, 2018. Bilang patunay ay ang malugod na pagtanggap ng komunidad ng katutubong Gaddang hinggil sa pananaliksik sa kanilang wika, kultura, at pamumuhay (*Ethnolinguistic Study for the Gaddang Tribe*).

Hinggil sa mga estratehiya sa pagpapanatili ng kanilang karapatan sa ICC/IP sa buong mundo, sinabi niya na aktibo at seryosong isinusulong ng mga pinunò ng NVGIPO ang kanilang karapatan sa nakaraang siyam na taon hinggil sa konkretong pagtatanggol sa kanilang *Ancestral Domain* (AD), na binibigyang-karapatan ang mga katutubong Gaddang na pakinabangan ang kanilang *four bundles of rights*.

Ilan sa mga hakbang na isinusulong ng NVGIPO para mapangalagaan ang kanilang *Rights to Ancestral Domains and Lands* ay ang mga sumusunod:

1. *Survey of Ancestral Domain* ng katutubong Gaddang na isandaang porsiyento nang tapos;
2. *Delineation and Segregation of CADT* na kasalukuyan isinusulong;
3. *Royalty – Solano Waters* na maaari nang ipatupad;
4. *Royalty – Quarrying at the Magat River* na maaari nang ipatupad;
5. *Royalty – Matuno Mini Hydro-Dam Project* na maaari nang ipatupad;
6. Pagpapahayag sa karapatan sa AD ng *Nueva Vizcaya Experiment Station* ng Tapaya, Bagabag, Nueva Vizcaya.

Ilan sa mga gawain na isinusulong ng organisasyon para mapangalagaan ng mga katutubong Gaddang ang kanilang *Rights to Self-Governance and Empowerment* ay ang mga sumusunod:

1. Apat na dokumentadong IPs sa buong bansa - *Gaddang Indigenous Political Structure (IPs)*, *1<sup>st</sup> written IPs among 146 major ICCs/IPs*;



2. Pangalawang edisyon ng Gaddang IPs;
3. Pormulasyon ng *Ancestral Domain Sustainable Development and Protection Plan (ADSDPP) Project* - kasalukuyang isinusulong;
4. *FPIC – Landscape Forestry in the Tropics Research Project Country Component Philippines* na isinusulong ng Isabela State University (ISU-Laforet, 2017) - malapit na ang implementasyon;
5. *FPIC – Nueva Vizcaya State University – IKSP Medicinal Plants Bio-Prospecting, 2016* - malapit na ang implementasyon;
6. *FPIC – Assertion of Gaddang Rights over On-going NVNGO – Sponsored Biodiversity Conservation at Gaddang Ads, 2017* - malapit na ang implementasyon;
7. *FPIC – Assertion of Gaddang Rights on the NIA Funded “Bansing-Paitan Ammococan Falls Small Irrigation Project, 2018* - kasalukuyang isinasagawa;
8. *FPIC – Assertion of Gaddang Rights on the Señora Falls Project, Palali Mountain, Bayombong, 2015* - kasalukuyang isinasagawa;
9. *Continuing Advocacy about IPRA NVGIPO:*
  - a. *1<sup>st</sup> Regional Gaaddang Congress in 2009;*
  - b. *Regular Assemblies and Bi-monthly Meetings from 2009* hanggang sa kasalukuyan;
10. *Continuing Development of Linkages with stakeholders:*
  - a. *Line Agencies – Public and Private;*
  - b. *LGU, Barangay, Municipal and Provincial Levels – NGOs, POs, and CSOs;*
11. *Inventory of Stakeholders/Investors* – kasalukuyang isinasagawa;
12. *Implementation of the NVGIPO Comprehensive Human Resource Development and Management Plan (HRDMP), 2010* hanggang sa kasalukuyan;
13. *Continuing Formation of Indigenous Peoples Organizations (IPOs): Barangay, Municipal and Provincial Levels – Rights and Responsibilities, 2009* hanggang sa kasalukuyan;
14. *Accreditation of NVGIPO to NCIP at Barangay, Municipal and Provincial Levels;*
15. *Policy Gaps: NVGIPO Initiated Proposed Amendments on the Conduct of IKSP Researches (NCIP Administrative Order No. 1, s. 2012) in partnership with DepEd and NCIP* – kasalukuyang isinasagawa.

Para sa kanilang karapatang-sosyal at bilang tao, may mga nailathala ring mga saliksik gaya ng mga sumusunod:

1. *Gaddang Indigenous Peoples Mandatory Representatives (IPMR)*, bilang kumakatawan sa Sangguniang Barangay at Sangguniang Bayan;
2. *Assertion of Employment Rights in AD-Located Agencies/Entities, 2014* hanggang sa kasalukuyan.

Samantala, sa kanilang mga karapatan sa *Cultural Integrity* naman mababasa ang mga sumusunod na akda:

1. *Gaddang Dictionary*

- a. *Fr. Julian Malumbres Dictionaries* – para sa pag-iimprenta;
- b. *Comprehensive Dictionary by Emilio Lannu and the Labog Family*
2. *Survival of the Ancient Gaddang Animistic Religion by Godfrey Lambrecht, 1948;*
3. *Gaddang Literature by Maria Luisa Lumicao-Lora;*
4. *Study of Gaddang Literature with Emphasis on the Epic – Lumalindaw ni Rosalina C. Vinluan;*
5. *Gaddang Folk Songs ni Rosalina Cutaran-Vinluan, 1967;*
6. *Gaddang Folk Songs ni Mauricia Danguilan Borromeo, 1971*

May mga pananaliksik din naisagawa at isinasagawa pa lámang sa pakikipagtulungan ng FPIC, gaya ng mga sumusunod:

1. *Holy Bible Gaddang Translation by Translation Association of the Philippines (TAP) and NVGIPO Gaddang Elders, 2016 – malapit nang matapos;*
2. *Tourism Opportunities of the Intangible Cultures of Gaddangs of Nueva Vizcaya by Saint Mary's University – Bachelor of Science in Tourism Management Students, 2018;*
3. *A Grammatical Sketch of Solano, Nueva Vizcaya Gaddangs ni Patricia M. Camus, BS Linguistics, UP-Diliman, 2018 (magna Cum Laude);*
4. *Language Use and Language Attitudes of Gaddang Speakers Towards Language Maintenance and Language Shift: A Sociolinguistic Study ni Dr. Zayda s. Asuncion, 2018;*
5. *Compilation of the Gaddang Folk Songs, 2018 with notations and English translations by NV-GIPO President – para sa pag-iimprenta;*
6. *Cultural Mapping of Gaddang-populated Municipalities of Nueva Vizcaya by Saint Mary's University Researchers, 2017 – para sa pinal na presentasyon;*
7. *Ethnography of the Gaddangs by the Nueva Vizcaya State University (NVSU), funded by the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) – patapos na;*
8. *Orthography: Gaddangs of Nueva Vizcaya, Isabelita and Paracelis, Mountain Province (Writing the Gaddang Language), funded by the Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), NV-LGU, DepEd and the Translators association of the Philippines (TAP), 2018 – patapos na;*
9. *Danum Festival – Showcasing the Gaddang Culture on Dances ni Dino Reyes, et. Al, funded by NCCA and CHed, 2018 – kasalukuyan tinatapos;*
10. *Books Ready for Publication by November, 2018:*
  - a. *Gaddangs: The First Settlers of Northern Nueva Vizcaya;*
  - b. *Philippine Best Street-Planned Municipality of Solano, Nueva Vizcaya;*
  - c. *History of the Twenty-two Barangays of Solano and*
  - d. *Digitized Compilation of Gaddang Songs with notation and English translation;*
11. *Documentation of IKSP of the Gaddang Health, Education and Climate Change of the Gaddangs, Saint Mary's University Research Center, 2009;*
12. *Surfacing and Documenting the Traditional Ga'dang Dishes in Bayombong, Nueva Vizcaya: Its Potential as a Cultural Tourism Element, Saint Mary's University Students;*

Bílang panghuli, nagkaroon din ng pagsasanay upang madagdagan ang mga kaalaman ng mga katutubong Gaddang sa iba't ibang larangan, gaya ng mga sumusunod:

1. *Back Strap Weaving Training at Bayombong, Solano, Bagabag, Quezon and Diadi, Nueva Vizcaya – Phase 1, funded by TESDA, 2018;*
2. *Loom Weaving Training of Five Gaddang Elders, October 2018 – LGU Bayombong, initiated and funded by the DOST in preparation of commercial scale tourism products;*
3. *Annual Summer Workshop for the preservation, protection and promotion of Gaddang Songs and Dances for Kids and the Youth, NV-LGU, NCIP, DepEd and NVGIPO, 2014;*
4. *Conduct of Genealogy by Various Gaddang Families;*
5. *Preparation for Writing the Gaddang CADT – Recognition Book by the six Gaddang-populated Municipalities of Nueva Vizcaya, 2018.*

Sa mga naging *accomplishment* ng NVGIPO ng lalawigan ng Nueva Vizcaya ng nakaraang tatlong taon, maliwanag na malaki ang kanilang suporta sa gawain para sa pagpapalawig sa katutubong Gaddang. Magpapatuloy ang ganitong gawain upang may maiiwan na mga nakalimbag na mga aklat at pananaliksik na magagamit ng susunod na henerasyon (Jose B. Tamani, *Afu-afu* ng Katutubong Gaddang ng Nueva Vizcaya).

Kasamang nagpupunyagi na matulungang maiangat ang istatus ng katutubong Gaddang sa Pilipinas ay ang *Translation Association of the Philippines* (TAP) na pinangangasiwaan ng mag-asawa na sina G. at Gng. Alfred at Racquel Mijares. Isang samahan ng mga kristiyanong Pilipino na nagsusulong na mapataas ang antas ng pananampalataya ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng bibliya na naisalin sa kanilang sariling katutubong wika.

May labing-apat na katutubong wika sa Pilipinas na target nilang maigawa ang salin ng bibliya sa Pilipinas, kasama rito ang wikang Gaddang. Sa loob ng tatlong taon, layunin nilang maisalin ang *four gospels* na bahagi ng bibliya gaya ng Mateo, Marcos, Juan at Lukas upang magamit ng mga katutubo sa kanilang pagsamba. Paggawa ng *gospel comics*, pagbubuo ng *Jesus Films*, pagrerekord ng *religious and gospel songs* at pagsasanay ng mga maaaring maging guro o *bible study leaders*, pagsasagawa ng mga *seminar and workshop* sa gramatika, ispeleng at ortograpiya ng wikang Gaddang. Ang naturang mag-asawa ay palipat-lipat sa iba't ibang lugar upang matulungan na maiangat ang kalagayan ng mga katutubong wika sa Pilipinas.



Larawan 41. Kuha ang mga larawan sa mga pagtitipon sa pagpapatatag ng wika at kulturang Gaddang

## **XI. PANGKALAHATANG PAGTANAW AT TUGON NG PANGKAT SA KANILANG ETNOLINGWISTIKONG KALAGAYAN**

Sa kabila ng pagkakaroon ng establisadong batas na naglalayong protektahan at pangalagaan ang karapatan at kapakanan ng mga katutubong mamamayan sa Pilipinas, hindi pa rin maipagkakaila na marami nang mga etnikong grupo kasama ng kanilang wika, sining, at kultura ang nanganganib at posibleng nakararanas ng panghihina na hahantong sa kamatayan sa hinaharap kung hindi agad maaagapan. Ayon kay Anderson at Anderson (2007) na binaggit sa artikulo ni Tolentino (2009), may mga palatandaan na nanganganib na ang mga katutubong wika sa Pilipinas. Sa higit 6,000 katutubong wika na sinasalita sa buong mundo ngayon, tinatayang halos higit sa kalahati nito ay nanganganib nang mamatay sampung taon mula ngayon.

Ayon kay Tesch, namamatay ang wika kapag ang mga gumagamit nito ay nais nang matuto ng inaakala nilang may mataas na kalidad na wika para makasabay at makilala sa lipunan at maiwasang makaranas ng diskriminasyon. Ang mga táong ito ay nakakaranas ng hindi pantay na pagtrato ng ibang tao dahil hindi tanggap ang wikang kanilang ginagamit. Sa ganitong pagkakataon, mas pinipili nilang huwag na lámang gamitin ang wika sa anumang uri at panahon ng pakikipagtalastasan. May dagdag na paliwanag si Jordan (2015) hinggil sa sinabi ni Tesch. Ika niya, namamatay ang wika kung wala nang nagsasalita nito. Kahit may mga matatandang natitira na nagsasalita ng wika kung hindi nila itinuro ito sa mga kabataan ay malamang na mamamatay sa mga susunod na dekada.

Isa ang wikang Gaddang ng Nueva Vizcaya sa mga wika na maaaring madamay at mamatay kung sakaling hindi agad malapatan ng tamang lunas ang kaniyang iniindang karamdaman. Mahalaga ang makatotohanang pagkilos lalo na sa panahong masyadong napupuluputan ang isip ng tao sa dulot ng *media*, makabagong teknolohiya, at globalisasyon. Sa ulat ng NVGIPO alinsunod sa *roadmap* na nais tahakin ng organisasyon sa táong 2018 pataas, tinukoy nila ang ilang senyales at dahilan ng panghihina ng isang katutubong wika. (1) ang hindi pagsasalita ng mga tao sa kanilang wika; (2) ayaw aminin ng mga kabataan na sila ay katutubong Gaddang; (3) kakulangan ng kaalaman sa kanilang etnisidad; (4) paggamit ng ibang wika gaya ng Ilokano, Tagalog, o English; (5) paglisan sa lugar para makapaghanap ng mas mahusay na trabaho at (6) pagbaba ng populasyon dala nang kawalan ng pagpapahalaga sa nakagisnang wika, sining, at kultura.

Ayon kay Heiber (2012), globalisasyon ang pangunahing dahilan kung bakit may namamamatay na wika. Ang sabi niya, ang pagkamatay ng isang wika ay resulta ng mabilis na pagsulong ng pangmundong kalakalan at kapitalismo. Hindi na lámang wika ang pinapatay ng ganitong sistema kundi pati ang kultura at nakasanayang gawi ng isang grupo. Unti-unti nang nawawala ang sining at literatura at niyayakap ang pag-aari ng mga kanluraning bansa. Tinawag niya itong *killer languages*. Dahil sa pag-iral ng ganitong sistema, maraming mga impormal na wika ang nabubuo sa isang lokalidad na nagbubunga ng matinding pasakit sa lokal na wika. Ang ganitong pangyayari ay laganap na hindi lámang sa mga katutubong Gaddang kundi halos lahat ng mga katutubong wika sa buong bansa. Ito ang tamang panahon hinggil sa pangangailangan ng masusing pagpaplanong pangwika upang matuklasan ang ugat ng suliranin.

Sinusugan ni Nicole (2010) ang pahayag ni Heiber na globalisasyon ang isa sa pinakamatinding dahilan ng pagbagsak ng mga katutubong wika sa buong mundo. Idagdag pa ang *media* at makabagong teknolohiya na may malaking impluwensiya sa pagkamatay ng daan-daang wika sa buong mundo. Ang istandardisadong wika na isinusulong gamitin sa loob ng paaralan ay kasangkot din sa matinding pagpatay sa mga lokal na wika ng isang bansa. Kayâ, kapag pumanaw na ang mga natitirang matatandang gumagamit ng wika, ang mga kabataan ay maiiwang walang alam sa wika ng kanilang mga ninuno. Dito na magsisimula ang kamatayan ng isang wika.

Upang makatulong na maisalba ang nanganganib na wika, isinagawa ang pananaliksik na ito. Gamit ang deskriptibo-kalitatibong pagdulog na isinagawa sa pamamagitan ng tuwirang pakikipamahay (*immersion*) sa ilang katutubong pamilya, pagmamasid (*observation*), pakikipanayam, pagkuha ng pagkakakilanlan ng mga impormante (*profile of the informants*), pagpapasagot sa mga talatanungan at pagsasagawa ng seryosong diskusyong panggrupo (*Focused Group Discussion*), tinugunan ang ilang mahahalagang katanungan hinggil sa etnolingwistikong kalagayan ng mga katutubong Gaddang sa Nueva Vizcaya.

### **Pagtanaw ng Pangkat sa Kanilang Etnolingwistikong Kalagayan**

Maraming pananaliksik ang naisagawa na ukol sa wikang Gaddang. Lahat sila ay nagkakaisa na may posibilidad na mamatay ang wikang Gaddang kung hindi maaagapan. Maraming mga dahilan kung bakit nawawala ang wika at kung bakit hindi na ginagamit ng mga táong nagmamay-ari nito. Malimit na ang mga dahilang ito ay hindi pansin ng mga tao sapagkat nahirati at kampante sila sa kasalukuyang wika na kanilang ginagamit sa pakikipag-usap sa ibang tao. Naiduduyan sila hanggang sa sila ay naiidlip sa inaakala nila na matamis at malamyos na tunog ng wika na pag-aari ng iba. Sa ganitong pagkakataon na wala nang namamansin at gumagamit ng wika, gaya ng isang nilalang na may búhay ay mamamatay.

Sinasabing magkakabit ang wika at kultura at hindi kailanman sila maaaring paghiwalayin. Ang pagkamatay ng wika ay pagkamatay din ng kinagisnang sining, kultura at tradisyon. Kapag wala nang gumagamit sa wika, kasama nang maibabaon sa limot ang mga literatura, ritwal, mga material at ‘di-materyal na kagamitan na naging bahagi at tatak ng kultural na pagkakakilanlan ng isang grupo. Ngunit, bakit nga ba namamatay ang wika? Ano-ano ang mga salik na nakakaapekto sa pagkamatay ng isang wika?

Batay sa pagmamasid at pakikipanayam ng mga mananaliksik sa mga impormante, napatunayan ang mga sumusunod bílang bahagi ng panlahat na pagtanaw ng mga katutubong Gaddang sa kanilang etnolingwistikong kalagayan. Malaking bílang ng mga katutubong Gaddang ay matatagpuan sa mga bayan ng Bagabag, Solano, at Bayombong. Sa ulat ng NVGIPO, may mga katutubong Gaddang din sa mga bayan ng Diadi, Villaverde, at Quezon, Nueva Vizcaya. Bukod pa sa mga bayan na nabanggit, malaking populasyon ay matatagpuan sa mga lalawigan ng Isabela, Mountain Province, Kalinga, at Apayao (Salgado, 2002).

Ang salitáng Gaddang ay hindi lámang tumutukoy sa pangkat etniko kundi ito rin ang tawag sa wikang sinasalita ng mga katutubong Gaddang. Ang salitáng Gaddang ay nangangahulugang balat sa wika ng mga katutubo. Nakasaad sa *Indigenous Peoples Structure (IPS)* ng mga katutubong Gaddang na ang mga salitang **Gaddanes, Gadang, Gadan o Ga’dang** ay nabuo sa pamamagitan ng pinagsamang tunog na **ga** na ang ibig sabihin ay ‘*init o apoy*’ at ang **dang** na ang ibig sabihin naman ay “*sunog o nasunog sa apoy*.” Ibig sabihin, ang Gaddang ay may balat na nasunog sa apoy. Ang wikang Gaddang ay kasama sa grupo ng mga wika na tinatawag na *Ibanagic*. Sila ay matatagpuan sa hilagang-silangang bahagi ng bansa (Toquero, 2009).

Payak ang uri ng pamumuhay ng mga katutubong Gaddang subalit mataas ang paggalang at pagmamahalan nila sa isa’t isa at may matatag na relasyong pampamilya (*strong family ties*). Sila ay magalang, mababait, mapagpakumbaba, masipag at matanggapin ng mga bisita. Mga katangian ng isang pamilyang Pilipino na napanatili at lalong napapatatag dahil sa madalas nilang pagsasama-sama sa lahat halos ng pagkakataon.

Pagdating sa pagtanaw ng mga katutubong Gaddang sa kanilang wika, lumalabas na tanging ang mga matatanda (*grandparent age*) na may edad 60–pataas ang higit na nagsasalita ng wikang Gaddang at maalam sa mga literaturang oral, ritwal, paniniwala at tradisyon. Ang mga panggitnang henerasyon (*middle generation*) na may edad 20–59 ay bahagyang maalam sa wika at bihira na kung magsalita ng wikang Gaddang sa kanilang pang-araw-araw na pakikipagtalastasan, hindi rin sila masyadong pamilyar sa mga literaturang oral, ritwal, at iba pang tradisyon ng katutubong Gaddang, samantalang ang mga kabataan, edad 19–pababa ay hindi na gumagamit ng wikang Gaddang sa kanilang pakikipagtalastasan sa loob at labas ng kanilang tahanan, kulang ng kaalaman sa mga literaturang oral, ritwal, tradisyon, at paniniwala ng katutubong Gaddang at hindi nila itinuturing ang wikang Gaddang bílang kanilang pangalawang wika. Ito ay sa kabila ng kanilang pag-amin na sila ay mga anak ng mag-asawa na kabílang sa pangkat etniko ng katutubong Gaddang.

Lumalabas na mas pinipiling gamitin ng mga kabataang Gaddang ang Tagalog, Ilokano, o English sa kanilang pakikipagtalastasan kaysa sa wikang Gaddang. Ilan sa mga natukoy na dahilan ng hindi nila paggamit ng wikang Gaddang ay ang (1) hindi pag-amin na sila ay kabilang sa katutubong Gaddang; (2) ikinakahiya nila ang kanilang kinabibilangang etnikong grupo; (3) wala silang makakausap na kapwa nila kabataan sa wikang Gaddang; (4) kakulangan ng kaalaman sa kanilang itnisidad; (5) hindi sila naturuan ng kanilang mga magulang o sinumang nakatatanda sa kanilang komunidad; (6) pagkakaroon ng hindi maiiwasang *intermarriage* sa ilang mga magulang; (7) paglisan sa lugar para makapaghanap ng mas mahusay na trabaho; (8) pagbaba ng populasyon dala nang kawalan ng pagpapahalaga sa nakagisnang wika, sining at kultura; (9) impluwensiya ng *media*, makabagong teknolohiya at globalisasyon; (10) Tagalog at English ang wika ng pagtuturo sa paaralan.

Pagdating sa sistema at estruktura ng pamamahala, ang mga katutubong Gaddang ay magalang at mapagpakumbabang nagpapsakop sa lokal na pamahalaan. Bagaman, nabuo ang *Nueva Vizcaya Gaddang Indigenous Peoples Organization, Inc.* (NVGIPO), hindi nangangahulugan na may hiwalay na siláng sistema at estruktura ng pamamahala. Ang konsepto ng pagkakabuo ng NVGIPO ay upang may mangunguna sa pagpapatupad ng mga makabuluhang gawain o aktibidad na naglalayong maingat ang panlipunang kalagayan at pagkakakilanlan ng mga katutubong Gaddang.

Kaugnay sa kanilang hanapbuhay o pangunahing pinagkakakitaan, lumalabas na nangunguna pa rin ang pagsasaka bílang pangunahing hanapbuhay o pinagkakakitaan ng mga katutubong Gaddang. Maliban sa pagsasaka, sila ay masipag din sa pagnenegosyo, pamamasada, pag-aalaga ng hayop, pagtatanim ng gulay, pagkakarponentero at paghahabi ng tela at damit. Ang iba ay nagtuturo sa mga pampribado, pampubliko o pangtersaryang antas ng paaralan, empleyado ng pampribado o pampublikong ahensiya/opisina o kayâ ay nahahalal bílang opisyal ng barangay/bayan. Habang ang iba ay nagtatrabaho sa ibang bansa upang matustusan ang kanilang mga mahal sa buhay. Ang pangingsda na dati ay isa sa pangunahing pinagkakakitaan ng mga katutubong Gaddang ay nása panghuling prayoridad na lámang dahil mahina ang kita, halos wala nang mahuhuling isda dalá nang pagkasira at kawalan ng maayos na ilog kung saan maaaring mangisda sa kasalukuyan. Dahil dito, napipilitan siláng maghanap ng alternatibong pagkakakitaan.

Relihiyoso at may mataas na paggalang sa Diyos (*highly spiritual people*) ang mga katutubong Gaddang. Malaking bílang ng mga katutubong Gaddang ay miyembro ng Romano Katoliko habang ang iba ay miyembro ng *Iglesia Filipina Independiente, Baptist Church, Methodist Church, Iglesia ni Kristo* at iba pa. Sa ulat ng *Philippine Information Agency* (2015), malaking bahagdan ng mga mamamayan ng Nueva Vizcaya ay kabilang sa Romano Katoliko na umaabot sa pitumpung bahagdan (70 bahagdan). Ang ibang mga pananampalataya ay ang *Aglipayan Church* na may halos dalawampung bahagdan (20 bahagdan) at ang natitirang sampung bahagdan (10 bahagdan) ay kabilang sa *Baptist Church, Iglesia Ni Cristo, The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Jehovah's Witnesses, Seventh-day Adventist* at iba pang *Evangelical Christians at Muslims*. Dahil sa matinding impluwensiya ng relihiyon na kanilang kinaaaniban, tuluyan nang nagbago ang kultura at tradisyon ng mga katutubong Gaddang.

Dahil sa aktibo ang mga katutubong Gaddang sa kanilang kinaaanibang relihiyon sa ngayon, tuluyan na nilang nakalimutan ang lumang tradisyon pagdating sa paglililihi, panganganak, pagbibinyag, kasal at pagtrato sa kanilang namatay na kamag-anak. Ang impluwensiya ng makabagong teknolohiya ang siyang nag-udyok para makalimutan ang lumang kultura at tradisyon. Maging ang lumang paraan ng panggagamot ay nakalimutan na rin at umaasa na sila sa makabagong paraan ng panggagamot. Takot siláng iasa ang kanilang kalusugan at kagalingan sa mga tradisyunal na manggagamot dahil sa kawalan ng katiyakan na maaaring gumaling ang sakit sa pamamagitan ng pagtatapal-tapal o pag-inóm ng pinaglagaan ng dahon.



Samantala, katuwang ng NVGIPO ang ilang pampubliko at pampribadong institusyon, indibidwal at grupo na may marubdob na hangaring matulungang maiangat ang wika, sining, kultura, tradisyon, at pamumuhay ng katutubong Gaddang, naging aktibo sila sa pagsusulong ng mga makabuluhang gawain o aktibidad na may kaugnayan sa paglinang sa kanilang etnolingwistikong kalagayan.

Seryoso ang layunin ng organisasyon na mapangalagaan ang kanilang mga karapatan na dapat na pinakikinabangan ng isang lehitimong katutubong Gaddang. May mga koleksiyon sila ng mga kasalakuyan at natapos nang pananaliksik ng indibidwal o grupo na nais tumulong para maisalba ang wikang Gaddang sa posibleng pagkamatay nito. Ang huling ulat ng natapos na gawain (*accomplishments*) ng organisasyon ay mababasa sa ulat na may pamagat na, “*Saving Vanishing ICCs/IPs: The Gaddang of Nueva Vizcaya Experience, 2018*” na mababasa sa Kabanata IX ng papel pananaliksik na ito.

### **Tugon ng Pangkat sa Kanilang Etnolingwistikong Kalagayan**

Bílang tugon ng pangkat hinggil sa pagpapataas ng antas ng kanilang etnolingguwistikong kalagayan, sila ay masigasig na nakikibahagi sa pagpapatupad ng mga gawain at aktibidad. Sa pamumuno ng NVGIPO, katuwang ang panlalawigan at pambayang pamahalaan, isinasakatuparan ang *Indigenous Peoples Month* taon-taon, mga kumperensiya, pagsasanay at iba pang kaugnay na gawain upang masuportahan ang adhikain ng pamahalaan na maitaguyod ang kapakanan ng mga katutubong pamayanang kultural ng lalawigan. Malimit ding magdaos ang lalawigan ng *Arts Month* kung saan nagkakaroon ng paligsahan sa awit, tula, pagsulat ng sanayasay, talumpati at sayaw upang malinang ang kanilang kakayahan at husay sa mga nabanggit na uri ng sining.

Kamakailan lang ay idinaos ng Lokal na Pamahalaan ng Nueva Vizcaya sa pamumuno ng dating Gobernador, Kagalang-galang Ruth R. Padilla ang *Fourth IP Summer Workshop*, sampung araw na pagtitipon para mapalakas ang kulturang Gaddang sa Nueva Vizcaya na ginanap sa San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya. Ito ay dinaluhan ng mahigit na apatnapung kabataan at sila ay naturuan ng iba’t ibang mahalagalang termino sa wikang Gaddang na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikipagtalastasan.

Ang hindi matatawarang suporta ng Bayombong West Elementary School, San Nicolas, Bayombong, Nueva Vizcaya ay sobrang napakalaking tulong sa pagpapaunlad sa etnolingwistikong kalagayan ng katutubong Gaddang. Sa pamumuno ni Gng. Norla S. Valdez, Punoongguro ng BWES, naging aktibo ang mga guro, mag-aaral at mga magulang sa pagpapalawig ng kanilang kaalaman ukol sa kanilang wika, sining at kultura. Idagdag pa ang mga naisulat na aklat, mga pananaliksik na isinasagawa ng mga indibidwal o grupo, mga pampribado o pampublikong ahensiya/opisina/institusyon. Lahat ng mga nabanggit na tugon ng mga katutubong Gaddang para mapalakas ang kanilang katutubong wika ay mahalagalang sangkap tungo sa pagsasalba sa wikang nanganganib na mamatay.

Kasamang nagpupunyagi na matulungang maiangat ang istatus ng katutubong Gaddang sa Pilipinas ay ang *Translation Association of the Philippines* (TAP) na pinangangasiwaan ng mag-asawa na sina G. at Gng. Alfred at Racquel Mijares. Isang samahan ng mga kristiyanong Pilipino na nagsusulong na mapataas ang antas ng pananampalataya ng mga katutubong mamamayan ng Pilipinas sa pamamagitan ng bibliya na naisalin sa kanilang sariling katutubong wika.

May labing-apat na katutubong wika sa Pilipinas na target nilang maigawa ng salin ng bibliya sa Pilipinas, kasama rito ang wikang Gaddang. Sa loob ng tatlong taon, layunin nilang maisalin ang four gospels na bahagi ng bibliya gaya ng Mateo, Marcos, Juan at Lukas upang magamit ng mga katutubo sa kanilang pagsamba. Paggawa ng *gospel comics*, pagbubuo ng *Jesus Films*, pagrerekord ng *religious and gospel songs* at pagsasanay ng mga maaaring maging guro o *bible study leaders*, pagsasagawa ng mga *seminar ang workshop* sa gramatika, ispelang at ortograpiya ng wikang Gaddang. Ang naturang mag-asawa ay palipat-lipat sa iba't ibang lugar upang matulungan na maiangat ang kalagayan ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

Kaugnay ng mga nabanggit na panlahat na pananaw at tugon ng mga katutubong Gaddang sa kanilang etnolingwistikong kalagayan, malugod na iminumungkahi ang mga sumusunod: (1) magkaroon ng pagkakataon ang pamunuan ng NVGIPO na pag-usapan at talakayin ang resulta ng mga pananaliksik hinggil sa kalagayan ng kanilang wika, sining, kultura at tradisyon; (2) magsagawa ng mga pagtitipon, pulong, seminar at iba pang kaugnay na gawain upang maimulat ang kamalayan lalo na ang mga kabataan sa kanilang gampanin sa pagpapalakas ng kanilang wika, sining, kultura at tradisyon; (3) hikayatin ang mga magulang upang buksan ang kanilang kamalayan hinggil sa kanilang mahalagang papel na gagampanan sa pagtuturo sa kanilang mga anak ng wikang Gaddang; (4) makipag-ugnayan sa panlalawigang pamahalaan hinggil sa pagpaplanong pangwika para mapondohan ang ilang mahalagang gawain o aktibidad na naglalayong mapayabong ang wikang Gaddang; (5) makipag-ugnayan sa panlalawigang tanggapan ng Departamento ng Edukasyon (DepEd) hinggil sa posibilidad na maisama sa pagtuturo ang wikang Gaddang lalo na sa kinder, una-ikatlong baitang ng elementarya. Ito ay bílang pagtupad sa atas ng DepEd, ang implementasyon ng MTB-MLE alinsunod sa atas ng Kurikulum K-12; (6) makipagkasundo sa simbahan para magkaroon ng oras (*slot*) para gamitin ang wikang Gaddang sa misa sa simbahan at sa iba pang kaugnay na panrelihiyon na gawain; (7) magkaroon ng malawak na pakikipagkasunduan (*partnership and linkages*) sa mga indibidwal, grupo, pampribado o pampublikong institusyon at ibayong dagat upang makalikom ng suportang pondo na magagamit sa pagsasagawa ng makabuluhang gawain o aktibidad ukol sa pagpapayaman sa wikang Gaddang; (8) pagsumikapang makapagpatayo ng Bantayog Wika at Sentro ng Wika, Sining, at Kultura na kasamang mangangasiwa sa pagpapatupad ng mga kaugnay na kultural na gawain o aktibidad; (9) pagsumikapang magpalimbag ng karagdagang aklat at babasahín na maaaring magamit na sanggunian, at (10) maganyak ang iba na makapagsagawa ng kaugnay na pananaliksik hinggil sa kalinangan ng katutubong Gaddang.